# MGA PILING

# HADITH

Kasama ang Pagsasalin sa mga Tagasalaysay

at mga Benepisyong Pang-agham nito

mula sa Walumpung Hadith

## ANG IKAAPAT NA BAHAGI

**ANG MAY-AKDA:**

Dr. Mohammad Murtaza Bin Aish Mohammad

# ANG TAGASALIN:

Mohammad Taha Ali

Tel. ( 4454900 ) Ext. ( 302 )

# INIHANDA NG:

Tanggapang Kooperatiba sa
Panawagan at Pamamatnubay sa
Pamayanan ng Rabwah,

Lunsod ngRiyadh,

**Kaharian ng Saudi Arabia**

# MGA PILING HADITH

Kasama ang Paglalahad

Sa Kasaysayan ng Bawa't Taga-ulat nito,

Gayundin ang mga Benepisyong Pang-agham nito

Sa Walumpung Hadith.

**ANG IKAAPAT NA BAHAGI**

**MAY-AKDA:**

Dr. Mohammad Murtaza ibn Aish Mohammad

**TAGASALIN:**

Mohammad Taha Ali

**INIHANDA NG:**

Tanggapang Kooperatiba sa Panawagan at Pamamatnubay

sa Rabwah sa lungsod ng Riyadh

**KAHARIAN NG SAUDI ARABIA**

Ang Lahat ng mga Karapatan ay Nakareserba

sa May-akda

Ikaapat na Paglimbag, Taong 1436 H. – 2015 G.

# مختارات من السنة

الجزء الرابع

تأليف

الدكتور/ محمد مرتضى بن عائش محمد

ترجمة:

**محمد طه علي**

بسم الله الرحمن الرحيم

Sa Ngalan ng Allah, ang Maawain, ang Mahabagin

## PANIMULA

Ang lahat ng pagpupuri ay sa Allah, nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay maitampok sa pinakasagka sa mga Propeta na si Muhammad, gayundin sa kanyang pamilya, kasamahan at lahat mga tagasunod hanggang sa araw ng Paghuhukom.

Katotohanang ang Islam ang siyang relihiyon ng ganap na kaligayahan sa mundo at sa Huling Araw; kaya ipinapaliwanag nito sa sangkatauhan ang landas ng kaligayahan para sa pang-indibidwal, pangpamilya, panlipunan at pangrelihiyon na kabuhayan, samakatuwid hindi kinikilala nito ang kawalan ng katarungan, awayan at pagkapoot sa lahat ng mga lipunang pantao, at tunay na ang mga nasasaksihan na kasamaan ng mga tao na siyang nananaig sa mundo sa kasalukuyang panahon ay bunsod ng paglayo sa tunay na diwa ng Islam.

Kaya dahil dito kami ay nag-aanyaya tungo sa tunay na pagtangan sa dakilang relihiyon na ito na siyang dala ng marangal na Sugo na si Muhammad ibn Abdullah (ﷺ);

kaya nais kong ilahad sa harapan ninyo ang isang lupon ng mga piling Hadith ng Sugo (ﷺ) para sundin siya nang may kasamang pagmamahal, at dakilain nang buong katotohanan at katapatan.

Dapat sa isang marangal na mambabasa ay malaman kung ano ang pinatutukuyan natin sa sinasabing Sunnah? Ang Sunnah ay ang Hadith, at ang Hadith ay ang mga salawikain, gawain at kalagayan ng Propeta (ﷺ).

Nananalangin ako sa Allah na tanggapin nawa Niya ang aklat na ito nang magandang pagtanggap, at gawin Niyang maging kapaki-pakinabang at tigib ng biyaya; katotohanang Siya ang Nakaririnig, ang Tumutugon (ng panalangin).

Muli, aking inihahandog ang taus-puso kong pagpapasalamat at pagpapahalaga sa kagalang-galang na Shaikh na si Khalid ibn Ali Abal-khayl – ang direktor ng Tanggapang Kooperatiba sa Panawagan at Pamamatnubay sa Rabwah sa lungsod ng Riyadh – sa kanyang magagandang opinyon, na naghimok sa amin upang magsumikap sa lahat ng mapapakinabangan sa pag-aanyaya sa Allah nang buong katapatan, kaayusan at kawastuhan.

Gayundin naman na aking inihahandog sa kagalang-galang na Shaikh na si Nasser ibn Mohammad Al-Huwaysh – direktor ng seksyon ng Tanggapang Kooperatiba sa Panawagan at Pamamatnubay sa Rabwah – ang taus sa puso kong pagpapasalamat at pagkilala ng utang na loob sa

kanyang dakilang pagsisikap upang maitaguyod ang paligsahan na ito sa ilalim ng pamamahala ng seksyon sa Tanggapang Kooperatiba sa Panawagan at Pamamatnubay sa Rabwah sa lungsod ng Riyadh sa Kaharian ng Saudi Arabia.

Ako rin ay nagpapasalamat sa lahat ng nag-abot sa akin ng kabutihan sa pamamagitan ng kanilang opinyon, pagsisikap at kapaki-pakinabang na payo, lalung-lalo na sa mga kapatid kong Da`iyah sa aming seksyon, at sa kapatid na si Abdul Aziz Madh-`uf ; igawad nawa sa kanila ng Allah ang gantimpala sa mundo at kabilang buhay dahil sa Islam at mga Muslim, at itampok nawa ng Allah ang pagpapala at kapayapaan sa Propeta nating si Muhammad, gayundin sa kanyang mga pamilya, mga kasamahan at mga tagasunod.

**Ang May-akda**

Dr. Mohammad Murtaza ibn Aish Mohammad

01/04/1436

**KAISAHAN NG ALLAH ANG DAAN TUNGO SA PARAISO**

١– عَـنْ عُثْـمَانَ ﷺ قَـالَ: قَـالَ رَسُـولُ اللّهِ ﷺ: "مَـنْ مَـاتَ وَهُـوَ يَعْلَـمُ أَنَّـهُ لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللّهُ دَخَلَ الْجَنَّةَ". (صحيح مسلم، رقم الحديث ٤١ – (٢٦)، ).

1- Si Uthman (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Ang sinumang namatay habang kanyang nalalaman na walang ibang Diyos (na karapat-dapat sambahin) maliban sa Allah, siya ay makakapasok sa Paraiso". Muslim [Hadith Bilang: 41 – (26)].

## Ang taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Uthman ibn Affan ibn Abul As Al-Qurasie, siya ay ipinanganak sa Makkah pagkaraan ng taon ng Elepante ng anim na taon, at siya ay yumakap sa Islam ilang sandali lamang matapos ang pagkahirang ni Muhammad bilang Sugo, siya ay isa sa mga binansagan na Ameerul Mu'mineen (Pinuno ng mga mananampalataya) at ikatlo sa mga napatnubayang Khalifa (Humalili sa Propeta).
Siya ang pinakaunang lumikas patungo sa Ethiopia kasama ang kanyang asawa na si Ruqayyah na anak na babae ng Propeta (ﷺ), siya ay nagtaguyod sa pagsuporta sa Islam sa pamamagitan ng kanyang sarili at kayamanan, at siya ay naghanda ng sandatahang hukbo sa panahon ng kagipitan ng 950 kamelyo at 50 kabayo, at binili rin niya ang balon na tinaguriang Ruma sa halagang (20) libo at kanyang ipinamahagi ito bilang kawanggawa, at kanya ring pinalawak ang Masjid ng Propeta sa halagang (25) libo, at siya ay hinalal sa pagkapinuno

bilang kapalit ni Umar ibn Al-Khattab sa taong ika-(23) sa Hijri, natapos niya ang pagtipon sa Qur'an, at marami siyang nasakop na mga lugar sa ngalan ng Islam sa panahon ng kanyang pamumuno sa Asya at Aprika, at siya ay nakapag-ulat ng (146) na Hadith.
Siya ay napatay bilang isang martir sa loob ng kanyang tahanan sa Madinah sa kamay ng mga makasalanang salarin taong ika-(35) sa Hijri, sa edad niyang (90) o (80) taon.

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Malinaw na itinuturo ng Hadith na ito na ang sinumang namatay habang isinaalang-alang ang Salita ng Tawheed (Kaisahan ng Allah) at umiiwas sa pagtatambal, pagtalikod sa pananampalataya at sa mga mabibigat na kasalanan; katiyakang siya ay makakapasok sa Paraiso.
2. Nararapat sa isang Muslim na panghawakan ang Salita ng Tawheed (Kaisahan ng Allah) maging lantaran o palihim, gayundin sa gawa, pag-uugali at paniniwala.
3. Dapat iwasan ng isang Muslim ang anumang bagay na sumisira sa mga naging bunga ng Salita ng Tawheed tulad ng pagtatambal, pagtalikod sa pananampalataya at iba pa.

## ANG KABUTIHAN NG DALAWANG AYAH (TALATA) SA HULING BAHAGI NG SURAH AL-BAQARAH

٢- عَنْ أَبِيْ مَسْعُوْدٍ ﵁، قَالَ: قَالَ النَّبِيُّ ﷺ: "مَنْ قَرَأَ بِالْآيَتَيْنِ مِنْ آخِرِ سُورَةِ البَقَرَةِ فِي لَيْلَةٍ كَفَتَاهُ". (صحيح البخاري، رقم الحديث ٥٠٠٩، وصحيح مسلم، رقم الحديث ٢٥٦ - (٨٠٨)، واللفظ للبخاري).

2- Si Abu Mas`uod (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: "Ang sinumang bumasa ng dalawang talata sa huling bahagi ng Surah Al-Baqarah sa isang gabi, ito’y sasapat na sa kanya".

Al-Bukhari [Hadith Bilang: (5009)] Muslim [Hadith Bilang: 256 – (808)].

## Ang taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Uqbah ibn Am’r na tinaguriang Abu Mas`uod Al-Ansarie, isang dakilang Sahabi, siya ay isa sa mga sumaksi sa ikalawang pagpangako ng katapatan sa Aqabah, siya ang pinakabata sa kanila, siya ay kasama ring nakibaka sa labanan sa Uhud at lahat ng labanan na sumunod dito kasama ang Sugo ng Allah (ﷺ), at pagkaraan ay nanirahan siya sa Kufa at nagpatayo rito ng isang tahanan, at siya ang pinahalili ni Ali ibn Abu Thalib sa Kufa nang siya ay humayo patungo sa Siffin, sa katunayan umabot ng (120) ang kanyang mga naiulat na Hadith, at siya ay

binawian ng buhay sa Madinah taong ika-(41) sa Hijri, datapuwa’t may nagsasabing taliwas dito.

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ang pagbasa sa dalawang Talatang ito sa bawa’t gabi ay kabilang sa mga kadahilanan ng kasiyahan at kaligtasan sa lahat ng kasamaan at kamalasan.
2. Ang pagbasa sa dalawang Talatang ito sa bawa’t gabi ay nagpapalakas ng tiwala ng isang Muslim sa Allah.
3. Nararapat sa isang Muslim na isaulo ang dalawang Talata na ito; at ito ay ang sumusunod:

﴿ ءَامَنَ ٱلرَّسُولُ بِمَآ أُنزِلَ إِلَيۡهِ مِن رَّبِّهِۦ وَٱلۡمُؤۡمِنُونَۚ كُلٌّ ءَامَنَ بِٱللَّهِ وَمَلَٰٓئِكَتِهِۦ وَكُتُبِهِۦ وَرُسُلِهِۦ
لَا نُفَرِّقُ بَيۡنَ أَحَدٖ مِّن رُّسُلِهِۦۚ وَقَالُواْ سَمِعۡنَا وَأَطَعۡنَاۖ غُفۡرَانَكَ رَبَّنَا وَإِلَيۡكَ ٱلۡمَصِيرُ ٢٨٥
لَا يُكَلِّفُ ٱللَّهُ نَفۡسًا إِلَّا وُسۡعَهَاۚ لَهَا مَا كَسَبَتۡ وَعَلَيۡهَا مَا ٱكۡتَسَبَتۡۗ رَبَّنَا لَا تُؤَاخِذۡنَآ إِن
نَّسِينَآ أَوۡ أَخۡطَأۡنَاۚ رَبَّنَا وَلَا تَحۡمِلۡ عَلَيۡنَآ إِصۡرٗا كَمَا حَمَلۡتَهُۥ عَلَى ٱلَّذِينَ مِن قَبۡلِنَاۚ رَبَّنَا وَلَا
تُحَمِّلۡنَا مَا لَا طَاقَةَ لَنَا بِهِۦۖ وَٱعۡفُ عَنَّا وَٱغۡفِرۡ لَنَا وَٱرۡحَمۡنَآۚ أَنتَ مَوۡلَىٰنَا فَٱنصُرۡنَا عَلَى ٱلۡقَوۡمِ
ٱلۡكَٰفِرِينَ ٢٨٦ ﴾ سورة البقرة.

## ANG KABUTIHAN NG TAONG NAGPAPALAGANAP SA SUNNAH NG PROPETA (ﷺ)

٣–عَـنْ عَبْـدِ اللهِ بْـنِ مَسْـعُوْدٍ ﷺ، عَـنِ الـنَّبِيِّ ﷺ قَـالَ: "نضَّـرَ اللهُ امْـرَأً، سَمِعَ مِنَّـا حَـدِيْثاً، فَبَلَّغَـهُ، فَـرُبَّ مُبَلَّـغٍ أَحْفَـظُ مِـنْ سَـامِعٍ". (سنن ابن ماجه، رقم الحديث ٢٣٢، وجامع الترمذي، رقم الحديث ٢٦٥٧، واللفظ لابن ماجه، قَالَ الإمام الترمذي عن هذا الحديث: حسن صحيح، وقال العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث بأنه: صحيح).

3- Si Abdullah ibn Mas`uod (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: "Biniyayaan ng Allah ng kaliwanagan ang isang tao na nakarinig mula sa amin ng isang Hadith at kanyang ibinahagi ito; sapagka't napakaraming binabalitaan lamang na mas nakakasaulo kaysa sa nakarinig mismo nito". Ibnu Majah [Hadith Bilang: (232)] At-Tirmidhi [Hadith Bilang: (2657)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito:**

Siya si Abdullah ibn Mas`uod, isa sa mga pinakamaalam sa mga Sahabah at kilala, siya rin ang pinakamahusay sa pagbasa ng Qur'an sa mga Sahabah, at umabot ng (848) na Hadith ang kanyang naiulat, at marami siyang nasalihan na pakikipaglaban kasama ng Sugo (ﷺ), at kasama rin siyang nakibaka sa labanan sa Yarmuk pagkatapos ng pagkamatay ng Sugo (ﷺ), at siya ay ipinadala ni Umar ibn Al-Khattab sa Kufa upang turuan ang mga tao roon ng mga bagay na ukol sa kanilang

pananampalataya, at pagkaraan ay hinalal siya rito ni Uthman ibn Affan bilang gobernador, at pagkatapos ay inutusan siyang bumalik sa Madinah, binawian siya ng buhay sa Madinah taong ika-(32) sa Hijri, sa edad niyang humigit ng (60) taon, at siya ay nailibing sa Baqi.

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ang kahulugan ng Hadith na ito'y: Katotohanang ang Allah ang nagkakaloob ng biyaya sa sinumang pinangangalagaan ang pagpapalaganap ng mga mapapanaligang Sunnah sa mataas na antas sa Mundo at Kabilang Buhay, dinadalisay nito siya at pinapalamutian at inihahatid sa lubos na kaligayahan sa Paraiso.
2. Nasasaklawan ng Hadith na ito ang panalangin ng Sugo (ﷺ) sa sinumang nangangalaga sa kanyang mga Hadith ng buong katapatan, pagtitiwala at kahusayan ng lubos na kaligayahan sa Paraiso.
3. Ang Hadith na ito ay naghihikayat sa pagpapalaganap ng mga mapapanaligang Sunnah sa lahat ng lehitimo at mabisa na paraan.

## ANG PAG-IINGAT NG DOKTRINANG TAWHEED (KAISAHAN) LABAN SA SHIRK (PAGTATAMBAL) AT SA MGA KARUMIHAN NITO

٤- عَـنْ حُذَيْفَـةَ ﷺ عَـنِ الـنَّبِيِّ ﷺ قَـالَ: "لاَ تَقُوْلُـوْا: مَـا شَـاءَ اللّهُ وَشَـاءَ فُـلاَنٌ، وَلكِـنْ قُوْلُـوْا: مَـا شَـاءَ اللّهُ، ثُـمَّ شَـاءَ فُـلاَنٌ". (سنن أبـي داود، رقـم الحـديث ٤٩٨٠، قَالَ العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث بأنه: صحيح).

4- Si Huzayfa (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: "Huwag kayong magsabi ng: *Maa shaa Allah wa shaa-a fulaanu* (sa pahintulot ng Allah at sa pahintulot ni ginoo); bagkus ang inyong sabihin ay: *Maa shaa Allah, thumma shaa-a fulaanu* (sa pahintulot ng Allah at pagkatapos ay sa pahintulot ni ginoo)". Abu Daud [Hadith Bilang: (4980)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito:**

Siya si Huzaifa ibn Al-Yaman ibn Husail Al-Absie, isa sa mga maharlika at matapang na Sahabi, siya ay may malalaking naibahagi sa pagsakop ng mga bayan, siya ang may hawak ng mga sekreto ng Sugo ng Allah (ﷺ), at umabot ng (255) na Hadith ang kanyang naiulat, siya ay lumahok sa labanan sa Al-Khandaq at iba pang mga labanan pagkatapos nito, si Huzaifa ay may matayog na kalagayan at mataas na katayuan sa Sugo ng Allah (ﷺ), at siya ay binawian ng buhay sa taong ika-(36) sa Hijri sa Iraq.

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ang Hadith na ito ay naghihikayat sa pag-iingat ng doktrinang Tawheed na ganap na dalisay mula sa lahat ng karumihan ng Pagtatambal sa Allah.

2. Binibigyang linaw ng Hadith na ito na ang Allah ay Nag-iisa lamang, Siya ang sandigan ng lahat ng nilalang, walang kahati o katambal sa Kanyang Sarili, mga Pangalan, mga Katangian, mga Gawain at mga Kahatulan.

3. Ang Hadith na ito ay nagbibigay babala mula sa paggamit ng mga salitang labag sa Kaisahan ng Allah.

## ANG TAO ANG SIYANG NANGANGAILANGAN SA ALLAH SA LAHAT NG KANYANG KALAGAYAN

٥- عَـنْ عَائِشَـةَ رَضِـيَ اللَّـهُ عَنْهَـا، أَنَّهَـا سُـئِلَتْ عَمَّـا كَـانَ رَسُـوْلُ اللهِ ﷺ يَدْعُوْ بِهِ اللهَ؛ قَالَتْ: كَـانَ يَقُـوْلُ: "اللَّهُـمَّ إِنِّـيْ أَعُـوْذُ بِـكَ مِـنْ شَـرِّ مَـا عَمِلْـتُ، وَمِنْ شَرِّ مَا لَمْ أَعْمَلْ". (صحيح مسلم، رقم الحديث ٦٦ – (٢٧١٦)).

5- Si Aishah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: siya ay tinanong tungkol sa kung ano ang lagi nang ipinapanalangin ng Sugo (ﷺ) sa Allah, siya ay nagsabi: Ang lagi niyang sinasabi (sa panalangin) ay: "*Allaahuma innee a`udhu bika min sharri maa amiltu, wa min sharri maa lam a`amal* (O Allah! tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa kasamaan ng lahat ng aking nagawa, at sa kasamaan ng lahat ng hindi ko pa nagawa)". Muslim [Hadith Bilang: 66 – (2716)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito:**

Siya ang isa sa mga tinaguriang Ummul Mu'mineen (Ina ng mga sumasampalataya) na si Aishah, anak na babae ni Abu Bakr As-Siddiq, pinakasalan siya ng Propeta (ﷺ) bago ang paglikas mula sa Makkah, at ganap niyang naangkin ito sa Madinah sa edad niyang (9) na taong gulang at namatay ang Propeta (ﷺ) na ang kanyang edad ay (18) taong gulang. Siya (si Aishah) ang pinakamatalino sa mga tao noon sa kanyang kapanahunan, pinakamaalam at may pinakamagandang opinyon, siya ay naging isang

halimbawa sa kabutihang-loob at bukas-palad. Nakapag-ulat siya mula sa Sugo ng Allah (ﷺ) ng maraming Hadith at umabot ang kanyang ulat ng (2210) na Hadith.
Siya ay binawian ng buhay sa Madinah, Martes ng gabi, ika-(17) sa buwan ng Ramadan o Shawwal sa taong ika-(57) o (58) sa Hijri, si Abu Hurairah ang nakapagsagawa para sa kanya ng Salaatul Janazah (dasal para sa patay) at siya ay nailibing sa Baqi`.

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Nararapat sa isang Muslim ang pag-iwas mula sa pagkakasadlak sa mga kasalanan, sapagka't iyon ang siyang nagdudulot sa kanya ng kasamaan at kamalasan.
2. Naghihikayat ang Hadith na ito ng pagpapakupkop sa Allah laban sa anumang kasamaan ng nakamit ng isang tao mula sa mga kasalanan, sapagka't katotohanan ang tao ang nangangailangan sa Allah sa lahat ng kanyang kalagayan.
3. Nagbibigay linaw ang Hadith na ito na ang tanging kanlungan lamang ay ang Allah at wala ng iba pa mula sa Kanyang mga nilikha.

## PAGHIHIKAYAT SA PANANATILI NG MABUBUTING ASAL

٦- عَنْ عَائِشَةَ رَضِيَ اللّهُ عَنْهَا أُمِّ الْمُؤْمِنِيْنَ قَالَتْ: سَمِعْتُ رَسُوْلَ اللّهِ ﷺ يَقُوْلُ: "إِنَّ الْمُؤْمِنَ لَيُدْرِكُ بِحُسْنِ خُلُقِهِ دَرَجَةَ الصَّائِمِ الْقَائِمِ". (سنن أبي داود، رقم الحديث ٤٧٩٨، قال العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث: بأنه صحيح).

6- Si Aishah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah), ang isa sa tinaguriang Ummul Mu'mineen (ina ng mga mananampalataya) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Narinig ko sa Sugo ng Allah (ﷺ) na kanyang sinasabi: "Katotohanang naaabot ng isang sumasampalataya sa pamamagitan ng kagandahan ng kanyang pag-uugali ang antas ng isang nag-aayunong mapagtaguyod". Abu Daud [Hadith Bilang: (4798)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(5):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ang mabuting asal ay may matibay na ugnayan sa Pananampalataya; kapag naging mabuti ang pananampalataya sa puso ng tao ay nagiging mabuti ang kanyang ugali at asal, at kapag naging masama ang pananampalataya sa puso ng tao ay nagiging masama rin ang kanyang ugali at asal, sapagka't ang kaugnayan ng pananampalataya at ugali ay sukdulang matibay.
2. Naghihikayat ang Hadith na ito na panghawakan ang mabubuting asal.
3. Ang mabuting pag-uugali ay isa sa mga paraan ng pagpapalapit sa Allah na may kasamang pananampalataya at mabubuting gawain.

# ANG ISLAM AY HINDI RELIHIYON NG PAGSUMPA AT PAGMUMURA

٧-عَـنْ أَبِـي الـدَّرْدَاءِ ﷺ يَقُـوْلُ: قَـالَ رَسُـولُ اللّهِ ﷺ: "لاَ يَكُـوْنُ اللَّعَّـانُوْنَ شُفَعَاءَ وَلاَ شُهَدَاءَ يَوْمَ الْقِيَامَةِ". (صحيح مسلم، رقم الحديث ٨٥ – (٢٥٩٨)،).

7- Si Abu Darda' (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinasabi: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Ang mga mapagsumpa ay hindi makakapamagitan sa Araw ng Pagbabangong Muli, ni hindi makapagsasaksi". Muslim [Hadith Bilang: 85 – (2598)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito:**

Siya si Abu Al-Darda' (palayaw), na si `Uwaymir ibn Zaid ibn Qais Al-Ansari Al-Khazraji. Siya ay yumakap sa Islam sa araw ng digmaan sa Badr, at siya ay isang Sahabi (Kasamahan ng Propeta) na kilala sa pagkamaalam sa pamayanang ito, at siya ang pangulo ng mga batikang mambabasa sa Damasco at isang mambabatas dito, at siya rin ay kabilang sa mga nagsitaguyod sa pagtipon ng Banal na Quran at sa pagsasaulo nito sa kapanahunan ng Sugo ng Allah (ﷺ), at siya ay nakapag-ulat sa mga aklat ng Sunnah ng (179) na Hadith. Siya ay namatay taong ika-

(32) o ika-(31) sa Hijri, ang kanyang edad ay (72) taon, tatlong taon bago maganap ang pagpaslang kay Uthman ibn Affan.

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Naglalaman ng maraming paliwanag ang Hadith na ito tungkol sa mga taong mapagsumpa, kabilang na rito ang mga sumusunod:
   A- Na hindi sila maaaring maging saksi dito sa Mundo; kaya't hindi katanggap-tanggap ang kanilang pagsasaksi dahil sa kanilang kasuwailan.
   B- Na hindi sila mabibiyayaan ng pagiging martir sa landas ng Allah.
   K- Na hindi sila maaaring mamamagitan sa Araw ng Muling Pagkabuhay kapag mamamagitan na ang mga mananampalataya para sa kanilang mga kapatid at kamag-anak na makakapasok sa Impiyerno.
2. Dala-dala ng Hadith na ito ang matinding babala laban sa sumpa, sapagka't ito ay hindi kabilang sa magagandang asal at pag-uugali.
3. Ang islam ay Relihiyon ng pagmamahalan, pagtutulungan sa kabutihan at pagkatakot sa Allah, at hindi Relihiyon ng pagsumpa at pagmumura.

# ANG ISLAM AY RELIHIYON NG PAGKAMAHINHIN, KAHINAHUNAN AT KABUTIHANG ASAL

٨- عَنْ أَنَسٍ ﷺ قَالَ: قَالَ رَسُوْلُ اللهِ ﷺ: "مَا كَانَ الفُحْشُ فِي شَيْءٍ إِلاَّ شَانَهُ، وَمَا كَانَ الحَيَاءُ فِي شَيْءٍ إِلاَّ زَانَهُ". (جامع الترمذي، رقم الحديث ١٩٧٤، و سنن ابن ماجه، رقم الحديث ٤١٨٥، واللفظ للترمذي، قَالَ الإمام الترمذي: هذا حديث حسن غريب، وقال العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث بأنه: صحيح).

8- Si Anas (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Walang nalalagyan ang kahalayan sa isang bagay kundi pinapapangit ito at walang nalalagyan ang pagkamahiyain sa isang bagay kundi pinapaganda ito". At-Tirmidhi [Hadith Bilang: (1974)] Ibnu Majah [Hadith Bilang: (4185)].

## Ang taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abu Hamzah, Anas ibn Malik Al-Ansari, tagapaglingkod ng Sugo ng Allah (ﷺ), ipinanganak siya sa Madinah bago ang paglikas mula sa Makkah nang sampung taon, siya ay yumakap sa Islam sa murang edad niya, at nanatili sa piling ng Propeta (ﷺ), siya ay nanilbihan sa kanya ng sampung taon at namalagi sa kanya hanggang sa mamatay ang Propeta (Sumakanya nawa ang pagpapala at

kapayapaan), at pagkatapos ay naglakbay siya patungong Damascus at mula dito ay nagtungo naman sa Basra. Siya ay nakapag-ulat ng maraming Hadith at umabot ang kanyang ulat ng (2286) Hadith at siya ay binawian ng buhay sa Basra taong ika-(93) sa Hijri, pagkapos na humigit ng (100) taong gulang ang kanyang edad.

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ang Islam ay Relihiyong nagtuturo ng pagkamahinhin at mabuting asal; dahil dito ipinagbabawal niya ang mga salita, mga gawa at mga katangiang marahas at masama.
2. Ang pagiging mahinhin (mahiyain) ay mabuti at kaaya-ayang katangian sa Relihiyon ng Allah na Islam, kaya't nararapat sa isang Muslim na maging katangian niya ito.

3. Ang pagiging mahinhin ay naghahatid sa isang Muslim tungo sa pagsunod sa Allah at pumipigil sa kanya mula sa paggawa ng mga kasalanan.

# ANG PAG-DU`A (PANALANGIN) PAGKATAPOS KUMAIN AT UMINOM

٩- عَـنْ أَبِـيْ أَيُّـوبَ الأَنْصَـارِيِّ ﷺ، قَـالَ: كَـانَ رَسُـولُ اللّهِ ﷺ إِذَا أَكَـلَ أَوْ شَرِبَ قَـالَ: "الْحَمْـدُ لِلَّـهِ الَّـذِيْ أَطْعَـمَ وَسَـقَى، وَسَـوَّغَهُ، وَجَعَـلَ لَـهُ مَخْرَجـا".

(سـنن أبـي داود، رقـم الحـديث ٣٨٥١، قـال العلامـة محمـد ناصـر الـدين الألبـاني عـن هـذا الحـديث: بأنه صحيح).

9- Si Abu Ayyub Al-Ansari (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Nakaugalian ng Sugo ng Allah (ﷺ) na kapag siya ay kumakain o umiinom ay kanyang sinasabi: "*Alhamdu lillaahil ladhee at`ama wa saqa, wa sawwagahu wa ja`ala lahu makh-rajan* (ang lahat ng pagpupuri at pasasalamat ay sa Allah na nagtutustos ng pagkain at inumin at nagpadali sa pagpasok nito sa lalamunan, at na gumawa nito ng malalabasan".

Abu Daud [Hadith Bilang: (3851)].

## Ang taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abu Ayyub Al-Ansarie, Khalid ibn Zaid ibn Kulaib Al-Khazrajie An-Najjaarie, isang dakilang Sahabi mula sa angkan ng Ansar, siya ay kasama sa ikalawang pagpupulong para sa Pagpangako ng Katapatan, sa labanan sa Bad'r, sa Uhud, at sa lahat ng labanan kasama ang Sugo ng Allah (ﷺ), siya ay

matiyaga at gustong-gustong makibaka sa pakikipaglaban sa Landas ng Allah (Jihad), siya ang pinili ng Sugo ng Allah (ﷺ) na kanyang matutuluyan sa kanyang paglikas nang dumating siya sa Madinah, at nanirahan siya rito hanggang sa maitayo ang kanyang Masjid at tahanan.
Siya ay nakapag-ulat ng (155) na Hadith sa mga aklat ng Sunnah.

Binawian ng buhay si Abu Ayyub Al-Ansarie sa kasagsagan ng labanan sa Constantinople sa pamumuno ni Yazid ibn Mu`awiyah taong ika-(52) sa Hijri, datapuwa't may nagsasabing kasalungat nito, at si Yazid din ang nakapagsagawa ng Salah sa kanya, at siya ay nailibing sa labas ng kuta ng Constantinople.

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**
1. Katotohanan, ang mga mabubuting panustos ay kabilang sa mga biyaya ng Allah, kaya dapat sa isang Muslim na purihin ang Allah dahil sa mga biyayang ito.
2. Ang pagkilala sa mga biyaya ng Allah at ang pagmumuni-muni dito ay kabilang sa mga napakahalagang pagsamba sa Allah.
3. Nararapat sa isang Muslim na makilala niya ang lumikha sa kanya at ang nagbibigay sa kanya ng kabuhayan.

# ANG PINAKAMAINAM NA SALITA PARA SA ALLAH AY ANG SUBHAANALLAAHI WA BIHAMDIHI

١٠- عَـنْ أَبِـيْ ذَرٍّ ﵁، أَنَّ رَسُـوْلَ اللّهِ ﷺ سُـئِلَ: أَيُّ الْكَـلامِ أَفْضَـلُ؟ قَـالَ: "مَـا اصْـطَفَى اللّهُ لِمَلائِكَتِـهِ أَوْ لِعِبَـادِهِ: سُـبْحَانَ اللّهِ وَبَحِمْـدِهِ". (صحيح مسلم، رقم الحديث ٨٤ – (٢٧٣١)، ).

10- Si Abu Dhar (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Katotohanan, tinanong ang Sugo ng Allah (ﷺ) tungkol sa kung ano ang pinakamainam na salita? Siya ay nagsabi: "Ang pinili ng Allah para sa Kanyang mga anghel o sa Kanyang mga lingkod: *Subhaanallaahi wa bihamdihi* (Kaluwalhatian sa Allah at Kapuri-puri)". Muslim [Hadith Bilang: 84 – (2731)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito:**

Siya si Abu Dhar (palayaw), na si Jundub ibn Janadah Al-Gaffari, siya ay nabibilang sa mga dakilang Sahabah (Kasamahan ng Propeta) at siya ay lagi nang mapagbigay, sa katunayan ay hindi siya nagtatabi ng anumang kayamanan, at siya ay naatasang magbigay ng mga kahatulan sa Madinah, siya ay nakapag-ulat sa mga aklat ng Sunnah ng (281) na Hadith.

Siya ay nagtungo sa Sham (Syria, Palestine, Jordan, at Lebanon), at pagkaraan ay nanirahan sa Ar-Rabdah (ito ay nasa layo ng isang daang kilometro mula sa Madinah patungo sa dakong Riyadh), at dito siya binawian ng buhay sa taong ika-(31) o ika-(32) sa Hijri, at si Abdullah ibn Mas`uod ang nagsagawa sa kanya ng Salaatul Janazah (dasal para sa patay).

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Binabanggit ng Hadith na ito ang mga kabutihan ng pagluluwalhati at pagpupuri sa Allah sa ganitong paraan:" Subhaanallaahi wa bihamdihi".

2. Ang pagiging abala sa paggunita sa Allah ay kabilang sa mga kadahilanan ng kapanatagan ng puso at kaginhawahan ng sarili.

3. Naghihikayat ang Hadith na ito sa madalas na paggunita sa Allah sa ganitong paraan:" Subhaanallaahi wa bihamdihi".

## ANG PAGGAWA NG MGA MAKABAGO SA RELIHIYON AY PAGKALIGAW

١١- عَنْ عَائِشَةَ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهَا أَنَّ رَسُوْلَ اللهِ ﷺ قَالَ: "مَنْ عَمِلَ عَمَلاً لَيْسَ عَلَيْهِ أَمْرُنَا فَهُوَ رَدٌّ". (صحيح مسلم، رقم الحديث ١٨- (١٧١٨)، وصحيح البخاري، رقم الحديث ٢٦٩٧، واللفظ لمسلم).

11- Si Aishah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Katotohanang ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Ang sinumang gumawa ng isang gawain na hindi nakabatay sa aming pag-uutos, ito ay tatanggihan".

Muslim [Hadith Bilang: 18 – (1718)] Al-Bukhari [Hadith Bilang: (2697)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(5):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Itinuturo ng Hadith na ito na ang paggawa ng makabago sa pananampalataya ay isang pagkaligaw at huwad sa pananampalatayang Islam.
2. Ang Islam ang naghihikayat na panghawakan ang Aklat ng Allah at ang Sunnah ng Kanyang Sugo nang walang pagbabago sa kahulugan nito at pagtakwil.
3. Ang pagiging abala sa mga bagay na makabago sa pananampalataya ay dahilan ng pagkaligaw at paglayo sa katotohanan ng Islam.

## ANG MADALAS NA PANALANGIN NG PROPETA (ﷺ)

١٢– عَنْ أَنَسٍ ﷺ قَالَ: كَانَ أَكْثَرُ دُعَاءِ النَّبِيِّ ﷺ اَللَّهُمَّ! رَبَّنَآ ءَاتِنَا فِى ٱلدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِى ٱلْءَاخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ ٱلنَّارِ (البقرة: ٢٠١). (صحيح البخاري، رقم الحديث ٦٣٨٩، وصحيح مسلم، رقم الحديث ٢٣– (٢٦٨٨)، واللفظ للبخاري).

12- Si Anas (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Ang pinakamadalas na panalangin ng Propeta (ﷺ) ay ang; "*Allaahumma! Rabbanaa atinaa fid dunya hasanah wa fil aa-khirati hasanah wa qinaa `adhaaban naar* (O Allah! Aming Panginoon! Iyong pagkalooban kami ng mabuti sa mundong ito at ng mabuti sa Huling Araw, at iligtas Mo kami sa kaparusahan ng Apoy (sa Impiyerno)". Al-Bukhari [Hadith Bilang: (6389)] Muslim [Hadith Bilang: 23 – (2688)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(8):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ang Islam ay Relihiyon ng kaligtasan, kaligayahan at katiwasayan sa Mundo at kabilang buhay para sa sinumang sumunod sa mga katuruan nito nang tapat, taimtim at karunungan sa lahat ng bagay na may kinalaman sa paniniwala, batas islamiko at asal.
2. Napapaloob sa Hadith na ito ang lahat ng kabutihan, kaya dapat ugaliing maging madalas ang pagbasa ng isang Muslim sa panalangin na ito habang siya ay lumalayo sa mga kasalanan at mga bagay na kahina-hinala.

# ANG PINAKAMAMAHAL NA MGA LUGAR PARA SA ALLAH AY ANG MGA MASJID NITO

١٣- عَـنْ أَبِـيْ هُرَيْـرَةَ ﵁ أَنَّ رَسُـوْلَ اللهِ ﷺ قَـالَ: "أَحَـبُّ الْـبِلاَدِ إِلَـى اللَّـهِ مَسَـاجِدُهَا، وَأَبْغَـضُ الْـبِلاَدِ إِلَـى اللَّـهِ أَسْـوَاقُهَا". (صحيح مسلم، رقم الحـديث ٢٨٨ – (٦٧١)، ).

13- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Katotohanan, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Ang pinakamamamahal na lugar sa Allah ay ang mga Masjid nito, at ang pinakakasuklam-suklam na lugar sa Allah ay ang mga palengke nito". Muslim [Hadith Bilang: 288 – (671)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito:**

Siya si Abu Hurairah, Abdul Rahman ibn Sakh'r Ad-Dusie Al-Yamani na tinaguriang tagapagsalaysay ng Islam. Siya ay tinawag sa palayaw na Abu Hurairah (Ama ng paslit na pusa), sa dahilang siya ay mahilig maglaro ng pusa, at siya ay nagpapastol ng mga kambing para sa kanyang pamilya, siya ay yumakap sa Islam taong ika-(7) sa Hijri, sa taon ng pagsakop sa Khaibar, pagkatapos ay namalagi siya sa Propeta (ﷺ) ng apat na taon, siya ay kasa-kasama nito saan man naroroon, at

nagsumikap sa pagsasaliksik ng Hadith at naging masigasig siya rito, kaya't marami siyang kaalaman na natutunan at naisaulo, hanggang sa siya ang itinuring na may pinakamaraming naiulat na Hadith sa mga Sahabi (Kasamahan ng Propeta), na kung saan ay umabot ang kanyang naiulat ng (5374) na Hadith. Siya ay isa sa mga Pantas ng Madinah, namatay siya sa Madinah taong ika-(57) sa Hijri, at siya ay nailibing sa Baqi`.

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ang mga Masjid ay pook na pinaggugunitaan sa Allah at pinagdadausan ng mga ritwal na gawain, lalung-lalo na ang limang ubligadong pagdarasal.
2. Dapat dakilain ang mga Masjid sa pamamagitan ng pangangalaga sa paglilinis nito at pagpapabango; kaya hindi maaaring ipasok sa loob nito ang mga may masasamang amoy at maruming kasuutan.
3. Maituturing ang mga pook pamilihan – sa pangkalahatang pananaw – na isa sa mga kinasusuklamang lugar; sapagka't lugar ito ng pandaraya, mga huwad na panunumpa at pagtalikod sa paggunita sa Allah at iba pa.

# ANG PAGPAPAKUPKOP SA ALLAH LABAN SA MGA MASASAMANG SAKIT

١٤–عَــنْ أنــس ﷺ أنَّ النَّبِــيَّ ﷺ كَــانَ يَقُــوْلُ: "اللَّهُــمَّ إِنِّــي أَعُــوذُ بِــكَ مِــنَ الْجُنُــونِ، وَالْجُــذَامِ، وَالْبَــرَصِ، وَ سَــيِّئِ الأَسْــقَامِ". (سنن النسائي، رقم الحديث ٥٤٩٣، سنن أبي داود، رقم الحديث ١٥٥٤، واللفظ للنسائي، قال العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث: بأنه صحيح).

14- Si Anas (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Katotohanan, ang Propeta (ﷺ) ay lagi nang nagsasabi ng: "*Allaahumma innee a`udhu bika minal junoon wal judham wal barasi wa sayyi-il asqaam* (O Allah! Katotohanang ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagkabaliw, sa leprosi, sa ketong at sa masamang pagkakasakit)".

An-Nasai [Hadith Bilang: (5493)] Abu Daud [Hadith Bilang: (1554)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(8):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Nagpakupkop ang Propeta laban sa masasamang mga sakit na ito dahil sa tindi ng kasamaan nito at pag-ayaw ng mga tao dito, at dahil sa ito'y nagdudulot din ng pagbabago sa kalikasan ng tao.

2. Ang kalusugan ang siyang pinakamalaking biyaya, kaya dapat ito pangalagaan ng isang Muslim at purihin ang Allah dahil dito nang madalas, sapagka't nawawalan ng kakayahan ang tao sa pagsagawa ng mga nararapat at obligasyon kapag dinapuan siya ng mga ganitong uring masamang sakit.

3. May mga paraan upang mapangalagaan ang kalusugan; na sa katotohanan, ito ay kabilang sa mga panuntunan ng Allah, at kabilang din sa mga tanda ng pagkaalipin sa Allah ay ang igalang ang mga panuntunan na ito na siyang isinabatas ng Allah upang mapangalagaan ang kalusugan ng katawan.

# KABUTIHAN NG PAG-AAYUNO SA ARAW NG ARAFAH

١٥- عَنْ أَبِي قَتَادَةَ ﷺ، أَنَّ النَّبِيَّ ﷺ قَالَ: "صِيَامُ يَوْمِ عَرَفَةَ، إِنِّي أَحْتَسِبُ عَلَى اللَّهِ أَنْ يُكَفِّرَ السَّنَةَ الَّتِي قَبْلَهُ وَالسَّنَةَ الَّتِي بَعْدَهُ". (جامع الترمذي، رقم الحديث ٧٤٩، وصحيح مسلم، جزء من رقم الحديث ١٩٦- (١١٦٢)، واللفظ للترمذي، وقَالَ الإمام الترمذي عن هذا الحديث: بأنه حديث حسن، وقال العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث بأنه: صحيح ).

15- Si Abu Qatadah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Katotohanan, ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: "Ang pag-aayuno sa araw ng Arafah ay aking inaasahan sa Allah na Kanyang pawawalang sala ang taong nagdaan at darating".

At-Tirmidhi [Hadith bilang: (749)] Muslim [Hadith Bilang: 196 – (1162)].

## Ang taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abu Qatadah ibn Rabe`i mula sa angkan ng mga Ansar, isa sa mga kagalang-galang na Sahabi (Kasamahan ng Propeta), siya ay nakibaka sa mga digmaan at labanan, at lagi niyang binabantayan ang Propeta (ﷺ) at inaalagaan sa paglalakbay. Ipinadala siya ni Umar ibn Al-Khattab bilang pinuno ng hukbong sandatahan para puksain ang mga Persia, kaya siya mismo ang nakapaslang sa Hari nila

sa sarili niyang mga kamay. Nagkakaiba ang mga ulat sa lugar at petsa ng kanyang kamatayan, may nagsasabing namatay siya sa Kufa (Iraq) taong ika-(38) sa Hijri, at si Ali ibn Abu Thalib ang nakapagsagawa sa kanya ng Salaatul Janazah (dasal para sa patay), datapuwa't mayroong nagsasabi na siya ay namatay sa Madinah taong ika-(54) sa Hijri, at mayroon ding nagsasabi na taliwas dito.

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Itinatagubilin ng Hadith na ito ang pag-aayuno sa araw ng Arafah para sa mga hindi nagsasagawa ng Hajj.

2. Ang mga kasalanang tinutukoy sa Hadith na ito ay ang maliliit na kasalanan; sapagka't ang mga mabibigat na kasalanan ay nangangailangan ng makatotohanang pagbabalik-loob sa Allah.

3. Ang mga mabubuting gawain ay kabilang sa mga dahilan upang tumaas ang antas ng isang Muslim sa paningin ng Allah.

# KASUKLAM-SUKLAM ANG PAGTATANGI NG PAG-AAYUNO SA ARAW NG BIYERNES

١٦- عَـنْ أَبِـي هُرَيْـرَةَ ﷺ قَـالَ: سَـمِعْتُ النَّبِـيَّ ﷺ، يَقُـولُ: "لاَ يَصُـوْمُ أَحَـدُكُمْ يَـوْمَ الْجُمُعَـةِ، إِلاَّ يَوْمـا قَبْلَـهُ، أَوْ بَعْـدَهُ". (صحيح البخاري، رقم الحديث ١٩٨٥، وصحيح مسلم، رقم الحديث ١٤٧- (١١٤٤)، واللفظ للبخاري).

16- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Narinig ko sa Propeta (ﷺ) na kanyang sinasabi: "Huwag pag-ayunuhan ng isa sa inyo ang araw ng Biyernes, malibang isang araw sa unahan nito o sa hulihan nito". Al-Bukhari [Hadith Bilang: (1985)] Muslim [Hadith Bilang: 147 – (1144)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(13):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Hindi maaaring mag-ayuno ang isang Muslim sa araw ng Biyernes lamang maliban kung sumang-ayon at nagkataon sa kanyang nakasanayang pinag-aayunuhan.
2. Ang araw ng Biyernes ay araw ng panalangin, paggunita, pagsamba at paghanap ng mabuting biyaya kaya hindi dapat mag-ayuno sa araw na ito lamang. Ang Allah ay nagsabi: ((Datapuwa't kapag natapos na ang pagdarasal, humayo kayong magsikalat sa kalupaan at inyong hanapin ang biyaya ng Allah at inyong gunitain nang madalas ang Allah nang sa gayon kayo ay magsipag-tagumpay)). Al-Jumu`ah (62:10).

# ANG MGA PANALANGIN NA TINUTUGUNAN

١٧- عَــنْ أَبــيْ هُرَيْــرَةَ ﷺ، قَــالَ: قَــالَ رَسُــوْلُ اللهِ ﷺ: "ثَــلاثُ دَعَــوَاتٍ مُسْــتَجَابَاتٌ لاَ شَــكَّ فِــيْهِنَّ : دَعْــوَةُ الْمَظْلُــوْمِ، وَدَعْــوَةُ الْمُسَــافِرِ، وَدَعْــوَةُ الْوَالِــدِ عَلَــى وَلَــدِهِ ". (جــامع الترمــذي، رقــم الحــديث ١٩٠٥، وســنن أبــي داود، رقــم الحــديث ١٥٣٦، و ســنن ابــن ماجــه، رقــم الحــديث ٣٨٦٢، واللفــظ للترمــذي، قَــالَ الإمــام الترمــذي: هــذا حــديث حســن، وقــال العلامــة محمــد ناصــر الــدين الألباني عن هذا الحديث: بأنه حسن ).

17- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "May tatlong panalangin na tinutugunan nang walang pag-aalinlangan: ang panalangin ng naaapi, ang panalangin ng naglalakbay, at ang panalangin ng magulang sa kanyang anak".

At-Tirmidhi [Hadith Bilang: (1905)] Abu Daud [Hadith Bilang: (1536)] Ibnu Majah [Hadith Bilang: (3862)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(13):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ang panalangin ng naaapi ay tinutugon kahit na ang naaapi ay hindi Muslim, samakatwid tinutugon pa rin ng Allah ang kanyang panalangin alang-alang sa katarungan.

2. Ang panalangin ng naglalakbay ay tinutugon kaya nararapat lamang na samantalahin ng naglalakbay ang pagkakataon na ito para sa panalangin habang naglalakbay; datapwa't kapag ang paglalakbay ay para sa pagsamba tulad ng Umrah at Hajj ay mas malaki ang pag-asang tugunin sa kapahintulutan ng Allah.

3. Ang panalangin ng magulang para sa kanyang anak ay tinutugon dahil nananalangin siya sa Allah mula sa kaibuturan ng kanyang puso bilang awa at pagmamahal sa kanya, at gayun din kung ang panalanging ito ay laban sa kanyang anak, magkagayun dapat iwasan ng magulang na manalangin laban sa kanyang anak.

# BABALA SA KALABISANG PAGDAKILA SA PROPETA

١٨- عَـنْ أَبـِـيْ هُرَيْـرَةَ ﷺ قَـالَ: قَـالَ رَسُـوْلُ اللهِ ﷺ: "لاَ تَجْعَلُـوْا بُيُـوْتَكُمْ قُبُـوْرًا، وَلاَ تَجْعَلُـوْا قَبْـرِيْ عِيْـدًا، وَصَـلُّوْا عَلَـيَّ؛ فَـإِنَّ صَـلاَتَكُمْ تَبْلُغُنِـيْ حَيْـثُ كُنْـتُمْ". (سنن أبـي داود، رقـم الحـديث ٢٠٤٢، قـال العلامـة محمـد ناصـر الـدين الألبـاني عـن هـذا الحديث بأنه: صحيح).

18- Si Abu Haurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Huwag ninyong ituring ang inyong mga tahanan ng tulad ng mga libingan, at huwag ninyong gawing pook ng pagdiriwang ang aking libingan, bagkus ipanalangin ninyo ako sapagka't ang inyong panalangin para sa akin ay makakarating sa akin saan man kayo naroroon".

Abu Daud [Hadith Bilang: (2042)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(13):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Hindi maaring mawala sa mga kabahayan ang kusang loob na pagdarasal, paggunita sa Allah, panalangin at pagbasa ng Qur'an sa loob nito upang hindi matulad sa mga libingan.

2. Nabanggit sa Hadith na ito ang pagbabawal sa pagtitipon upang dalawin ang puntod ng Propeta (ﷺ) tulad ng pagtitipon sa selebrasyon ng Eid, at upang maiwasan ang pagmamalabis ng mga tao sa pagdakila sa Propeta (ﷺ).

3. Ipinagbabawal ayon sa Hadith na ito ang pagtakda ng paglalakbay tungo sa puntod ng Propeta (ﷺ) o iba pang mga puntod, sapagka't ito'y maituturing na pagsasagawa ng selebrasyon sa mga puntod.

4. Nararapat sa isang Muslim na dalasan ang paghandog ng pagbati sa Propeta (ﷺ) nang may kasiyahan, pagmamahal at pagdakila sa kanya.

# BABALA SA PAGGAWA NG LETRATO NG WALANG DAHILAN

١٩- عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بن مسعود ﷺ قَالَ: سَمِعْتُ النَّبِيَّ ﷺ يَقُوْلُ: "إِنَّ أَشَدَّ النَّاسِ عَذَابًا عِنْدَ اللهِ يَوْمَ الْقِيَامَةِ: اَلْمُصَوِّرُوْنَ". (صحيح البخاري، رقم الحديث ٥٩٥٠، وصحيح مسلم، رقم الحديث ٩٨ – (٢١٠٩)، واللفظ للبخاري).

19- Si Abdullah ibn Mas`uod (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Narinig ko sa Propeta (ﷺ) na kanyang sinasabi: "Katotohanan, ang may pinakamatindi na kaparusahan sa mga tao sa Allah sa Araw ng Pagbabangong Muli ay ang mga gumuguhit ng larawan". Al-Bukhari [Hadith Bilang: (5950)] Muslim [Hadith Bilang: 98 – (2109)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(3):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Itinuturo ng Hadith na ito na ang pagpinta ng mga may buhay ay matinding ipinagbabawal sa Islam.
2. Napapaloob sa Hadith na ito ang matinding babala laban sa pagpinta ng larawan (imahe), sapagka't ito ay panggagaya sa nilikha ng Allah at gayundin ang mga imahe ng may buhay ay nagiging daan tungo sa pagtatambal sa Allah.
3. May nagsasabi: "Katotohanan ang tinutukoy ng Hadith na ito ay ang sinumang gumagawa ng mga imahe at rebulto upang sambahin; magkagayun ang Hadith na ito ay tumutukoy lamang sa taong gumagawa ng mga rebulto na siyang magkakaroon ng matinding kaparusahan sa Araw ng Muling Pagkabuhay.

# MGA KADAHILANAN NG PAGPASOK SA PARAISO

٢٠- عَـنْ أَبِـيْ أُمَامَـةَ الْبَـاهِلِيِّ ﷺ، يَقُـوْلُ: سَـمِعْتُ رَسُـوْلَ اللهِ ﷺ يَخْطُـبُ فِـيْ حَجَّـةِ الْـوَدَاعِ؛ فَقَـالَ: "اتَّقُـوْا اللهَ رَبَّكُـمْ، وَصَـلُّوْا خَمْسَـكُمْ، وَصُـوْمُوْا شَـهْرَكُمْ، وَأَدُّوْا زَكَـاةَ أَمْـوَالِكُمْ، وَأَطِيعُـوْا ذَا أَمْـرِكُمْ، تَـدْخُلُوْا جَنَّـةَ رَبِّكُـمْ".

(جامع الترمذي، رقم الحديث ٦١٦، قَالَ الإمام الترمذي عن هذا الحديث: بأنه حسن صحيح، وقال العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث: بأنه صحيح).

20- Si Abu Umamah Al-Bahilie (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinasabi: Narinig ko sa Sugo ng Allah (ﷺ) habang nagtatalumpati sa Hajj na pamamaalam; siya ay nagsabi: "Matakot kayo sa Allah na inyong Panginoon, itaguyod ninyo ang limang Salah (pagdarasal), pag-ayunuhan ninyo ang buwan (ng Ramadan), at ibigay ninyo ang kawanggawa ng mga kayamanan ninyo, at sundin ninyo ang may katungkulan sa inyo, kayo ay makakapasok sa Paraiso ng inyong Panginoon". At-Tirmidhi [Hadith Bilang (616)].

## Ang taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abu Umamah, Suday ibn `Ajlan ibn Wahb Al-Bahilie, isang banal na Sahabi (Kasamahan ng Propeta) at mapagpakasakit.

Gustung-gusto niyang makibaka sa pakikipaglaban sa Landas ng Allah, kaya lagi siyang nakadikit at sumasama sa Propeta (ﷺ) sa

lahat ng kanyang pakikipaglaban, ni hindi siya lumiban sa isang labanan, at hindi rin siya nabibigo sa pakikipaglaban sa Landas ng Allah, maliban sa labanan sa Badr dahil sa paglilingkod niya sa matanda niyang ina; na kung saan ay inutusan siya ng Sugo ng Allah (ﷺ) na magpaiwan sa kanyang ina, lumahok din siya sa lahat ng digmaan kasama ng mga napatnubayang tagapaghalili, sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah, siya ay nakapagsalaysay ng (250) Hadith sa mga aklat ng Sunnah, dati siyang nanirahan sa Sirya, nguni't sa kalupaan ng Hims siya binawian ng buhay taong ika-(81) sa Hijri.

## Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:

1. Kabilang sa mga dahilan ng pagpasok sa Paraiso ay ang pagkatakot sa Allah, mga ubligadong pagdarasal, pag-aayuno sa buwan ng Ramadan at pagbigay ng katungkulang kawang-gawa (Zakat).

2. Ang pagkatakot sa Allah ay ang pagsunod sa Kanya na may kasamang pangamba sa Kanya at pagmamahal, pagdakila at pag-iwas sa pagsuway sa Kanya.

3. Ubligado ang pagsunod sa mga pinuno ng sambayanang Muslim, sa mga makadiyos na eskolar at sa lahat ng may katungkulan sa Islam sa bagay na hindi sumasalungat sa katuruan ng Islam, sapagka't hindi maaaring sundin ang isang nilikha sa bagay na labag sa Tagapaglikha.

# ANG ISLAM AY NAGBABABALA SA MGA KAHALAYAN

٢١- عَـنْ عَبْـدِ اللهِ بْـنِ مَسْـعُوْدٍ ﷺ قَـالَ: قَـالَ رَسُـوْلُ اللهِ ﷺ: لَـيْسَ أَحَـدٌ أَحَبَّ إِلَيْهِ الْمَدْحُ مِنَ اللهِ، مِـنْ أَجْـلِ ذَلِـكَ مَـدَحَ نَفْسَـهُ، وَلَـيْسَ أَحَـدٌ أَغْيَـرَ مِـنْ اللهِ، مِـنْ أَجْـلِ ذَلِـكَ حَـرَّمَ الْفَـوَاحِشَ". (صحيح مسلم، رقم الحديث ٣٢- (٢٧٦٠)، وصحيح البخاري، رقم الحديث ٥٢٢٠، واللفظ لمسلم).

21- Si Abdullah ibn Mas`uod (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Walang sinumang maaaring makahihigit pa sa Allah sa pagkahumaling sa pagpupuri, kung kaya't pinuri Niya ang Kanyang Sarili, at walang sinumang maaaring makahihigit pa sa Allah sa pagseselos, kaya dahil dito ay ipinagbawal Niya ang mga mahalay". Muslim [Hadith Bilang: 32 – (2760)] Al-Bukhari [Hadith Bilang: (5220)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(3):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Katotohanang nagugustuhan ng Allah ang magandang pagpupuri at pasasalamat sa Kanya sa pamamagitan ng pagsunod, pagsamba at paggunita, kaya kanais-nais sa isang Muslim na dalasan ito dahil sa idinudulot nitong malakas na ugnayan ng pagsamba sa Kanyang Panginoon.

2. Kapag pinuri ng isang Muslim ang Allah ay tunay na ginagantimpalaan siya ng Allah dito at ang Allah ay sagana at walang pangangailangan sa lahat ng nilikha; datapuwa't walang naidudulot na kabutihan sa Kanya ang pagpuri at hindi rin nakasasama sa Kanya kapag ito’y talikuran.
3. Katotohanan, ang Allah ay naninibugho at wala ng hihigit pa sa Kanya dito, datapuwa’t ang ibig sabihin ng Kanyang paninibugho ay ayaw Niyang datalan ng masama at pinsala ang sinumang tao, o ang kanyang pananampalataya, sarili, dangal o pag-iisip at dahil dito ipinagbawal ang pangangalunya, pagnanakaw, pangangamkam, patubuan, pag-inom ng alak at iba pang mga maruruming gawain at kabuktutan.
4. Kapag ang papuri ay para sa mga mabubuting tao na may malinis na layunin; ito ay itinuturing na mabuting bagay at mabuting gawain bilang pagkilala sa kabutihan at sa mga mabubuting tao.
5. kapag ang pagpuri ay walang katotohanan, bagkus ginawa lamang ito bilang pagkukunwari o sa taong pinangangambahang tataas ang tingin sa sarili kapag purihin; magkagayun hindi kailanman maaring siya'y purihin, sapagka't nakakapinsala siya sa komunidad at nag-aangat ng sinumang walang anumang kahigtan o katayuan, kaya't dito naaangkop ang sinabi ng Sugo (ﷺ): "Kapag nakita ninyo ang mga taong mahilig pumuri; batuhin ninyo ang kanilang mga mukha ng lupa". Muslim [Hadith bilang: 69 – (3002)].
At sa sinumang hindi pinangangambahan ng ganito dahil sa kanyang ganap na takot sa Allah at ganap na pag-iisip at kaalaman; magkagayun hindi masamang siya ay papurihan kung walang halong pagkukunwari.

# ANG KABAWALAN NG PAMAMANHIKAN NG ISANG MUSLIM SA PINAMAMAMANHIKAN NG KANYANG KAPATID NA MUSLIM

٢٢– عَـنْ عَبْـدِ اللهِ بْـنِ عُمَـرَ رَضِـيَ اللَّـهُ عَنْهُمَـا عَـنِ الـنَّبِيِّ ﷺ قَـالَ: "لاَ يَبِـعْ بَعْضُـكُمْ عَلَـى بَيْـعِ بَعْـضٍ، وَلاَ يَخْطُـبْ بَعْضُـكُمْ عَلَـى خِطْبَـةِ بَعْـضٍ". (صحيح مسلم، رقم الحديث ٤٩ –(١٤١٢)، )، وصحيح البخاري، رقم الحديث ٥١٤٢، واللفظ لمسلم).

22- Si Abdullah ibn Umar (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: "Huwag kayong magbenta sa pagbebenta ng iba, at huwag din kayong mamanhikan sa pinamamamanhikan ng iba".

Muslim [Hadith Bilang: 49 – (1412)] Al-Bukhari [Hadith Bilang: (5142)].

## Ang taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abdullah ibn Umar ibn Al-Khattab, isang dakilang Sahabi (Kasamahan ng  Propeta), yumakap siya sa Islam kasama ng kanyang  ama sa kanyang murang edad at pagkatapos ay lumikas siya patungong Madinah bago ang kanyang ama. Ang unang digmaan na kanyang nasalihan ay ang labanan sa Al-Khandaq, at pagkaraan ay nasalihan niya ang lahat ng labanan kasama ang Sugo ng Allah (ﷺ). Mayroon din siyang bahagi sa mga malalaking tagumpay o pagsakop ng Islam sa Ehipto, Sirya, Iraq, Basra at Persia,

siya ay isang magiting at matapang, at naibibilang sa mga pantas na kasamahan ng Propeta (ﷺ), ang kanyang naiulat ay umabot ng (2630) na Hadith. Siya ay naging isang magandang halimbawa sa pagsamba at kabanalan, at siya ay binawian ng buhay sa Makkah sa taong ika-(73) sa Hijri, sa edad niyang (86) na taon.

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Itinuturo ng Hadith na ito ang kabawalan ng pagbenta ng labag sa pagbebenta ng kapatid na Muslim.

2. Ipinagbabawal din sa Hadith na ito ang pamamanhikan sa pinamamanhikan ng kanyang kapatid na Muslim lalung-lalo na kapag tanggap na ang kanyang pamamanhikan.

3. Ang Islam ang naghihikayat na panghawakan ang mabubuting asal at kadalisayan ng puso upang mawalan ng puwang sa komunidad ang samaan ng loob at hidwaan.

## KATOTOHANANG MINAMAHAL NG ALLAH ANG ISANG MAKADIYOS NA ALIPIN

٢٣- عَـنْ سَـعْدِ بْـنِ أَبِـيْ وَقَّـاصٍ ﷺ، قَـالَ: سَـمِعْتُ رَسُـوْلَ اللهِ ﷺ يَقُـوْلُ:

"إِنَّ اللهَ يُحِـبُّ الْعَبْـدَ التَّقِـيَّ، الْغَنِـيَّ، الْخَفِـيَّ". (صحيح مسلم، رقم الحديث ١١- (٢٩٦٥)).

23- Si Saad ibn Abi Waqqas (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Narinig ko sa Sugo ng Allah (ﷺ) na kanyang sinasabi: "Katotohanang minamahal ng Allah ang isang alipin na makadiyos, makontento at malihim (sa kanyang pananampalataya)".

Muslim [Hadith Bilang: 11 – (2965)].

## Ang taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abu Ishaq, Saad ibn Abu Waqqas Al-Zihrie Al-Qurashie, isang dakilang Sahabi, siya ay ipinanganak sa Makkah taong ika-(23) bago ang paglikas (Hijrah), at dito siya lumaki at namuhay, isa siya sa mga naunang yumakap sa Islam, kaya napabilang siya sa mga tinaguriang mga naunang nagsiyakap sa Islam, at isa rin siya sa sampung mga binalitaan na makakapasok sa Paraiso, at kabilang din siya sa lipon ng anim na pagsasanggunian na itinalaga ni Umar ibn Al-Khattab, upang ang isa sa kanila ay maging tagahalili niya para sa mga Muslim

pagkatapos niya, pagkaraan ay lumikas siya sa Madinah, at nakibaka sa pakikipaglaban sa Bad'r at sa iba pang mga labanan pagkatapos nito.

Siya ay isa sa mga anak ng tiyuhin ng nanay ng Propeta (ﷺ), kaya tinawag siya ng Propeta (ﷺ) na tiyo. Ibig sabihin ay kabilang lamang sa kanyang mga tiyuhin, at hindi kapatid mismo ng kanyang ina.

Siya ay isang mangangabayong mandirigma at ubod ng tapang, isa sa mga piling pinuno ng Sugo ng Allah (ﷺ), at siya ay may malalaking naging papel sa panahon ni Abu Bakr As-Siddiq, at gayundin sa panahon ni Umar ibn Al-Khattab Al-Farooq, at siya rin ay nahalal bilang gobernador sa Kufa sa kapanahunan ni Umar ibn Al-Khattab at Uthman ibn Affan.

Si Saab ibn Abu Waqqas ang namuno sa sandatahang hukbo ng mga Muslim sa labanan sa Persia at Iraq, at dahil sa kabutihang loob ng Allah nakayanan niyang talunin ang Persia ng napakalaking pagkatalo sa Qadisiyah, at siya rin ang sumakop sa Mada-in, siya ay lagi nang tinutugunan ng Allah sa panalangin, at mayroon din siyang mga dakilang katangian at maraming kabutihan,

datapuwa’t kusa naming di binanggit ito upang makaiwas sa mahabang pagsasalaysay.

Pagkaraan ay tinalikuran ni Saad ibn Abu Waqqas ang mga kaukulang bagay sa paghahatol at pulitika, at lumayo siya sa malaking kaguluhan na naganap sa pagitan ng mga Sahabah, bagkus inutusan niya ang kanyang pamilya at mga anak na huwag nila siyang balitaan sa mga nagaganap na kaguluhan sa pagitan ng mga Sahabah.

Siya ay nakapag-ulat ng (270) na Hadith sa mga aklat ng Sunnah.

Siya ay isang pandak, binawian siya ng buhay taong ika-(55) sa Hijri sa Aqeeq sa kanyang palasyo ng may layong pitong milya mula sa Madinah, at ang gobernador ng Madinah sa panahon na yaon na si Marwan ibn Al-Hakam ang siyang nakapagsagawa sa kanya ng Salaatul Janazah (dasal para sa patay), at nailibing siya sa Baqi`, at siya ang pinakahuling namatay sa mga Muhajireen (nagsilikas mula sa Makkah patungong Madinah).

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ang buhay panlipunan ay kinakailangan ng tao; kaya nararapat na manatili siyang miyembro ng lipunan.

2. Kapag humantong sa paggawa ng kasalanan ang pakikihalubilo sa lipunan; tunay na ang pagiging malayo sa lipunan sa ganitong kalagayan ay mas kanais-nais para sa sinumang hindi kayang pangalagaan ang sarili laban sa kasamaan sa kanyang pananampalataya o pagkasadlak sa ipinagbabawal at mga kahina-hinalang bagay at mga katulad nito.
3. Ang pangangalaga ng ugnayan sa mga kamag-anak ay pangunahing bagay sa Islam maliban kung hahantong ito sa kasalanan; magkagayun ang pagputol ng ugnayan sa kamag-anakan ay mas kanais-nais ayon sa isang batayan ng Islam:" Ang pagpigil sa mga nakapipinsala ay higit na inuuna kaysa sa pagkamit ng mga kapaki-pakinabang".
4. Ang kahulugan ng Hadith na ito'y tunay ngang minamahal ng Allah ang isang alipin na makadiyos, at ang makadiyos ay yaong nagsasakatuparan ng mga ipinag-uutos sa kanya at umiiwas sa mga ipinagbabawal, at ang makontento naman ay yaong nakokontento sa kung anong mayroon sa kanya; tunay na siya ang makontentong kaibig-ibig sa Allah at wala na siyang pangangailangan bukod sa Allah at ang malihim sa kanyang pananampalataya ay siya yaong taong kapag nawala sa paningin ay hindi hinahanap at kapag natagpuan ay hindi kilala, subali't isa siyang dakila at katas-taasan sa paningin ng Allah.

## ANG MGA KABUTIHAN NG SURAH AL-MULK

٢٤- عَـنْ أَبِـيْ هُرَيْـرَةَ ﷺ، عَـنِ النَّبِـيِّ ﷺ قَـالَ: "إِنَّ سُـوْرَةً فِـي الْقُـرْآنِ ثَلاثُـوْنَ آيَـةً، شَـفَعَتْ لِصَـاحِبِهَا؛ حَتَّـى غُفِـرَ لَـهُ، تَبَٰرَكَ ٱلَّذِى بِيَدِهِ ٱلْمُلْكُ".

(سـورة الملـك: ١). (سـنن ابـن ماجـه، رقـم الحـديث ٣٧٨٦، و سـنن أبـي داود، رقـم الحـديث ١٤٠٠، وجـامع الترمـذي، رقـم الحـديث ٢٨٩١، واللفـظ لابـن ماجـه، قَـالَ الإمـام الترمـذي عـن هـذا الحديث: بأنه حديث حسن، وقال العلامة ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث بأنه: صحيح).

24- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: "Katotohanang may isang Surah sa Qur'an na naglalaman ng tatlumpung Ayah (talata), mananatiling mamagitan ito sa nagtataguyod nito hanggang sa patawarin siya (sa kanyang mga kasalanan), ito ay ang Surah Al-Mulk {Maluwalhati Siya ang may tangan ng Kapamahalaan (67:01)}".

Ibnu Majah [Hadith Bilang: (3786)] Abu Daud [Hadith Bilang: (1400)] At-Tirmidhi [Hadith Bilang: (2891)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito’y nabanggit na sa Hadith na ika-(13):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Itinuturo ng Hadith na ito ang iilang kahigtan ng Surah Al-Mulk.

2. Namamagitan lamang ang kabanata na ito sa sinumang nagbasa at nagsagawa ng itinuturo nito; habang siya'y sumusunod sa Allah at sa Kanyang Sugo (ﷺ) nang may pagmamahal at kataimtiman.

3. Naghihikayat ang Hadith na ito sa pangangalaga ng pinagpalang kabanata na ito sa pamamagitan ng pag-aaral, pag-unawa at pagsasakatuparan nito.

## PAGKA-UBLIGADO NG PANGANGALAGA SA SALAH

٢٥- عَـنْ بُرَيْـدَةِ بْـنِ الحُصَـيْبِ الْأَسْـلَمِيِّ ﷺ، قَـالَ: قَـالَ رَسُـوْلُ اللّهِ ﷺ: "اَلْعَهْـدُ الَّـذِي بَيْنَنَـا وَبَيْـنَهُمْ: اَلصَّـلاَةُ، فَمَـنْ تَرَكَهَـا، فَقَـدْ كَفَـرَ". (جـامع الترمـذي، رقـم الحـديث ٢٦٢١، وسـنن ابـن ماجـه، رقـم الحـديث ١٠٧٩، قـال الإمـام الترمـذي عـن هـذا الحـديث: بأنـه حسـن صـحيح غريـب، وقـال العلامـة محمـد ناصـر الدين الألباني عن هذا الحديث: بأنه صحيح).

25- Si Buraidah ibn Al-Husaib Al-Aslamie (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Ang kasunduan na namamagitan sa amin at sa kanila ay ang Salah (pagdarasal), kaya't ang sinumang tinalikuran ito, sa katunayan siya ay nagtakwil ng pananampalataya".

At-Tirmidhi [Hadith Bilang: (2621)] Ibnu Majah [Hadith Bilang: (1079)].

## Ang taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Buraidah ibn Al-Husaib Al-Aslamie, ang naging simula ng pagyakap niya sa Islam ay yaong sandaling dinaanan siya ng Sugo ng Allah (ﷺ), habang siya ay lumilikas patungong Madinah, na may kasamang mga tao ng di-humigit kumulang ng (80) katao mula sa kanyang nayon, at silang lahat ay

yumakap sa Islam at pinangunanan sila ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa huling Salah ng Isha'.

Siya ay nakapag-ulat ng (177) na Hadith sa mga aklat ng Sunnah.

Si Buraidah ay nanirahan sa kalupaan ng kanyang mamamayan, pagkaraan ay pumunta sa Sugo ng Allah (ﷺ) pagkatapos ng labanan sa Uhud, at nakibaka sa lahat ng labanan na kasama siya, pagkaraan ay lumipat sa Basra, at nagpatayo rito ng isang tahanan, pagkaraan ay lumabas siya mula rito upang sumalakay sa Khorasan, at pagkatapos ay nanirahan siya sa lunsod ng Marr hanggang sa siya ay binawian ng buhay dito taong ika-(62) o ika-(63) sa Hijri sa panahon ng pamumuno ni Yazid ibn Mu`awiyah.

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Pinagtitibay ng Islam na ang Salah ang siyang maliwanag na simbulo ng mga Muslim.
2. Itinuturo ng Hadith na ito ang kabawalan ng pagwawalang-bahala sa Salah sa anupamang kalagayan.
3. Ang Salah ay diwa ng Relihiyong Islam; kapag ito'y iniwanan, wala ng matitira na maliwanag na simbulo nito.

## ANG ISLAM AY RELIHIYON NG PAGPAPAUMANHIN

٢٦- عَـنْ مُعَـاذٍ ﵁ قَـالَ: خَرَجْنَـا مَـعَ رَسُـوْلِ اللّهِ ﷺ فِـيْ غَـزْوَةِ تَبُـوْكَ، فَكَـانَ يُصَـلِّي الظُّهْـرَ وَالْعَصْـرَ جَمِيْعًـا، وَالْمَغْـرِبَ وَالْعِشَـاءَ جَمِيْعًـا. (صحيح مسلم، رقم الحديث ٥٢- (٧٠٦)).

26- Si Mu`az (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Humayo kami sa digmaan sa Tabuk kasama ng Sugo ng Allah (ﷺ), kanyang isinasagawa ang Salah sa Dhuhr at Asr ng pinagsama, at gayundin ang Salah sa Maghrib at Isha ng pinagsama". Muslim [Hadith Bilang: 52 – (706)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito:**

Siya si Mu`ad ibn Jabal ibn `Amru ibn Aus, na si Abu Abdul Rahman (palayaw) Al-Ansari Al-Khazraji, isang dakilang Sahabi (Kasamahan ng Propeta), nasaksihan niya ang pagpupulong sa pagpangako sa `Aqabah, nasalihan din niya ang digmaan sa Badr at ang lahat ng digmaan, at siya ay yumakap sa Islam sa edad na (18) taong gulang.

Siya ang pinakamaalam sa mga Sahabah tungkol sa Halal (ipinahihintulot) at Haram (ipinagbabawal), at siya ay nakapag-ulat ng (157) na Hadith sa mga aklat ng Sunnah.

Nang ipadala siya ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa Yemen, siya ay itinalaga niyang tagapamahala rito, nguni't bumalik din siya pagkaraan ng pagkamatay ng Sugo (ﷺ), at pagkatapos ay nanirahan siya sa Sham, at siya ay binawian ng buhay dito dahil sa salot taong ika-(18) o ika-(17) sa Hijri, sa edad niyang (34) taong gulang.

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Itinuturo ng Hadith na ito ang kapahintulutan sa pagsasagawa ng Dhuhr at Asr na pinagsama, gayundin ang Magrib at Isha’ ng pinagsama sa una at huling oras nito.
2. Ang Islam ay magaan at hindi mahirap na Relihiyon, kaya’t tinanggal nito ang anumang nakapagdudulot ng kabalisaan at kahirapan, kaya naisabatas ang mga alituntunin ng pinagsamang pagdarasal upang padaliin ito para sa sambayanang Muslim.

3. Walang pagkasalungat sa pagitan ng Hadith na ito at sa sinabi ng Allah sa Qur'an: ((Katotohanan, ang pagdarasal ay isang tungkulin na itinagubilin para sa mga nananampalataya sa mga itinakdang oras nito)), sapagka't ang Hadith na ito ay para lamang sa mga hindi pangkaraniwang kalagayan, kung kinakailangan para sa sinumang hindi naman ito ginagawang kaugalian.

# ANG LAYUNIN SA BUHAY NG TAO AY ANG MATAMO ANG KALUGURAN NG ALLAH

٢٧- عَـنْ عَائِشَـةَ رَضِـيَ اللَّـهُ عَنْهَـا، قَالَـتْ: سَـمِعْتُ رَسُـوْلَ اللَّـهِ ﷺ يَقُـوْلُ: "مَـنِ الْـتَمَسَ رِضَـا اللَّـهِ بِسَـخَطِ النَّـاسِ كَفَـاهُ اللَّـهُ مُؤْنَـةَ النَّـاسِ، وَمَـنِ الْـتَمَسَ رِضَـا النَّـاسِ بِسَـخَطِ اللَّـهِ؛ وَكَلَـهُ اللَّـهُ إِلَـى النَّـاسِ". (جـامع الترمـذي، رقـم الحـديث ٢٤١٤، سـكت الإمـام الترمـذي هنـا ولم يقـل عـن هـذا الحـديث شـيئا، وقـال العلامـة محمـد ناصـر الـدين الألباني عن هذا الحديث بأنه: صحيح).

27- Si Aishah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Narinig ko sa Sugo ng Allah (ﷺ) na kanyang sinasabi: "Ang sinumang naghangad ng kaluguran ng Allah maging ang kapalit nito'y ang pagkapoot ng sangkatauhan, siya ay kakalingain ng Allah sa kasamaan ng sangkatauhan, datapuwa't ang sinumang naghangad ng kaluguran ng sangkatauhan na ang kapalit ay ang pagkapoot ng Allah, siya'y ipagkakatiwala ng Allah sa sangkatauhan".

At-Tirmidhi [Hadith Bilang: (2414)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(5):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Dapat mauuna ang pagsunod sa Panginoon kaysa sa (Kanyang) mga alipin.

2. Walang ibang paraan upang mapalapit sa Allah maliban sa taimtim na pagsunod at pagsamba sa Kanya lamang, sapagka't hindi naaabot ang kanyang habag maliban kung ito ay sa pamamagitan ng tamang pagsunod at pagsamba.

3. Sinuman ang ipinagpalit ang kanyang pananampalataya sa makamundong bagay at natakot sa mga tao, magkagayun sinunod niya sila sa pagsuway sa Allah; at hindi siya natakot sa Allah, hahamakin siya ng Allah at siya'y ipahiya at babaligtarin ang kanyang kalagayan.

## ANG ISLAM AY RELIHIYON NG PAKIKITUNGO SA MAGANDANG PARAAN

٢٨- عَـنْ أَبِـيْ ذر ﷺ قَـالَ: قَـالَ لِـيْ رَسُـوْلُ اللّهِ ﷺ: "اتَّـقِ اللّهَ حَيْثُمَـا كُنْـتَ، وَأَتْبِـعِ السَّـيِّئَةَ الحَسَـنَةَ؛ تَمْحُهَـا، وَخَـالِقِ النَّـاسَ بِخُلُـقٍ حَسَـنٍ".

(جـامع الترمـذي، رقـم الحـديث ١٩٨٧، قـال الإمـام الترمـذي عـن هـذا الحـديث بأنـه: حسـن صـحيح، وقال العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث بأنه: حسن).

28- Si Abu Dhar (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Sinabi sa akin ng Sugo ng Allah (ﷺ): "Matakot ka sa Allah saan ka man naroroon, at ang kasamaan ay pasundan mo ng kabutihan; na bubura nito, at pakitunguhan mo ang mga tao ng mahusay na pakikitungo".

At-Tirmidhi [Hadith Bilang: (1987)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(10):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ang pagkatakot ay isang paraan ng pangangalaga sa sarili mula sa pagkakasadlak sa kaparusahan ng Allah sa pamamagitan ng pagsagawa ng Kanyang mga kautusan at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal.

2. Ang mabuting pag-uugali ay yaong mabuti sa batas ng Islam at tanggap ng tamang pag-iisip, at ang isa sa mga

bunga nito’y ang pagpigil sa nakapipinsala, pagiging bukas-palad at ang pagtitiis sa mga pinsala.

3. Ang paggawa ng kabutihan ay nagbubura ng mga kasalanan, kaya’t ito’y isang habag ng Allah para sa sangkatauhan.

4. Ang Islam ay hinihikayat ang mga tao tungo sa mahusay na pakikitungo sa pamamagitan ng magandang paraan sa bawa’t aspeto ng buhay, ito man ay sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng Islam, paghubog at pagtuturo, maging sa pampamilya, panlipunan, kalakalan at politika.

## ANG DU`A (PANALANGIN) SA RUKU` AT SUJOOD

٢٩- عَـنْ عَائِشَـةَ رَضِـيَ اللَّـهُ عَنْهَـا قَالَـتْ: كَـانَ النَّبِـيُّ ﷺ يَقُـوْلُ فِـيْ رُكُوْعِـهِ وَسُـجُوْدِهِ: "سُـبْحَانَكَ اَللَّهُـمَّ رَبَّنَـا وَبِحَمْـدِكَ، اَللَّهُـمَّ اغْفِـرْ لِـيْ". (صحيح البخـاري، رقم الحديث ٧٩٤، وصحيح مسلم، رقم الحديث ٢١٧ – (٤٨٤)، واللفظ للبخاري).

29- Si Aishah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Lagi nang sinasabi ng Propeta (ﷺ) sa kanyang pag-ruku' (yuko) at pag-sujood (pagpapatirapa) ang "*Subhaanakallaahumma rabbanaa wa bihamdika, allaahum magh-firlee* (Kaluwalhatian sa iyo! O Allah na aming Panginoon at Kapuri-puri. O Allah! Patawarin Mo ako)". Al-Bukhari [Hadith Bilang: (794)] Muslim [Hadith Bilang: 217 – (484)].

## Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(5):

## Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:

1. Kaaya-ayang basahin ang Du`a na ito sa pagyuko at pagpapatirapa: "*Subhaanakallaahumma Rabbanaa wa bi hamdik, Allaahummag firli*" bilang pagsunod sa Propeta Muhammad (ﷺ).

2. Ang pagbigkas ng Tasbeeh at Du`a habang nakayuko at nakapatirapa ay kabilang sa mga napatunayang katuruan na ginawa ng Propeta (ﷺ).

3. Mayroon pang ibang mga salita na napatunayang ginawa ng Propeta (ﷺ) sa Tasbeeh, sa Du`a at Dikr sa pagyuko at pagpapatirapa, subali't sadyang iniwan natin upang mapaikli ang pagpapaliwanag.

# ANG KATAYUAN NG MGA MASJID AT ANG KABUTIHAN NG PAGSADYA RITO UPANG MAGTAGUYOD NG PAGSAMBA SA ALLAH

٣٠- عَـنْ أَبـيْ هُرَيْـرَةَ ﷺ، عَـنِ الـنَّبيِّ ﷺ قَـالَ: "مَـنْ غَـدَا إِلَـى الْمَسْـجِدِ وَرَاحَ، أَعَـدَّ اللّٰهُ لَـهُ نُزُلَـهُ مِـنَ الْجَنَّـةِ، كُلَّمَـا غَـدَا أَوْ رَاحَ". (صحيح البخـاري، رقـم الحديث ٦٦٢، وصحيح مسلم، رقم الحديث ٢٨٥- (٦٦٩)، واللفظ للبخاري).

30- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: "Ang sinumang pumunta sa Masjid sa madaling araw at sa hapon, siya'y paglalaanan ng Allah ng napakagandang matutuluyan sa Paraiso, sa tuwing siya'y pumunta sa madaling araw o sa hapon". Al-Bukhari [Hadith Bilang: (662)] Muslim [Hadith Bilang: 285 – (669)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(13):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ipinapaliwanag ng Hadith na ito ang katayuan ng mga Masjid sa paningin ng Allah at ang kabutihan nito sa sinumang nagsadya rito upang itaguyod ito sa pamamagitan

ng pagsamba sa Allah, paggunita sa Kanya at pasasalamat sa Kanya.

2. Dapat na maniwala na ang Paraiso ay nilikha (ng Allah), at ito’y umiiral sa ngayon, at hindi kailanman maglalaho, at katotohanang ang Allah ay naghanda roon ng iba't ibang uri ng biyaya para sa Kanyang mga kakampi (na mananampalataya) sa patuloy nilang pananampalataya.

3. Naghihikayat ang Hadith na ito tungo sa pagtataguyod ng mga Masjid sa pamamagitan ng pagsunod sa Allah, kaya nararapat sa isang Muslim na dakilain ang mga Masjid at pumasok siya rito na suot ang magagandang kasuutan, mahusay na kaanyuan at mabangong amoy at hindi ng masamang kaanyuan.

4. Ang kahulugan ng Gadwah at Rawha sa Hadith na ito ay ang pagpunta sa mga Masjid at pagbalik mula rito.

# ANG KABUTIHAN NG PAGPAPALUWAG SA PAGBENTA AT PAGBILI

٣١- عَـنْ أَبِـي هُرَيْـرَةَ ﷺ قَـالَ: قَـالَ رَسُـوْلُ اللَّـهِ ﷺ: "مَـنْ أَقَـالَ مُسْـلِمًا، أَقَالَـهُ اللَّـهُ عَثْرَتَـهُ يَـوْمَ الْقِيَامَـةِ". (سنن ابن ماجه، رقم الحديث ٢١٩٩، وسنن أبي داود، رقم الحديث ٣٤٦٠، واللفظ لابن ماجه، قَالَ العلامة محمد ناصر الدين الألباني وغيره عن هذا الحديث: بأنه صحيح).

31- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Ang sinumang magpasensiya at umunawa sa isang Muslim; sa kanya'y magbibigay din ang Allah ng pasensiya at unawa sa magiging kapahamakan nito sa Araw ng Pagbabangong Muli".

Ibnu Majah [Hadith Bilang: (2199)] Abu Daud [Hadith Bilang: (3460)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(13):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ang Iqalah ayon sa pagpapakahulugan ng mga eskolar ay ang pagpapawalang-bisa ng isang kontrata ayon sa

pinagkasunduan ng magkabilang panig; ang nagbenta at ang bumili.

2. Ang Iqalah ay isang paraan ng paggawa ng kabutihan, pagmamahalan at pagpapagaan sa mga tao, kahinahunan para sa kanila at paghahandog ng kawang-gawa para sa kanila at ang pagpapaumanhin sa kanilang mga kamalian ay bagay na dapat isaalang-alang ng isang Muslim ayon sa batas ng Islam.

3. Ang paraan ng Iqalah sa bentahan ay ganito: Kapag bumili ang isang tao mula sa iba at pagkatapos ay nagsisi siya sa kanyang binili, maaring ito’y dahil sa nadaya siya o dahil wala siyang pangangailangan dito o kawalan ng halaga nito, magkagayun kanyang isinauli ang kanyang binili sa nagbenta at tinanggap naman ng nagbenta ang pagsauli nito.

4. Itinuturing ang gawaing ito na isang pagmamagandang loob ng nagbenta sa bumili, sapagka't nangyari na ang bentahan sa pagitan nilang dalawa na hindi na maaaring pawalan ng bisa maliban kung ito ay pinahintulutan ng nagbenta.

## ANG PAGHIHIKAYAT SA PAGTUPAD NG MGA KARAPATAN NANG GANAP AT SUBRA

٣٢- عَـنْ جَـابِرِ بْـنِ عَبْـدِ اللَّـهِ رَضِـيَ اللَّـهُ عَنْهُمَـا قَـالَ: قَـالَ رَسُـوْلُ اللهِ ﷺ:

"إِذَا وَزَنْـتُمْ فَـأَرْجِحُوْا". (سنن ابـن ماجـه، رقـم الحـديث ٢٢٢٢، قَالَ العلامـة محمـد ناصـر الـدين الألباني وغيره عن هذا الحديث: بأنه صحيح).

32- Si Jabir ibn Abdullah (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Kung kayo’y magtitimbang, inyong subrahan". Ibnu Majah [Hadith Bilang: (2222)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito:**

Siya si Jabir ibn Abdullah Al-Ansarie, isang dakilang Sahabi na nanumpa ng katapatan sa Propeta (ﷺ) sa gabi ng (pagpupulong sa) Aqabah kasama ang kanyang ama, at isa rin siya sa nanumpa ng katapatan sa Propeta (ﷺ) sa tinaguriang Bai`ah Ar-Ridwan. Siya ay isa sa mga kinabibilangang may maraming ulat na Hadith at umabot ang kanyang naiulat ng (1540) na Hadith, at binawian siya ng buhay noong ika-(73) sa Hijri, datapuwa't may nagsasabing taliwas dito.

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ang tunay na mananampalataya sa Allah ay nag-aangkin ng katangiang pangkatarungan at kawastuhan, sapagka’t ang

katarungan ay personal na katangian, at ang kawastuhan naman ay katangiang pangkatalinuhan, at umiiwas siya sa pandaraya, sapagka't ang pandaraya ay pagkukumpleto sa pansariling karapatan mula sa mga tao sa pagtimbang at pagsukat, samantalang pagbawas at pagkulang naman sa pagtimbang at pagsukat sa mga karapatan ng mga tao.

2. Dapat maging katangian ng isang Muslim ang kaluwagan ng loob; nang sa gayon ay kanyang mapakitunguhan ang mga tao sa mabuting paraan at kaluwagan ng pag-iisip, na kung saan ay kanyang maipagkaloob sa mga tao ang kanilang karapatan ng tama at tumpak.

3. Ang taong mandaraya ay laging kulang ang ibinabahagi sa iba at hindi tumpak; kung siya ang bumibili nais niyang labis-labis ang kanyang natatanggap; datapuwa't kung siya naman ang nagbebenta nais niyang kulang ang naibibigay niya sa bumibili. Kaya ang isang tapat na Muslim ay yaong sumusunod sa landas ng katapatan at napagkakatiwalaan sa pagbenta at pagbili, sa pagkuha at pagbigay; ng walang sinumang dinadaya at nililinlang.

## ANG MGA MUSLIM AY TULAD NG ISANG GUSALI NA NAGKAKAPITAN SA ISA'T ISA

٣٣- عَـنْ أبِـيْ مُوْسَـى ﷺ قَـالَ: قَـالَ رَسُـوْلُ اللّهِ ﷺ: "الْمُـؤْمِنُ لِلْمُـؤْمِنِ كَالْبُنْيَـانِ يَشُـدُّ بَعْضُـهُ بَعْضـاً". (صحيح البخاري، رقم الحديث ٢٤٤٦، وصحيح مسلم، رقم الحديث ٦٥ - (٢٥٨٥)، واللفظ لمسلم).

33- Si Abu Musa (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Ang mananampalataya sa kapwa niya mananampalataya ay katulad ng haligi ng isang gusali na nagpapatibay at nagtutuwid sa isa’t isa". Al-Bukhari [Hadith Bilang: (2446)] Muslim [Hadith Bilang: 65 – (2585)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito:**

Siya si Abu Musa, Abdullah ibn Qais ibn Salim Al-Ash`arie Al-Yamanie, siya ay dumating sa Makkah at di-naglaon ay yumakap sa Islam at pagkatapos ay bumalik sa Yemen at nagtungo sa Ethiopia, at pagkaraan ay nagtungo naman sa Madinah pagkatapos ng pagkatagumpay sa Khaybar, lumahok siya sa Jihad at mga labanan, siya ang may pinakamagandang boses sa pagbasa ng Qur'an sa mga Sahabah, siya ay masigasig sa pagsamba, may angking kaalaman at katalinuhan, at umiiwas sa karangyaan ng buhay. Siya ay namatay taong ika-(44) sa Hijri, sa Kufa o sa

Madinah, at may nagsasabing hindi ito ang taon ng kanyang pagkamatay.

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ang Hadith na ito ay dakila, naghihiyakat tungo sa kapatiran, pagmamahalan at pagtutulungan ng mga Muslim sa isa't isa; nais ng isa sa kanila para sa kapatid ang anumang nais nila para sa sarili, ganito ang paglalarawan sa kanila ng Propeta (ﷺ).

2. Inilalarawan ng Hadith na ito ang pagtutulungan ng mga Muslim sa isa't isa na katulad ng isang gusaling pinagtitibay ng isang bahagi ang iba pang bahagi.

3. Napapaloob sa Hadith na ito ang panawagan sa mga Muslim tungo sa pagkakaisa, pagtutulungan sa kabutihan at pagkatakot sa Allah, at magkaisang panghawakan ang lubid (Relihiyon) ng Allah, ng huwag maghiwa-hiwalay at mag-aagawan.

## ANG GANAP NA KASIYAHAN AY NASA TAONG UMIIWAS SA MGA TUKSO

٣٤- عَـنْ الْمِقْـدَادِ بْـنِ الْأَسْـوَدِ ﷺ، قَـالَ أَيْـمُ اللهِ لَقَـدْ سَـمِعْتُ رَسُـوْلَ اللهِ ﷺ يَقُـوْلُ: "إِنَّ السَّـعِيدَ لَمَـنْ جُنِّـبَ الْفِـتَنَ، إِنَّ السَّـعِيدَ لَمَـنْ جُنِّـبَ الْفِـتَنُ، إِنَّ السَّـعِيدَ لَمَنْ جُنِّـبَ الْفِـتَنُ، وَلَمَـنْ ابْتُلِـيَ؛ فَصَـبَرَ فَوَاهًـا". (سـنن أبـي داود، رقـم الحديث ٤٢٦٣، قَالَ العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث بأنه: صحيح).

34- Si Al-Miqdad ibn Al-Aswad (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Sumpa man sa Allah! Tunay na aking narinig sa Sugo ng Allah (ﷺ) na kanyang sinasabi: "Ang tunay na kasiyahan ay nasa taong inilayo sa kanya ang mga tukso, ang tunay na kasiyahan ay nasa taong inilayo sa kanya ang mga tukso, ang tunay na kasiyahan ay nasa taong inilayo sa kanya ang mga tukso, kaya ang sinumang idinaan sa pagsubok at siya'y naging matiyaga rito, siya ay mapalad at kahanga-hanga". Abu Daud [Hadith Bilang: (4263)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito:**

Siya si Al-Miqdad ibn Am'r, na kilala sa pangalang Al-Miqdad ibn Al-Aswad Al-Kanadie, isa sa mga malalapit sa Sugo (ﷺ), at siya ang unang tinaguriang Faris (mangangabayong magiting na mandirigma) sa Islam, at siya ay kabilang sa mga dakila, marangal at magandang lalaki sa mga kasamahan ng Propeta (ﷺ), siya ay napakabilis tumugon kapag inaaanyayahan sa Jihad hanggang sa kanyang

katandaan, siya rin ang pinakauna sa nakipaglaban sa Persia sa Landas ng Allah, at nakibaka siya sa pakikipaglaban sa labanan sa Bad'r, sa Uhud, sa Khandaq at sa lahat ng labanan na kasama ang Sugo ng Allah (ﷺ).
Siya ay nakapag-ulat ng (42) na Hadith sa mga aklat ng Sunnah.
Si Al-Miqdad ay lagi ng mapagbigay, sa katunayan siya ay nagbigay ng habilin para kay Al-Hasan at Al-Husain ng (36) libo, at sa mga ina ng mga mananampalataya (mga asawa ng Propeta (ﷺ) ng (7) libong Dirham sa bawa't isa sa kanila.

Si Al-Miqdad ay binawian ng buhay sa lunsod ng Juruf na may layong tatlong milya mula sa Madinah taong ika-(33) sa Hijri sa kapanahunan ng pamumuno ng Ameerul Mu'mineen na si Uthman ibn Affan, na ang edad niya sa panahon na yaon ay (70) taon, pagkaraan ay dinala siya sa Madinah, at si Uthman ibn Affan ang nakapagsagawa sa kanya ng Salaatul Janazah (dasal para sa patay), at siya ay nailibing sa Baqi`.

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Nakakamit ang kaligtasan mula sa tukso, katiwasayan, maayos na pamumuhay, pagkakaroon ng maraming kabutihan at biyaya sa bansa sa pamamagitan ng banal na pagkatakot sa Allah.

2. Ang Islam ay Relihiyon ng habag at katahimikan, katiwasayan at kaligtasan; dahil dito iniiwas ng Allah ang mga Muslim mula sa mga tukso, Siya ay nagsabi: ((At inyong katakutan ang Fitnah (kaguluhan, tukso, atbp.) na hindi lamang tanging daranasin niyaong mga gumagawa ng kamalian sa inyo, sapagka't alalahanin na ang Allah ay mahigpit sa pagpataw ng parusa)). Anfal (8:25).

3. Ang nararapat sa isang Muslim sa panahon ng pagsubok at tukso ay magtiis at manguna sa paggawa ng mga kabutihan at magpakaabala sa pagsamba sa Allah.

4. Ang kahulugan ng Fawahan (sa Hadith na nabanggit) ay pagbubuntong-hininga, at ang tinutukoy nito ay kasawian sa taong tuwirang gumagawa ng tukso at patuloy itong ginagawa, at may nagsabi na ito ay isang paghanga, na ang ibig sabihin ay kahanga-hanga ang taong nakapagtitiis mula sa tukso.

## ANG DU`A (PANALANGIN) SA KAPATAWARAN NG PAGPUPULONG

٣٥- عَـنْ أَبِـيْ هُرَيْـرَةَ ﷺ، قَـالَ: قَـالَ رَسُـوْلُ اللّهِ ﷺ: "مَـنْ جَلَـسَ فِـيْ مَجْلِسٍ، فَكَثُـرَ فِيْـهِ لَغَطُـهُ، فَقَالَ قَبْـلَ أنْ يَقُـوْمَ مِـنْ مَجْلِسِـهِ ذَلِـكَ: سُبْحَانَكَ اللَّهُـمّ وَبِحَمْـدِكَ أَشْـهَدُ أنْ لاَ إِلَـهَ إِلاَّ أَنْـتَ أَسْـتَغْفِرُكَ وَأتُـوْبُ إِلَيْـكَ، إِلاَّ غُفِـرَ لَهُ مـاَ كَـانَ فِـيْ مَجْلِسِـهِ ذَلِـكَ". (جـامع الترمـذي، رقـم الحـديث ٣٤٣٣، قـال الإمـام الترمـذي عن هذا الحـديث: بأنـه حسـن صحيح غريـب، وقَـالَ العلامـة محمـد ناصر الـدين الألبـاني وغـيره عـن هـذا الحديث: بأنه صحيح).

35- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Ang sinumang dumalo sa isang pagpupulong at nakapagsalita rito ng maraming di-magagandang salita, nguni't bago siya tumayo sa pagpupulong niyang ito ay nagsabi ng: *Subhaanakallaahumma wa bihamdika, ash-hadu allaa ilaaha illa anta, astagh-firuka wa atoobu ilayka* (Kaluwalhatian sa Iyo, O Allah! At purihin Ka, ako ay sumasaksi na walang ibang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Iyo. Hinihiling ko sa Iyo ang kapatawaran ng aking mga kasalanan at tanggapin ang aking pagsisisi), kundi sa kanya'y patatawarin ang anumang nagawa niyang pagkakamali sa pagpupulong niyaon". At-Tirmidhi [Hadith Bilang: (3433)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(13):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Nararapat sa isang Muslim ang paggunita sa Allah sa lahat ng kanyang pagpupulong, pagtitipon, pagpupuyat, panayam, paglalakbay, pananatili, handaan, pagdiriwang at sa lahat ng kalagayan ng kanyang buhay.

2. Ang panalangin na ito ay hindi ipinapahintulot sa mga nagtitipon na gumagawa ng mga kasalanan sa pamamagitan ng dila, katulad ng panlilibak, tsismis at mga salitang nanunuligsa sa dangal ng mga tao at sa kanilang mga pagkakamali sa alinmang pagpupulong.

3. Kanais-nais na isaulo ito ng isang Muslim at basahin sa bawa’t pagpupulong.

# ANG ILAN SA MGA ALITUNTUNIN NG PAGMAMANA AT TAGAPAGMANA

٣٦- عَـنْ أُسَـامَةَ بـنِ زيـدٍ رَضِـيَ اللهُ عَنْهُمَـا، أنَّ النَّبِـيَّ ﷺ قَـالَ: "لاَ يَـرِثُ الْمُسْـلِمُ الْكَـافِرَ، وَلاَ الْكَـافِرُ الْمُسْـلِمَ". (صـحيح البخـاري، رقـم الحـديث ٦٧٦٤، وصـحيح مسلم، رقم الحديث ١ – (١٦١٤)، واللفظ للبخاري).

36- Si Usamah ibn Zaid (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Katotohanan, ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: "Walang karapatang tumanggap ng pamana ang isang Muslim sa hindi muslim at gayon din naman ang hindi muslim sa isang Muslim". Al-Bukhari [Hadith Bilang: (6764)] Muslim [Hadith Bilang: 1 – (1614)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito:**

Minahal ng Sugo ng Allah (ﷺ) si Usamah ibn Zaid ibn Harithah, ang kanyang ama'y si Zaid ibn Harithah na tagapaglingkod ng Sugo ng Allah (ﷺ) na mas ginustong mamuhay sa piling ng Sugo (ﷺ) kaysa sa piling ng kanyang ama, ina at pamilya.

Si Usamah ay nag-aangkin ng halos lahat ng dakilang mga katangian na siyang nagpalapit sa puso ng Sugo (ﷺ) at nagpadakila sa kanyang pagtingin.

Ang dakilang Sahabi na ito ay napakatalino, at may pambihirang katapangan, isang maalam na kung saan ay nailalagay niya ang lahat ng bagay sa dapat nitong kalalagyan, isang busilak na umiiwas sa

masama't kahalayan, siya'y mapagmahal kaya siya ay minahal ng mga tao, banal at makadiyos; kaya pinili siya ng Sugo ng Allah (ﷺ) bilang pinuno ng isang sandatahang hukbo sa kabila ng kanyang kabataan, sa edad niyang di-humigit kumulang ng dalawampung taon, kabilang sa mga miyembro nito at mga kawal ay sina Abu Bakr at Umar, gayundin ang nakatataas sa mga Ansar at nakatatanda sa mga nagsilikas, datapuwa't binawian ng buhay ang Sugo ng Allah (ﷺ) bago humayo ang sandatahang ito sa paroroonan nito. Pagkaraan ay isinugo siya ni Abu Bakr As-Siddiq matapos na maipagpaalam siya na pahintulutan siya ni Umar upang manatili sa piling niya sa Madinah, at pagkaraan ay bumalik si Usamah kasama ang kanyang sandatahang hukbo nang ligtas at tagumpay. Siya ay nakapag-ulat ng (118) na Hadith sa mga aklat ng Sunnah.

Si Usamah ibn Zaid ay lumayo sa mga kaguluhan matapos na mapatay si Uthman ibn Affan, at pagkatapos ay nanirahan siya sa isang pook na malapit sa Damasco, pagkaraan ay bumalik siya sa Madinah, at siya ay binawian ng buhay sa Juruf taong ika-(54) sa Hijri sa edad niyang (61) taon, at nailibing siya sa Madinah.

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Itinuturo ng Hadith na ito na kailanman ay hindi maaaring kumuha ng mana ang isang Muslim sa di-muslim, gayundin naman ang di-muslim sa Muslim, kahit pa man pumasok na sa Islam ang di-muslim bago hatiin ang mana o hindi, ito ang katuruan ng karamihan sa mga eskolar na siyang tumpak, katulad din nito ang hatol sa Murtad (Muslim na tumalikod sa Islam): Hindi siya maaaring kumuha ng mana sa isang Muslim at hindi rin maaaring kumuha ng mana ang isang Muslim sa kanya.

2. Mayroong ibang eskolar na nagsasabing maaaring kumuha ng mana ang isang Muslim sa di-muslim, nguni't hindi pa rin maaaring kumuha ng mana ang di-muslim sa isang Muslim, subali't kapag pumasok sa Islam ang di-muslim bago hatiin ang mana ay maaari siyang kumuha ng mana at kapag hindi ay hindi rin siya makakakuha.

3. Kabilang sa mga kabutihan ng Islam ay ang pagbibigay linaw sa mga alituntunin ng pagmamana at tagapagmana, samantalang wala ito sa batas ng Hinduismo.

# ANG PAGHAYAG NG KAPAKUMBABAAN NG ISANG MUSLIM AT PANGANGAILANGAN NIYA SA ALLAH

٣٧- عَـنْ أَبِـيْ هُرَيْـرَةَ ﷺ قَـالَ: قَـالَ رَسُـوْلُ اللّٰهِ ﷺ: "إِذَا تَشَـهَّدَ أَحَـدُكُمْ، فَلْيَسْـتَعِذْ بِـاللّٰهِ مِـنْ أَرْبَـعٍ، يَقُـوْلُ: اَللَّهُـمَّ! إِنِّـيْ أَعُـوْذُ بِـكَ مِـنْ عَـذَابِ جَهَـنَّمَ، وَمِـنْ عَـذَابِ الْقَبْـرِ، وَمِـنْ فِتْنَـةِ الْمَحْيَـا وَالْمَمَـاتِ، وَمِـنْ شَـرِّ فِتْنَـةِ الْمَسِـيحِ الـدَّجَّالِ". (صحيح مسـلم، رقـم الحـديث ١٢٨- (٥٨٨)، وصـحيح البخـاري، رقـم الحـديث ١٣٧٧، واللفظ لمسلم).

37- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Kapag nagsagawa ng Tashahhud ang isa sa inyo ay dapat siyang magpakupkop sa Allah sa apat, kanyang sasabihin: *Allaahumma innee a`udhu bika min `adhaabi jahannam, wa min `adhaabil qabri, wa min fitnatil mahyaa wal mamaat, wa min sharri fitnatil maseehid dajjaal* (O Allah! Katotohanang ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa paghihirap sa Apoy ng Impiyerno, mula sa kaparusahan ng libingan, mula sa mga pagsubok at pagdurusa ng buhay at kamatayan at mula sa mga kasamaan ng mga pagsubok ng Bulaang Kristo)".

Muslim [Hadith Bilang: 128 – (588)] Al-Bukhari [Hadith Bilang: (1377)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(13):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ang pagpapakupkop sa apat na ito ay nagpapahiwatig sa kapakumbabaan ng tao, ng kanyang pagmamahal, pagiging alipin at pangangailangan sa Allah.

2. Kananais-nais na basahin ang panalangin na ito sa huling Tashahhud ng Salah.

3. Napapaloob sa Hadith na ito ang isang patunay sa pagkaroon ng masamang pagsubok (tukso) ng Bulaang kristo, at ito na rin ang pinakamalaking pagsubok sa mga tao simula sa paglikha kay Adam hanggang sa Huling Araw dahil sa kapangyarihang ibinigay sa kanya ng Allah.

4. Ang tunay na kahulugan ng libingan ay ang lugar ng isang kaluluwa sa mundo ng Barzakh, at nangangahulugan din ito ng mga lugar kung saan inililibing ang mga patay, subali't kapag binasa ng isang nananalangin ang panalangin na ito: "*Allaahumma innee A`udhu bika min adhaabil qab'r*": ang tinutukoy dito ay ang parusa sa Barzakh sa pagitan ng kanyang kamatayan at Pagkabuhay muli.

## ANG KAHALAGAHAN NG LAYUNIN AT ANG KABUTIHAN NITO SA ISLAM

٣٨- عَـنْ جَـابِرٍ ﷺ قَـالَ: قَـالَ رَسُـوْلُ اللهِ ﷺ: "يُحْشَـرُ النَّـاسُ عَلَـى نِيَّـاتِهِمْ".

(سنن ابن ماجه، رقم الحديث ٤٢٣٠، وقال العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث: بأنه صحيح، وصحيح مسلم، جزء من رقم الحديث ٨٣ – (٢٨٧٨)، واللفظ لابن ماجه).

38- Si Jabir (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Titipunin ang sangkatauhan ayon sa kanilang mga layunin". Ibnu Majah [Hadith Bilang: (4230)] Muslim [Hadith Bilang: 83 – (2878)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(32):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ipinapahiwatig ng Hadith na ito ang halaga ng layunin, kabutihan at kahigtan nito sa Relihiyong Islam, at ang batayan ng isang gawain ay ayon sa mabuting layunin na para lamang sa Allah at alinsunod sa Kanyang katuruan.

2. Ang Niyyah: Ito ay ang paglalayon sa isang bagay na may kasamang gawain; samakatwid, kung nilayon niya, nguni't hindi naman niya ginawa, ito'y matatawag na Az'm (pagpapasya lamang), kaya ang katotohanan ng layunin ay may ugnayan sa takdang bagay na nilalayon.

3. Tunay na binanggit ng Qur'an ang mabuting layunin sa iba't ibang katawagan, katulad ng: paghahangad ng Kabilang buhay, paghahangad sa Mukha ng Allah, o paglalayon ng Kanyang Mukha at Kanyang mga habag.

**PAGHIHIKAYAT SA PAG-DU`A SA GABI**

٣٩- عَـنْ جَـابِرٍ ﷺ، أَنَّ رَسُـوْلَ اللهِ ﷺ قَـالَ: "إِنَّ مِـنَ اللَّيْـلِ سَـاعَةً، لاَ يُوَافِقُهَـا عَبْدٌ مُسْلِمٌ، يَسْأَلُ اللهَ خَيْرًا، إِلاَّ أَعْطَاهُ إِيَّاهُ". (صحيح مسلم، رقم الحديث ١٦٧ – (٧٥٧)، ).

39- Si Jabir (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Katotohanang may isang oras sa gabi, na kapag ang panalangin ng isang lingkod na Muslim ay natapat dito habang siya'y nananalangin sa Allah ng mabuti, sa kanya'y ipagkakaloob ito". Muslim [Hadith Bilang: 167 – (757)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(32):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Naglalaman ang Hadith na ito ng paghihikayat tungo sa kabutihan ng panalangin sa lahat ng oras ng gabi sa pag-asang matapat sa oras ng pagtugon (ng panalangin).

2. Ang mabiyayang oras na ito ay itinago ng Allah upang magsumikap ang mga tao sa pag-aabang nito sa lahat ng bahagi ng gabi, katulad ng kanyang pagtago sa oras ng Jum`ah upang magsumikap ang mga tao at kanilang antabayanan ito sa lahat ng oras.

3. Naglalaman ang Hadith na ito ng paghihikayat tungo sa panalangin at paghingi ng kapatawaran sa lahat ng oras ng gabi hanggang sa bukang-liwayway, gayunpaman ang huling bahagi ng gabi ay mas mainam pa rin para sa pagdarasal, panalangin at paghingi ng kapatawaran kaysa sa unang bahagi nito.

# ANG SALAH ANG ISA SA PINAKAMALAKING KADAHILANAN NG PAGTABOY SA PAGKALIGALIG

٤٠- عَـنْ حُذَيْفَـةَ ﷺ قَـالَ: "كَـانَ الـنَّبيُّ ﷺ إِذَا حَزَبَـهُ أَمْـرٌ صَـلَّى". (سنن أبـي داود، رقم الحديث ١٣١٩، قال العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث: بأنه حسن).

40- Si Huzaifah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: “Nakaugalian ng Propeta (ﷺ), na kapag siya’y dinapuan ng malaking suliranin, siya ay nagsasagawa ng Salah”. Abu Daud [Hadith Bilang: (1319)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito’y nabanggit na sa Hadith na ika-(4):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Itinuturo ng Hadith na ito na ang Salah ay isang malaking tulong para sa katatagan, subali't wala itong takdang panalangin, bagkus maaaring manalangin dito ang isang Muslim ng kahit anong nais niyang panalangin nang walang pagtatakda. Pinapatunayan ito ng Qu'ran ayon sa sinabi ng Allah: {At humingi kayo ng tulong (sa Allah) sa pamamagitan ng patitiis at pagdarasal. At tunay na ito ay sadyang mahirap gawin maliban sa mga mapagkumbaba (sa Kanya)}. Al-Baqarah (2:45).

At sinabi pa Niya: {O kayong mga mananampalataya, humingi kayo ng tulong (sa Allah) sa pamamagitan ng pagtitiis at pagdarasal, tunay na ang Allah ay lagi ng nasa panig ng mga matiisin}. Al-Baqarah (2:153).
Samakatwid, ang pagdarasal ang pinakamahusay na dahilan upang pigilin ang salot, pawiin ang suliranin at itulak ang tukso o kaguluhan.

2. Ipinapahiwatig ng Hadith na ito na maging ang pinuno ng mga Propeta (na si Muhammad ﷺ), ang pinakamamahal ng Allah sa lahat ng nilalang ay dumudulog din sa pagdarasal kapag may mabigat na suliranin, kaya't dapat natin siyang tularan dito.

# ANG KABUTIHAN NG PAGSUOT NG KULAY PUTI SA MGA DAMIT AT ANG PAGBALOT NITO SA MGA PATAY

٤١–عَـنْ عَبْـدِ اللهِ بْـنِ عَبَّـاسٍ رَضِـيَ اللَّـهُ عَنْهُمَـا قَـالَ: قَـالَ رَسُـولُ اللَّـهِ ﷺ: "اِلْبَسُـوا مِـنْ ثِيَـابِكُمْ الْبَيَـاضَ؛ فَإِنَّهَـا مِـنْ خَيْـرِ ثِيَـابِكُمْ، وَكَفِّنُـوْا فِيْهَـا مَوْتَـاكُمْ". (جـامع الترمـذي، رقـم الحـديث ٩٩٤، وسـنن أبـي داود، رقـم الحـديث ٣٨٧٨، و سـنن ابـن ماجـه، رقـم الحـديث ١٤٧٢، وقـال الإمـام الترمـذي عـن هـذا الحـديث بأنـه: حسـن صـحيح، واللفـظ للترمـذي، وقَـالَ العلامـة محمـد ناصـر الـدين الألبـاني عن هذا الحديث بأنه: حسن صحيح).

41- Si Abdullah ibn Abbas (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Magsuot kayo ng kulay puti sa inyong mga damit, sapagka't ito ang pinakamainam (na kulay) sa inyong mga damit, at ito rin ang ipambalot ninyo sa mga patay ninyo".

At-Tirmidhi [Hadith Bilang: (994)] Abu Daud [Hadith Bilang: (3878)] Ibnu Majah [Hadith Bilang: (1472)].

## Ang taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abdullah ibn Abbas, isang kilalang Sahabi (Kasamahan ng Propeta), ang kanyang palayaw ay Abul Abbas, isa sa mga pantas ng mga Sahabah, at isa sa mga matatalinong tao sa sambayanang muslim, at isa sa mga pinuno ng mga tagapagpaliwanag sa banal na Qur'an (Tafseer). Siya ay pinsang buo ng Sugo ng Allah (ﷺ), siya’y ipinanganak tatlong taon bago

ang paglikas sa Madinah sa isang lugar na tinatawag na Shi`b bago lisanin ito ng angkan ni Hashim, at pagkatapos ay namalagi siya sa Propeta (ﷺ), kaya't marami siyang natutunan na kaalaman mula sa kanya (ﷺ). Ang kanyang naiulat ay umabot ng (1660) na Hadith, at siya'y (13) taong gulang pa lamang nang binawian ng buhay ang Sugo ng Allah (ﷺ). Hinirang siya ni Ali ibn Abu Thalib bilang pinuno ng Basra (sa Iraq), at siya ay namatay sa Taif taong ika-(68) sa Hijri, sa edad na (70) taong gulang, datapuwa’t may nagsasabing (71) o (74) taong gulang.

## Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:

1. Itinuturo ng Hadith na ito ang kabutihan ng pagsuot ng puting damit at gayundin sa pagbalot ng patay dahil sa ito ang pinakamalinis at pinakamaganda sa lahat ng kulay; ang kagandahan nito ay malinaw at ang kadalisayan nito ay dahil sa nakikita ng malinaw ang mantsa o dumi na nakakapit dito, kaya hinuhugasan at nagiging malinis.

2. Ayon sa Hadith na ito ay magkatulad ang hatol (paraan ng pagbalot) sa lalaki at babae, sapagka’t walang patunay na may kaibahan ang paraan (ng pagbalot); kaya sinuman ang magsabing may kaibahan ay nangangailangan ng katibayan, ang mga kababaihan ay katuwang ng mga kalalakihan, kaya’t anuman ang isinabatas ng Allah sa mga kalalakihan na batas islamiko ay saklaw ang mga kababaihan maliban kung may patunay na hindi sila nasasaklawan ng naturang batas.

# MGA KAAYA-AYA SA ORAS NG IFTAR

٤٢- عَنْ أَنَس بْنِ مَالِكٍ ﷺ، يَقُوْلُ: كَانَ رَسُولُ اللهِ ﷺ: يُفْطِرُ عَلَى رُطَبَاتٍ قَبْلَ أَنْ يُصَلِّيَ، فَإِنْ لَمْ تَكُنْ رُطَبَاتٌ، فَعَلَى تَمَرَاتٍ، فَإِنْ لَمْ تَكُنْ، حَسَا حَسَوَاتٍ مِنْ مَاءٍ". (سنن أبي داود، رقم الحديث ٢٣٥٦، وجامع الترمذي، رقم الحديث ٦٩٦، قال الإمام الترمذي عن هذا الحديث بأنه: حسن غريب، واللفظ لأبي داود، وقَالَ العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث بأنه: حسن صحيح).

42- Si Anas ibn Malik (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinasabi: Nakaugalian ng Sugo ng Allah (ﷺ), na siya'y kumain ng mga Rutab (sariwang datiles) sa Iftar bago siya magsagawa ng Salah; at kung walang Rutab ay Tam'r (tuyong datiles), at kung wala nito ay ilang lagok ng tubig". Abu Daud [Hadith Bilang: (2356)] At-Tirmidhi [Hadith Bilang: (696)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(8):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Kanais-nais kumain ng mga Rutab sa Iftar bago magdasal ng Maghrib; kung walang Rutab ay Tam'r at kung wala nito ay ilang lagok ng tubig at kung wala ang mga ito ay kumain ng anumang Halal (malinis at ipinahintulot) na pagkain.
2. Ang Pag-aayuno ay isang uri ng pagsamba sa Allah sa pamamagitan ng pag-iwas (o pagtitiis) sa mga nakasisira ng pag-aayuno mula bukang-liwayway hanggang sa paglubog ng araw.

# DAPAT IPATIRAPA ANG PITONG BAHAGI NG KATAWAN

٤٣- عَـنْ عَبْـدِ اللهِ بْـنِ عَبَّـاسٍ رَضِـيَ اللَّـهُ عَنْهُمَـا قَـالَ: قَـالَ النَّبِـيُّ ﷺ: "أُمِـرْتُ أَنْ أَسْـجُدَ عَلَـى سَـبْعَةِ أَعْظُـمٍ عَلَـى الْجَبْهَـةِ وَأَشَـارَ بِيَـدِهِ عَلَـى أَنْفِـهِ وَالْيَـدَيْنِ وَالـرُّكْبَتَيْنِ وَأَطْـرَافِ الْقَـدَمَيْنِ، وَلاَ نَكْفِـتَ الثِّيَـابَ وَالشَّـعَرَ". (صحيح البخاري، رقم الحديث ٨١٢، وصحيح مسلم، رقم الحديث ٢٣٠- (٤٩٠)، واللفظ للبخاري).

43- Si Abdullah ibn Abbas (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: "Ako’y napag-utusan na magpatirapa sa pitong buto (o bahagi ng katawan), ang nuo at itinuro ng kamay niya ang kanyang ilong, ang dalawang kamay, ang dalawang tuhod at ang mga daliri ng dalawang paa, at na huwag pigilin ang damit at ang buhok". Al-Bukhari [Hadith Bilang: (812)] Muslim [Hadith Bilang: 230 – (490)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito’y nabanggit na sa Hadith na ika-(41):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Itinuturo ng Hadith na ito ang pagiging ubligado ng pagpapatirapa sa pitong bahagi ng katawan: Ang nuo at ilong, ang dalawang kamay, ang dalawang tuhod at dalawang paa.

2. Kapag iniangat ng isang tao ang isa sa kanyang mga paa mula sa lupa habang nagpapatirapa (sa pagdarasal); magkagayun hindi ganap at hindi katanggap-tanggap ang kanyang Salah, at gayundin kapag nilabag niya ang pamamaraan ng paglagay alinman sa mga bahaging ito sa pagpapatirapa; hindi tumpak ang kanyang pagdarasal.

3. Ang pagpapatirapa sa pitong bahagi na ito ay ubligado sa mga kalalakihan at kababaihan, kaya dapat silang magpatirapa sa pitong bahagi na ito nang walang kapabayaan; datapuwa't ang nuo at ang ilong ay iisang bahagi lamang.

## ANG ALLAH ANG NAGPAPALIHIS NG MGA PUSO

٤٤– عَنْ عَبْدِ اللَّهِ بْنِ عَمْرِو بْنِ الْعَاصِ رَضِيَ اللَّهُ عَنْهُمَا يَقُوْلُ: إِنَّهُ سَمِعَ رَسُوْلَ اللهِ ﷺ يَقُوْلُ: "إِنَّ قُلُوْبَ بَنِي آدمَ كُلَّهَا بَيْنَ إِصْبَعَيْنِ مِنْ أَصَابِعِ الرَّحْمَنِ كَقَلْبٍ وَاحِدٍ، يَصْرِفُهُ حَيْثُ يَشَاءُ"، ثُمَّ قَالَ رَسُوْلُ اللهِ ﷺ: "اللَّهُمَّ مُصَرِّفَ الْقُلُوْبِ صَرِّفْ قُلُوْبَنَا عَلَى طَاعَتِكَ". (صحيح مسلم، رقم الحديث ١٧ – (٢٦٥٤)،).

44- Si Abdullah ibn Am'r ibn Al-`Aas (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinasabi: Na kanyang narinig sa Sugo ng Allah (ﷺ) na nagsasabi: "Katotohanan, ang lahat ng puso ng mga anak ni Adam ay nasa pagitan ng dalawang daliri ng mga daliri ng Mahabaging (Allah) gaya ng iisang puso, Kanyang pinangangasiwaan ito sa kung anong paraang nais Niya, at pagkatapos ay sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): "*Allaahumma musarrifal quloob sarrif quloobana `alaa taa`atika* (O Allah na Tagapaglihis ng mga puso, ilihis Mo ang aming mga puso sa pagsunod sa Iyo)". Muslim [Hadith Bilang: 17 – (2654)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito:**

Siya si Abdullah ibn `Amr ibn Al-`Aas Al-Qurashie Al-Sahamie, isang dakila at kilalang Sahabi (Kasamahan ng Propeta), siya ay yumakap sa Islam bago ang kanyang ama na si `Amr ibn Al-`Aas, at siya ay nakapag-ulat ng (700) na Hadith sa mga aklat ng Sunnah, at siya ay nakibaka sa pakikipaglaban sa ilang digmaan kasama ang Sugo ng Allah (ﷺ), mayroon din siyang katanyagan sa pagsasa-ayos ng mga kalagayan at pangangasiwa ng mga negosyo, kaya't itinalaga siya ni Mu`awiyah sa Kufa bilang tagapamahala rito sa nabibilang na panahon.

Siya ay lagi nang nagsasalaysay tungkol sa Sugo ng Allah (ﷺ) at nagbibigay ng personal na opinyon sa paghatol sa Jami` Al-Fustat (Tinatawag na Masjid `Amr ibn Al-`Aas) sa Ehipto, kaya't maraming tao ang nakakuha nito sa kanya mula sa mga taga-Ehipto, taga-Sham (Sirya, Palestine, Jordan, Lebanon) at mga taga-Hijaz (taga-gitnang silangan), siya ay binawian ng buhay sa Ehipto taong ika-(65) sa Hijri, at inilibing sa loob ng kanyang tahanan, at may nagsasabi na siya ay namatay sa Sirya, datapuwa't mayroon ding nagsasabi na sa Makkah.

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Itinatagubilin ng Hadith na ito sa isang Muslim na magsumikap sa pagtakda ng mga paraan upang maging matatag sa Relihiyon ng Allah, ang Islam, sapagka't ang mga kinahihinatnan ay dumarating pagkatapos ng pagtakda ng mga paraan at ang kaparaanan ng Allah ay hindi nagbabago.

2. Kapag nagpasiya ng tama ang isang tao tungo sa kanyang Panginoon at Tagapaglikha; pupunuin ng Allah ang kanyang puso ng katiwasayan, katahimikan, kaginhawahan at kaluwagan ng loob, at kapag nagpasiya naman siya ng mali tungo sa kanyang Panginoon at Tagapaglikha; pupunuin ng Allah ang kanyang puso ng takot, pangamba at paninikip ng dibdib, sapagka't ang mga puso ay pinangangasiwaan ng Allah sa anumang Kanyang nais at wala ito sa pangangasiwa ng tao.

3. Dapat paniwalaan na ang Allah ay may mga daliri, subali't hindi na kailangang ipaliwanag dito ng detalye.

# ANG DU`A HABANG NAKAUPO SA PAGITAN NG DALAWANG PAGPAPATIRAPA

٤٥- عَــنْ حُذَيْفَــةَ ﷺ أَنَّ النَّبِــيَّ ﷺ كَــانَ يَقُــوْلُ بَــيْنَ السَّــجْدَتَيْنِ: "رَبِّ اغْفِــرْ لِــي، رَبِّ اغْفِــرْ لِــي". (سـنن ابـن ماجـه، رقـم الحـديث ٨٩٧، وسـنن أبـي داود، رقـم الحـديث ٨٧٤ ، وسـنن النسـائي، رقـم الحـديث ١١٤٥، واللفـظ لابـن ماجـه، وقـال العلامـة محمـد ناصـر الدين الألباني عن هذا الحديث: بأنه صحيح).

45- Si Huzaifah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Katotohanang ang lagi nang sinasabi ng Propeta (ﷺ) sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa (Sujood) ay ang: "*Rabbigfir lee, rabbigfir lee* (Panginoon ko! Patawarin Mo ako, Panginoon ko! Patawarin Mo ako)". Ibnu Majah [Hadith Bilang: (897)] Abu Daud [Hadith Bilang: (874)] An-Nasai [Hadith Bilang: (1145)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(4):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Itinuturo ng Hadith na ito ang pagkalehitimo ng panalangin na ito sa pag-upo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa " *Rabbigfir lee, Rabbigfir lee*".

2. Ang panalangin sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa ay kabilang sa mga Sunnah (hindi ubligado) na napatunayan mula sa Propeta (ﷺ), at napatunayan din mula sa kanya (ﷺ) sa maraming Hadith ang iba pang kataga nito, datapuwa't kusa nating iniwan ito para sa kaigsihan.

# ANG ISLAM ANG PINAGMULAN NG KALIGAYAHAN NG TAO

٤٦- عَـنْ عَبْـدِ اللهِ بْـنِ عَبَّـاسٍ رضـي الله عنهمـا قَـالَ: كَـانَ رَسُـولُ اللهِ ﷺ يَقُـوْلُ بَـيْنَ السَّـجْدَتَيْنِ فِـيْ صَـلاَةِ اللَّيْـلِ: "رَبِّ اغْفِـرْ لِـي وَارْحَمْنِـي وَاجْبُرْنِـي وَارْزُقْنِـي وَارْفَعْنِـي". (سـنن ابـن ماجـه، رقـم الحـديث ٨٩٨، وسـنن أبـي داود، رقـم الحـديث ٨٥٠ و جـامع الترمـذي، رقـم الحـديث ٢٨٤، واللفـظ لابـن ماجـه، قَـالَ الإمـام الترمـذي: هـذا حـديث غريـب، وقـال العلامـة محمـد ناصـر الـدين الألباني عن حديث ابن ماجه والترمذي بأنه: صحيح).

46- Si Abdullah ibn Abbas (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Lagi nang sinasabi ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa (Sujood) sa panggabing Salah ang: "*Rabbigfir lee war hamnee waj burnee war juqnee war fa`anee* (O Allah!, patawarin Mo ako, kahabagan Mo ako, patnubayan Mo ako, bigyan Mo ako ng kasaganaan, bigyan Mo ako ng kalusugan, bigyan Mo ako ng kabuhayan at iangat ang aking katayuan)". Ibnu Majah [Hadith Bilang: (898)] Abu Daud [Hadith Bilang: (850)] At-Tirmidhi [Hadith Bilang: (284)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(41):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Napapaloob sa Hadith na ito ang mga dahilan ng kabutihan at kasiyahan na kailangan ng tao sa mundo at kabilang buhay, at gayundin na naglalaman ito ng pananggalang mula sa lahat ng kasamaan na kanyang kinamumuhian.

2. Ang Islam ang pinagmulan ng kaligayahan ng tao; kaya sinuman ang sumunod dito ay maging mapalad, datapuwa't sinuman ang tumalikod dito ay mapapasama.

# ANG MGA BATAYAN NG ISLAM AY PANLABAS AT PANLOOB

٤٧- عَـنْ أَبِـي هُرَيْـرَةَ ﷺ قَـالَ: كَـانَ النَّبِـيُّ ﷺ بَـارِزًا يَوْمًـا لِلنَّـاسِ، فَأَتَـاهُ جِبْرِيـلُ عليـه السـلام، فَقَـالَ: مَـا الْإِيمَـانُ؟ قَـالَ: "الْإِيمَـانُ: أَنْ تُـؤْمِنَ بِاللَّـهِ وَمَلَائِكَتِـهِ وَكُتُبِـهِ، وَبِلِقَائِـهِ وَرُسُـلِهِ، وَتُـؤْمِنَ بِالْبَعْـثِ"، قَـالَ: مَـا الْإِسْـلَامُ؟ قَـالَ: "الْإِسْـلَامُ: أَنْ تَعْبُـدَ اللَّـهَ وَلاَ تُشْـرِكَ بِـهِ، وَتُقِـيمَ الصَّـلَاةَ، وَتُـؤَدِّيَ الزَّكَـاةَ الْمَفْرُوضَـةَ، وَتَصُـومَ رَمَضَانَ، قَالَ: مَـا الْإِحْسَـانُ؟ قَـالَ: "أَنْ تَعْبُـدَ اللَّـهَ كَأَنَّـكَ تَـرَاهُ، فَـإِنْ لَـمْ تَكُـنْ تَـرَاهُ، فَإِنَّـهُ يَـرَاكَ"، قَـالَ: مَتَـى السَّـاعَةُ؟ قَـالَ: "مَـا الْمَسْـئُولُ عَنْهَـا بِـأَعْلَمَ مِـنَ السَّـائِلِ، وَسَـأُخْبِرُكَ عَـنْ أَشْـرَاطِهَا: إِذَا وَلَـدَتِ الْأَمَـةُ رَبَّهَـا، وَإِذَا تَطَـاوَلَ رُعَـاةُ الْإِبِـلِ الْـبُهْمُ فِـي الْبُنْيَـانِ، فِـي خَمْـسٍ لاَ يَعْلَمُهُـنَّ إِلاَّ اللَّـهُ، ثُـمَّ تَـلا النَّبِـيُّ ﷺ: ﴿ إِنَّ ٱللَّهَ عِندَهُۥ عِلۡمُ ٱلسَّاعَةِ ﴾ (لقمـان: ٣٤) الآيـة، ثُـمَّ أَدْبَـرَ، فَقَـالَ: "رُدُّوهُ"، فَلَـمْ يَـرَوْا شَيْئًا، فَقَـالَ: "هَـذَا جِبْرِيـلُ، جَـاءَ يُعَلِّـمُ النَّـاسَ دِيـنَهُمْ". (صحيح البخـاري، رقـم الحـديث ٥٠، وصحيح مسلم، رقم الحديث ١ - (٩)، واللفظ للبخاري).

47- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Isang araw, nakalantad ang Propeta (ﷺ) sa mga tao; at biglang dumating sa kanya si Jibreel (Sumakanya nawa ang kapayapaan) at siya ay nagtanong: Ano ang Eeman? Siya (ang Propeta) ay nagsabi: “Ang Eeman ay ang paniniwala mo sa Allah, sa Kanyang mga Anghel, sa Kanyang mga Kasulatan, sa pakikipagtagpo sa Kanya, sa Kanyang mga Sugo, at ang paniniwala mo sa Pagbabangong Muli”. Siya

ay nagtanong muli: Ano naman ang Islam? Siya (ang Propeta) ay nagsabi: “Ang Islam ay ang pagsamba mo sa Allah at huwag magtambal sa Kanya, ang pagsasagawa mo ng Salah (pagdarasal), ang pagbibigay mo ng katungkulang kawanggawa, ang pag-aayuno mo sa buwan ng Ramadan”. Siya ay muling nagtanong: Ano naman ang Ihsan? Siya (ang Propeta) ay nagsabi: “Ang iyong pagsamba sa Allah na para mo Siyang nakikita, at kung hindi mo Siya nakikita; katotohanang nakikita ka Niya”. Muli na namang nagtanong siya: Kailan ang Oras (ng paggunaw sa mundo)? Siya (ang Propeta) ay nagsabi: “Ang tinatanong tungkol dito ay higit na hindi nakakaalam kaysa sa nagtatanong nito, datapuwa’t ipabatid ko sa iyo ang mga palatandaan nito: Kapag naipapanganak na ng isang alipin ang kanyang amo, at kapag nagpapaligsahan na sa matataas na gusali ang mga tagapag-alaga ng maiitim na kamelyo, sa lima na walang nakababatid nito maliban sa Allah, at pagkatapos ay binasa ng Propeta (ﷺ) ang: {Katotohanan, nasa Allah ang kabatiran tungkol sa Oras}. Luqman (31:34), pagkatapos ay tumalikod na siya, kaya siya (ang Propeta) ay nagsabi: “Pabalikin ninyo siya”; subali’t wala na silang nakita na kahit anong bakas nito; siya (ang Propeta) ay muling nagsabi: “Siya si Jibreel, siya’y pumarito upang turuan ang mga tao sa kanilang relihiyon”. Al-Bukhari [Hadith Bilang: (50)] Muslim [Hadith Bilang: 1 – (9)]

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito’y nabanggit na sa Hadith na ika-(13):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ang dakilang Hadith na ito ay naglalaman ng mga panlabas at panloob na saligan ng Islam.

2. Itinuturo ng Hadith na ito na ang Islam ay saklaw ang gawa at paniniwala na magkasama; hindi katanggap-tanggap ang gawa na walang kasamang paniniwala at gayundin naman ang paniniwala na walang kasamang gawa sapagka't ang mga ito ang siyang bumubuo ng Relihiyon ng Allah, ang Islam, kaya ang Islam ay saklaw ang lahat ng uri ng pagsamba dahil ito ang bunga ng paniniwala na siyang saligan ng pananampalataya sa puso.

3. Binibigyang linaw ng Hadith na ito na ang Paniniwala (Pananampalataya) ay binubuo ng salita, gawa at layunin; salita sa pamamagitan ng dila, gawa sa pamamagitan ng mga bahagi ng katawan at paniniwala sa pamamagitan ng puso.

# ANG KABUTIHAN NG PANALANGIN SA SUGO NG ALLAH NG PAGPAPALA AT KAPAYAPAAN

٤٨- عَـنْ أَبِـيْ طَلْحَـةَ ﷺ أَنَّ رَسُـوْلَ اللّهِ ﷺ جَـاءَ ذَاتَ يَـوْمٍ وَالْبُشْـرَى فِـيْ وَجْهِـهِ، فَقُلْنَـا: إِنَّـا لَنَـرَى الْبُشْـرَى فِـيْ وَجْهِـكَ! ، فَقَالَ: إِنَّـهُ أَتَـانِيَ الْمَلَـكُ، فَقَالَ يَـا مُحَمَّـدُ! إِنَّ رَبَّـكَ يَقُـوْلُ: أَمَـا يُرْضِـيْكَ؟ أَنَّـهُ لاَ يُصَـلِّيْ عَلَيْـكَ أَحَـدٌ إِلاَّ صَـلَّيْتُ عَلَيْـهِ عَشْـرًا، وَلاَ يُسَـلِّمُ عَلَيْـكَ أَحَـدٌ إِلاَّ سَـلَّمْتُ عَلَيْـهِ عَشْـرًا". (سنن النسائي، رقم الحديث ١٢٨٣، وقال العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث: بأنه حسن).

48- Si Abu Talha (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Isang araw ay dumating ang Sugo ng Allah (ﷺ) na tigib ng kasiyahan ang kanyang mukha, kaya't aming nasabi: Tunay na aming nakikita sa iyong mukha ang tigib na kasiyahan!; at siya ay nagsabi: "Katotohanang dumating sa akin si Anghel (Jibreel); at kanyang sinabi: O Muhammad! Katotohanang sinasabi ng iyong Panginoon: Hindi ba nakalulugod sa iyo? Na walang nananalangin sa iyo ng pagpapala kundi siya'y Aking pinagpapala ng sampung beses, at walang bumabati sa iyo ng Salam (kapayapaan) kundi siya'y Aking binabati ng Salam ng sampung beses". An-Nasai [Hadith Bilang: (1283)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito:**

Siya si Zaid ibn Sahl ibn Al-Aswad Al-Khazrajie An-Najarie, na mas kilala sa palayaw niyang Abu Talha, siya ay isa sa mga kasamahan ng Sugo ng Allah (ﷺ) at pinsan, isa rin siya sa mga kilalang nakibaka sa labanan sa Bad'r, at isa sa labindalawang mga kapitan sa gabi ng pagpangako ng katapatan sa Aqabah, pagkaraan ay nakibaka sa pakikipaglaban sa Bad'r at sa lahat ng mga kasunod pa nitong mga labanan kasama ng Sugo ng Allah (ﷺ), siya ay isa sa mga pinakamalaking tagasuporta ng Islam, at siya ang naghukay ng libingan ng Sugo ng Allah (ﷺ) at ng ukab nito, at siya ay nakapag-ulat ng (92) na Hadith sa mga aklat ng Sunnah.

Sa katotohanan, itinaguyod ni Abu Talha ang kanyang buhay ng lagi nang nag-aayuno at nakikibaka sa pakikipaglaban sa Landas ng Allah (Jihad), kaya siya ay namatay sa gayon na kalagayan, nag-aayuno at nakikipaglaban habang sumasalakay sa karagatan, kung kaya't walang natagpuan ang kanyang mga kasamahan na isang isla para mapaglibingan sa kanya, maliban pagkalipas ng isang linggo nang hindi nagbago ang kanyang anyo, siya ay namatay taong ika-(50) o (51) sa Hijri, subali't may nagsasabing namatay siya sa Madinah taong ika-(34) sa Hijri, at si Uthman ibn Affan ang nakapagsagawa sa kanya ng Salaatul Janazah (dasal para sa patay).

## Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:

1. Naghihikayat ang Hadith na ito tungo sa madalas na pananalangin ng pagpapala sa Sugo ng Allah na si Muhammad (ﷺ) nang pinakamainam na pagbati para sa Sugo (ﷺ) katulad ng sumusunod:" *Allaahumma Salli ala Muhammad wa ala aa-li Muhammad kama Sallayta ala Ibraheem wa ala aa-li Ibraheem innaka hameedun majeed, Allaahumma baarik ala Muhammad wa aa-li Muhammad kama Baa-rakta ala Ibraheem wa ala aa-li Ibraheem innaka hameedun majeed"*. Al-Bukhari [Hadith Bilang: (3370)] Muslim [Hadith Bilang: 66 – (406)].

2. Ang kahulugan ng pagpapala ng Allah sa Sugo (ﷺ) ay ang pagdakila at pagpuri ng Allah sa Sugo (ﷺ), samakatwid ang kahulugan ng *"Allaahumma Salli alaa Muhammad"* ay: O Allah! Dakilain Mo siya sa mundo at kabilang buhay nang pagdakilang naaangkop para sa kanya.

3. Itinuturo rin ng Hadith na ito ang pagkalehitimo ng panalangin ng pagpapala para sa ating Propeta Muhammad (ﷺ), ito'y pinatunayan ng Allah sa Kanyang sinabi: {Katotohanan, ang Allah at ang Kanyang mga anghel ay naggawad ng pagpapala sa Propeta (Muhammad). O kayong mga mananampalataya! Inyong ipanalangin [sa Allah na igawad] ang pagpapala sa kanya at hingin [sa Allah na igawad sa kanya] ang kapayapaan} Al-Ahzab (33: 56). At gayundin ang Propeta (ﷺ) sa kanyang sinabi: (Katotohanan, may mga anghel ang Allah na nanlalakbay sa kalupaan na

ibinabalita nila sa akin ang panalangin ng pagpapala sa akin ng aking mamamayan). An-Nasai [Hadith bilang: (1282)].

Ang panalangin ng pagpapala ay isa sa karapatan ng Propeta (ﷺ) mula sa kanyang mga mamamayan at ang isang Muslim ay napag-utusan na ito’y gawin maging sa paraang pangkalahatan o sa natatanging paraan, katulad ng binibigkas sa Tashahhud, sa pagpasok sa Masjid at sa paglabas mula rito. Ang kautusang panalangin ng pagpapala sa kanya na kahit wala siya ay natatanging katangian lamang niya na ipinagkaloob sa kanya ng Allah at walang sinumang kabahagi niya rito, kaya sa ganitong paraan ay hindi nararapat na may manalangin ng pagpapala sa sinumang natatanging tao maliban sa kanya (ﷺ), at kabilang din sa mga natatangi niyang katangian ay ipinaparating sa kanya ang panalangin mula sa kanyang mamamayan, at nakakamit ng isang tao ang kadakilaan ng panalangin para sa kanya at pagdating nito sa Propeta (ﷺ), na kahit hindi na siya naglakbay pa ng malayo upang makadaupang-palad noong nabubuhay pa siya at kahit na hindi na siya nakadalaw sa kanyang puntod pagkatapos ng kanyang kamatayan.

4. Ang kahulugan ng Salam ay ang kaligtasan mula sa kasamaan at kapintasan.

5. Ang paraan ng panalangin ng pagpapala sa Propeta (ﷺ) ay ang pagsabi ng isang Muslim halimbawa ng "Ang kapayapaan (o pagpapala) ay samaiyo nawa o Propeta, gayundin ang habag at mga biyaya ng Allah", o kanyang sasabihin: “Ang kapayapaan (o pagpapala) ay sumaiyo nawa o Sugo ng Allah, o Propeta ng Allah”, o kanyang sasabihin: “Ang kapayapaan ay maitampok nawa sa Propeta”. Dapat paniwalaan ng isang Muslim na ang panalangin na ito ay nakakarating sa ating Propeta sa pamamagitan ng mga Anghel batay sa patunay na nabanggit sa Hadith.

6. Hindi ipinapahintulot sa isang Muslim ang pagsunod sa isang partikular na pamamaraan katulad ng sama-samang pagsasagawa o pagsambit, subali't maaari siyang manalangin ng mag-isa para sa kanya, sapagka't ang sama-samang panalangin ay walang tekstong magpapatunay nito sa Islam.

## ANG KANANG KAMAY AY PARA SA LAHAT NG MARANGAL AT DANGAL

٤٩- عَــنْ عَائِشَــةَ رَضِــيَ اللَّــهُ عَنْهَــا، قَالَــتْ: كَانَــتْ يَــدُ رَسُــولِ اللَّــهِ ﷺ الْيُمْنَى لِطَهُــورِهِ وَطَعَامِــهِ، وَكَانَــتْ يَــدُهُ الْيُسْــرَى لِخَلَائِــهِ، وَمَــا كَــانَ مِــنْ أَذًى".

(سنن أبي داود، رقم الحديث ٣٣، وصحيح البخاري، رقم الحديث ١٦٨، وصحيح مسلم، رقم الحديث ٦٦- (٢٦٨)، وجامع الترمذي، رقم الحديث ١٨٨٨، وسنن ابن ماجه، رقم الحديث ٣٢٨٨، واللفظ لأبي داود، قال العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث بأنه: صحيح ).

49- Si Aishah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Ang kanang kamay ng Sugo ng Allah (ﷺ) ay nakalaan lamang sa kanyang paglilinis at pagkain, samantalang ang kanyang kaliwang kamay ay nakalaan naman sa palikuran at sa mga maruruming bagay".

Abu Daud [Hadith Bilang: (33)] Al-Bukhari [Hadith Bilang: (168)] Muslim [Hadith Bilang: 66 – (268)] At-Tirmidhi [Hadith Bilang: (1888)] Ibnu Majah [Hadith Bilang: (3288)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(5):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ito ay isang matatag na panuntunan ng islam sa mararangal na gawain, gaya ng pagsuot ng damit, pantalon, sapatos, pagpasok sa Masjid, paggamit ng siwak, paglagay ng Kuhl sa mata, pagputol ng mga kuko, paggupit ng bigote, pagsuklay at pag-aayos ng buhok, pagbunot ng buhok sa kili-kili, pag-ahit ng buhok sa ulo, pag-Tasleem sa Salah, paghugas ng ilang bahagi ng katawan para sa Wudu', paglabas mula sa kubeta, pagkain at pag-inom, pakikipag-kamay, paghaplos sa batong itim (sa Ka'bah) at iba pang mga gawain na kanais-nais dito ang paggamit ng kanang kamay.

2. At patungkol naman sa mga gawaing kasalungat ng mararangal at dalisay na Gawain, tulad ng pagpasok sa kubeta, paglabas mula sa Masjid, pagdura, paghugas pagkatapos gumamit ng palikuran, paghubad ng damit, pantalon, sapatos at mga katulad nito; magkagayun kanais-nais na gamitin dito ang kaliwa dahil sa kadakilaan at karangalan ng kanan.

3. Dapat sundin ng isang Muslim ang Sugo ng Allah (ﷺ) sa lahat ng bagay sa Relihiyon.

## ANG BABALA SA PAGMAMALIMOS NG MGA YAMAN NG TAO NANG HINDI KINAKAILANGAN

٥٠- عَـــنْ أَبِـــي هُرَيْـــرَةَ ﵁، قَـــالَ : قَـــالَ رَسُـــوْلُ اللّهِ ﷺ: "مَـــنْ سَـــأَلَ النَّـــاسَ أَمْـــوَالَهُمْ تَكَثُّـــرًا، فَإِنَّمَـــا يَسْـــأَلُ جَمْـــرًا؛ فَلْيَسْـــتَقِلَّ أَوْ لِيَسْـــتَكْثِرْ".

(صحيح مسلم، رقم الحديث ١٠٥ – (١٠٤١)،).

50- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Ang sinumang nagmamalimos sa mga tao ng kanilang mga yaman bilang pagpaparami; sa katotohanan ang kanyang minamalimos ay isang bunton ng apoy, kaya't magpaunti o magparami". Muslim [Hadith Bilang: 105 – (1041)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(13):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Naglalaman ang Hadith na ito ng matinding babala sa sinumang namamalimos sa mga tao ng kanilang yaman nang hindi kinakailangan, at ito ang nagpapatunay na ang paghingi ng limos sa mga tao ng kanilang yaman nang hindi kinakailangan ay isa sa mga mabibigat na kasalanan.

2. Kapag iasa ng isang tao ang kanyang pangangailangan sa mga tao ay hindi rin siya makakaraos, bagkus magpapatuloy siya sa paghingi ng limos at hindi makukuntento, datapuwa't sinuman ang umasa sa Allah at magtiwala sa Kanya samantalang kanyang ginawa ang lahat ng paraan na ipinag-utos (ng Allah), sa gayon siya ay makakaraos – sa kapahintulutan ng Allah – sapagka't sinabi ng Allah: {At sinuman ang magtiwala sa Allah, samakatwid, Siya (ang Allah) ay sapat na para sa kanya}. At-Talaq (65:3).

## ANG LEHITIMONG SALAH SA PAGSIKAT NG ARAW

٥١- عَـنْ عَائِشَـةَ رَضِـيَ اللَّـهُ عَنْهَـا، قَالَـتْ: كَـانَ رَسُـوْلُ اللّـهِ ﷺ يُصَـلّي الضّحَى أَرْبَعًا، وَيَزِيدُ مَا شَاءَ اللّهُ. (صحيح مسلم، رقم الحديث ٧٩- (٧١٩)،).

51- Si Aishah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Nakaugalian ng Sugo ng Allah (ﷺ) na magsagawa ng Salah sa Dhuha (pagsikat ng araw) ng apat na Rak`ah, at dinadagdagan pa niya ito ayon sa ipahintulot ng Allah”. Muslim [Hadith Bilang: 79 – (719)] Al-Bukhari [Hadith Bilang: (5220)]

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito’y nabanggit na sa Hadith na ika-(5):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ang dasal ng mga taong lagi ng nagbabalik-loob (sa Allah) ay kilala sa tawag na Salat Ad-Duha, at ang oras nito ay magsisimula pagkatapos sumikat ng araw ng kasing haba ng sibat at mananatili ito hanggang sa sumapit ang katanghaliang-tapat, at tinatawag din itong Salat Al-Ishraq.

2. Ang pinakamababang bilang ng Raka’h ng Salat Ad-Duha ay dalawang Rak’ah at ang pinakamainam nito ay apat; isinasagawa ito ng dalawahan, at ang pinakamaraming bilang nito ay walo, datapuwa’t may mga eskolar na nagsasabing walang takdang bilang ang pinakamarami nito; kaya maaaring magsagawa ng dasal ang isang Muslim ayon sa abot kaya niya sa kondisyon na ito’y isinasagawa ng dalawahan.

## ANG KABUTIHAN NG WUDU’ AT NG LIMANG SALAH

٥٢- عَـنْ عُثْـمَانَ بْـنِ عَفَّـانَ ﷺ قَـالَ: قَـالَ رَسُـوْلُ اللهِ ﷺ: "مَـنْ أَتَـمَّ الْوُضُـوْءَ، كَمَـا أَمَـرَهُ اللَّـهُ تَعَـالَى؛ فَالصَّـلَوَاتُ الْمَكْتُوْبَـاتُ، كَفَّـارَاتٌ لِمَـا بَيْنَهُنَّ". (صحيح مسلم، رقم الحديث ١١ – (٢٣١)).

52- Si Uthman ibn Affan (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: “Ang sinumang nagsagawa ng Wudu’ (paghuhugas) nang ganap ayon sa pag-uutos sa kanya ng Kataas-taasang Allah, sa gayon ang mga ubligadong Salah ay magsisilibing kapatawaran ng mga kasalanan sa pagitan ng mga ito”. Muslim [Hadith Bilang: 11 – (231)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito’y nabanggit na sa Hadith na ika-(1):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ang Wudu’ (paghuhugas) ay isa sa mga dakilang pagsamba na naglaan ang Allah ng malaking gantimpala para dito, kaya nararapat sa isang Muslim na pahalagahan ito at pag-aralan ang mga kaparaanan, mga kondisyon at mga nakasisira nito.

2. Naglalaman ang Hadith na ito ng paghihikayat tungo sa ganap na pagsagawa ng Wudu’ at pagpapabuti nito, at pagkatapos ay ang pagtaguyod sa mga iba pang pagdarasal nang taimtim at mapanatag.

3. Binabanggit ng Hadith na ito ang kadakilaan ng limang ubligadong pagdarasal na nagpapawi ng mga kasalanan, subali’t ito’y para lamang sa magagaan na kasalanan at hindi saklaw ang mabibigat na kasalanan; sapagka’t ang mabibigat na kasalanan ay napapawi lamang sa pamamagitan ng wagas na pagbabalik-loob kalakip ang mga kahilingan nito.

## KAINAMAN NG PAGKAIN NG DATILES SA SUHUR

٥٣- عَـنْ أَبِـيْ هُرَيْـرَةَ ﷺ عَـنِ النَّبِـيِّ ﷺ قَـالَ: "نِعْـمَ سُـحُوْرُ الْمُـؤْمِنِ: اَلتَّمْـرُ". (سـنن أبـي داود، رقـم الحـديث ٢٣٤٥، قَـالَ العلامـة محمـد ناصـر الـدين الألبـاني عـن هـذا الحديث بأنه: صحيح).

53- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: “Ang pinakamainam na Suhur (pagkain sa madaling araw) ng isang mananampalataya ay ang Tam’r (datiles)”. Abu Daud [Hadith Bilang: (2345)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito’y nabanggit na sa Hadith na ika-(13):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Kaaya-aya na ang maging Suhur (pagkain sa madaling araw) ay datiles, ito ay isang kaugalian (ng Propeta ) na nakakaligtaan ng maraming tao at inaakala nila na ang datiles ay kaaya-aya lamang sa Iftar (pagkain sa paglubog ng araw).

2. Ang datiles ay sagradong bunga at ang pagkain nito sa oras na yaon ay patung-patong na biyaya.

3. Katotohanan, ang pagkain sa Suhur ay nakatutulong sa pagtaguyod ng mga obligasyon at pagsamba; nararapat sa isang Muslim na panatilihin itong isinasagawa, at ang pagkain sa Suhur ay nakakamit ito sa pamamagitan ng marami at kaunting pagkain tulad ng pagkain ng datiles at gayundin kahit isang lagok lamang ng tubig, subali't ang pagkain ng datiles sa Suhur ay mas mainam.

## ANG KABUTIHAN NG PAGSABI NG: AMEEN

٥٤- عَــنْ أَبِــيْ هُرَيْــرَةَ ﷺ أَنَّ رَسُــوْلَ اللهِ ﷺ قَــالَ: "إِذَا قَــالَ أَحَــدُكُمْ: آمِـينَ، وَقَالَـتِ الْمَلَائِكَـةُ فِـي السَّمَاءِ: آمِـينَ، فَوَافَقَـتْ إِحْـدَاهُمَا الْـأُخْرَى، غُفِـرَ لَـهُ مَـا تَقَـدَّمَ مِـنْ ذَنْبِـهِ". (صحيح البخـاري، رقـم الحـديث ٧٨١، وصـحيح مسـلم، رقـم الحـديث ٧٢- (٤١٠)،).

54- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Katotohanan, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Kapag sinabi ng isa sa inyo (sa Salah): Ameen, at ang mga Anghel sa kalangitan ay nagsabi rin ng: Ameen; samakatwid sila'y nagkasabay sa isa't isa, sa kanya'y patatawarin ang mga nauna niyang kasalanan". Al-Bukhari [Hadith Bilang: (781)] Muslim [Hadith Bilang: 72 – (410)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(13):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ang kahulugan ng Ameen ay: "O Allah tanggapin Mo ang anumang panalangin na napapaloob sa Surah Al-Fatihah".
2. Itinuturo ng Hadith na ito ang pagiging kaaya-aya ng pagsabi ng Ameen ng mga nagdarasal, sa panig ng Imam (namumuno ng Salah), sa sumusunod at sa mag-isang nagdarasal.
3. Hinihiling ng Hadith na ito ang paniniwala sa pagkakaroon ng mga Anghel.

## ANG ILAN SA MGA KATANGIAN NG MGA MUSLIM

٥٥- عَـنْ أَبِـيْ هُرَيْـرَةَ ﷺ عَـنْ رَسُـوْلِ اللهِ ﷺ قَـالَ: "الْمُسْـلِمُ مَـنْ سَـلِمَ النَّـاسُ مِـنْ لِسَـانِهِ وَيَـدِهِ، وَالْمُـؤْمِنُ مَـنْ أَمِنَـهُ النَّـاسُ عَلَـى دِمَـائِهِمْ وَأَمْـوَالِهِم". (سنن النسائي، رقم الحديث ٤٩٩٥، و صحيح مسلم، رقم الحديث ٦٥ – (٤١)، ، واللفظ للنسائي، قال العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث: بأنه حسن صحيح).

55- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: “Ang (tunay na) Muslim ay yaong ligtas sa kanya ang mga tao sa kanyang dila at kamay, samantalang ang Mu’min ay yaong nasa katiwasayan ang dugo at mga kayamanan ng mga tao sa kanya”. An-Nasai [Hadith Bilang: (4995)] Muslim [Hadith Bilang: 65 – (41)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito’y nabanggit na sa Hadith na ika-(13):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Nag-aanyaya ang Hadith na ito sa isang Muslim tungo sa pagtaguyod ng pangangalaga sa mga ipinagkatiwala at maging mapagkatiwalaan sa mga transaksyon at malayo sa pandaraya sa mga tao sa kanilang dugo at kayamanan.

2. Ang tunay na Muslim ay yaong sumusuko sa Allah at itinataguyod ang mga karapatan ng mga tao; samakatwid hindi niya sila pinipinsala at dinadaya, kaya't ligtas sila mula sa kasamaan ng kanyang ugali.

3. Katotohanan, inilalarawan ng Hadith na ito ang isang Muslim sa panlabas nitong anyo; ang pagiging ligtas ng mga tao mula sa kanya, samantalang ang isang mananampalataya naman ay sa panloob nitong anyo sa pagkapanatag nila sa kanya sa kanilang dugo at kayamanan.

## ANG PAGTAGUYOD SA MGA TAHANAN SA PAMAMAGITAN NG PAGSAMBA, PAGGUNITA AT PAGBASA NG QUR'AN

٥٦- عَـــنْ أَبِـــيْ هُرَيْـــرَةَ ﷺ أَنَّ رَسُـــولَ اللّهِ ﷺ قَـــالَ: لاَ تَجْعَلُـــوْا بُيُـــوْتَكُمْ مَقَـــابِرَ؛ إِنَّ الشَّـــيْطَانَ يَنْفِـــرُ مِـــنَ الْبَيْـــتِ الَّـــذِي تُقْـــرَأُ فِيْـــهِ سُـــوْرَةُ الْبَقَـــرَةِ". (صحيح مسلم، رقم الحديث ٢١٢ - (٧٨٠)، ).

56- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Katotohanan, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Huwag ninyong ituring ang inyong mga tahanan ng tulad sa mga libingan, katotohanang si Satanas ay lumalayo sa tahanang binabasa rito ang Suratul Baqarah". Muslim [Hadith Bilang: 212 – (780)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(13):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Itinuturo ng Hadith na ito ang pagkalehitimo ng pagtaguyod ng pagsamba, paggunita at pagbasa ng Surah Al-Baqarah sa mga tahanan, at gayundin na si Satanas ay lumalayo sa mga tahanan na binabasa rito ang Surah Al-Baqarah.
2. Hindi maaaring hayaan ng isang Muslim ang kanyang tahanan na malayo sa pagsamba sa Allah, sa paggunita sa Kanya at pasasalamat upang hindi maituring na tulad ng mga libingan na parang mga patay ang mga nandodoon.

## KABUTIHAN NG "ALLAAHUMA RABBANA LAKAL HAMDU"

٥٧- عَـنْ أَبــيْ هُرَيْـرَةَ ﷺ أَنَّ رَسُـوْلَ اللّهِ ﷺ قَـالَ: "إِذَا قَـالَ الْإِمَـامُ: سَـمِعَ اللّهُ لِمَـنْ حَمِـدَهُ، فَقُوْلُـوْا: اَللَّهُـمَّ رَبَّنَـا لَـكَ الْحَمْـدُ، فَإِنَّـهُ مَـنْ وَافَـقَ قَوْلُـهُ قَـوْلَ الْمَلَائِكَـةِ؛ غُفِـرَ لَـهُ مَـا تَقَـدَّمَ مِـنْ ذَنْبِـهِ". (صحيح البخاري، رقم الحديث ٧٩٦، وأيضاً صحيح مسلم، رقم الحديث ٧١- (٤٠٩)،).

57- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Katotohanan, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: “Kapag sinabi ng Imam (namumuno sa Salah) ang: *Sami-allaahu liman hamidah* (Naririnig ng Allah ang sinumang nagpupuri sa Kanya); inyong sabihin: *Allaahumma rabbanaa lakal hamdu* (O Allah! Na aming Panginoon, sasa Iyo ang lahat ng pagpupuri); sapagka’t ang sinumang sumabay ang kanyang salita sa salita ng mga Anghel; sa kanya’y patatawarin ang mga nauna niyang kasalanan”. Al-Bukhari [Hadith Bilang: (796)] Muslim [Hadith Bilang: 71 – (409)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito’y nabanggit na sa Hadith na ika-(13):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Itinuturo ng Hadith na ito ang lawak ng pagpapala ng Allah, sapagka't naglaan ng kapatawaran sa mga kasalanan dahil sa isang gawaing walang kahirap-hirap; sapagka't kapag natapat ang salita ng isang Ma'mum na: "*Allaahumma Rabbanaa Lakal Hamdu*" sa salita ng mga anghel; sa kanya'y patatawarin ng Allah ang mga nauna niyang kasalanan.

2. Kapag natapos ng nagdarasal ang kanyang Ruku` (pagyuko); iaangat niya ang kanyang ulo at sasabihin ang: *"Sami-allaahu liman hamidah*" kapag siya ang Imam o mag-isang nagdarasal, subali't kapag siya ay Ma'mum, hindi na niya sasabihin ang: "*Sami-allaahu liman hamidah*" bagkus kanyang sasabihin ang: *"Allaahumma Rabbanaa lakal Hamdu*" pagkatapos sabihin ng Imam ang: "*Sami-allaahu liman hamidah",* at ang kahulugan ng: *Sami-allaahu liman hamidah* ay: "Naririnig ng Allah ang sinumang nagpupuri sa Kanya".

**ANG PAGTATANTO SA PAGSAPIT NG RAMADAN**

٥٨- عَـنْ أَبِـيْ هُرَيْـرَةَ ﷺ قَـالَ: ذَكَـرَ رَسُـوْلُ اللهِ ﷺ اَلْهِـلاَلَ، فَقَـالَ: "إِذَا رَأَيْتُمُـوْهُ فَصُـوْمُوْا، وَإِذَا رَأَيْتُمُـوْهُ، فَـأَفْطِرُوا، فَـإِنْ أُغْمِـيَ عَلَـيْكُمْ فَعُـدُّوْا ثَلَـاثِينَ".

(صحيح مسلم، رقم الحديث ٢٠- (١٠٨١)، ).

58- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Binanggit ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang Hilal (ang bagong buwan ng Ramadan); at kanyang sinabi: "Kapag nakita ninyo ito ay mag-ayuno na kayo; at kapag muli ninyo itong nakita ay tapusin na ninyo ang pag-aayuno; datapuwa't kapag naging maulap para sa inyo (ang langit), buuhin ninyo ng tatlumpung araw ang bilang (ng buwan ng Sha'ban)". Muslim [Hadith Bilang: 20 – (1081)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(13):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ang nakukuhang pakinabang mula sa Hadith na ito ay hindi ipinapahintulot ang pag-aayuno sa pinag-aalinlangang araw (ang ika-29 araw ng Sha’ban), gayundin ang ika-(30) araw ng Sha’ban kung naging maulap ang gabi nito.

2. Hindi ipinapahintulot na mag-ayuno sa buwan ng Ramadan maliban kung ito ay sumapit na at nabatid ang pagsapit nito sa pamamagitan ng pagkita sa bagong buwan (ng Ramadan) o may sumaksi na nakita ang bagong buwan, datapuwa’t kapag naging maulap ang (langit sa) gabi nito ay kailangang buuhin ng tatlumpong araw ang bilang ng buwan ng Sha’ban.

## MAGAGANDANG ASAL SA PAGPUPULONG SA ISLAM

٥٩- عَـنْ أَبِـيْ هُرَيْـرَةَ ﷺ، عَـنِ الـنَّبيِّ ﷺ قَـالَ: "إِذَا قَـامَ أَحَـدُكُمْ عَـنْ مَجْلِسِـهِ، ثُـمَّ رَجَـعَ إِلَيْـهِ؛ فَهُـوَ أَحَـقُّ بِـهِ". (سنن ابن ماجه، رقم الحديث ٣٧١٧، وصحيح مسلم، رقم الحديث٣١ – (٢١٧٩) واللفظ لابن ماجه، قَالَ العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث بأنه: صحيح).

59- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: “Kapag ang isa sa inyo ay tumayo mula sa kanyang kinauupuan sa isang pagpupulong, at pagkaraan ay bumalik siya rito, sa gayon siya pa rin ang higit na may karaparatan dito”. Ibnu Majah [Hadith Bilang: (3717)] Muslim [Hadith Bilang: 31 – (2179)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito’y nabanggit na sa Hadith na ika-(13):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Dapat isaalang-alang ng isang Muslim ang mga magagandang asal sa pagpupulong, kaya’t hindi siya maaaring gagawa ng isang bagay na makasasakit sa iba.
2. Kabilang sa mga magagandang asal sa pagpupulong ay kapag tumayo ang isang nakaupo dito dahil sa pangangailangan nito o may ginawa siya tulad ng pagsasagawa ng Wudu’ at siya’y umalis at pagkatapos ay bumalik siya rito, sa gayon siya pa rin ang higit na may karapatan sa kanyang inupuan kaysa sa iba.

## KABUTIHAN NG PAGTUSTOS SA ASAWA AT MGA ANAK

٦٠- عَـنْ أَبِـيْ مَسْـعُوْدٍ الْبَـدْرِيِّ ﷺ عَـنِ النَّبِـيِّ ﷺ، قَـالَ: "إِنَّ الْمُسْـلِمَ إِذَا أَنْفَـقَ عَلَـى أَهْلِـهِ نَفَقَـةً وَهُـوَ يَحْتَسِـبُهَا كَانَـتْ لَـهُ صَـدَقَةً". (صحيح مسلم، رقم الحديث ٤٨- (١٠٠٢)، وصحيح البخاري، رقم الحديث ٥٥، واللفظ لمسلم).

60- Si Abu Mas`uod Al-Badrie (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: “Katotohanan, kapag ang isang Muslim ay gumugol sa kanyang pamilya ng isang panustos habang siya’y naghahangad na pagpalain dito, ito’y maituturing sa kanya na isang kawanggawa”.

Muslim [Hadith Bilang: 48 – (1002)] Al-Bukhari [Hadith Bilang: (55)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito’y nabanggit na sa Hadith na ika-(2):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Itinuturo ng Hadith na ito ang kabutihan ng paggugol ng panustos sa asawa at mga anak, bagkus mas mainam pa ito sa paggugol ng kayamanan sa landas ng Allah o sa mga mahirap, sapagka’t ang paggugol sa kanila ng panustos ay isang tungkulin, samantalang ang paggugol sa iba bukod sa

kanila ay hindi tungkulin, kaya mas mainam ang paggugol sa isang tungkulin kaysa sa hindi tungkulin.

2. Ang kahulugan ng salitang Ihtisab sa Hadith na ito ay ang paghahangad ng gantimpala (o pagpapala), at ang kahulugan naman ng Sadaqah ay ang gantimpala (ng kawang-gawa), datapuwa't ang paraan ng Ihtisab ay ang maalaala ng isang muslim na tungkulin niyang gumugol ng panustos sa kanyang asawa at mga anak, magkagayun kapag nilayun niya ang gantimpala mula sa Allah ay makakamit niya ang malaking gantimpala mula sa Allah, subali't kapag gumugol siya ng panustos sa kanila nang hindi umaasa ng gantimpala; wala siyang makakamit na anumang gantimpala.

3. Ang salitang Infaq ay nangangahulugan ng dalisay na paggugol ng kayamanan para sa mga gawaing pagsunod at pinahihintulutang bagay.

## MGA KADAHILANAN NG KALIGTASAN SA APOY

٦١-عَنْ عَـدِيِّ بْـنِ حَـاتِمٍ ﷺ، قَـالَ: سَـمِعْتُ النَّبِـيَّ ﷺ، يَقُـولُ: مَـنِ اسْـتَطَاعَ مِـنْكُمْ أَنْ يَسْـتَتِرَ مِـنَ النَّـارِ، وَلَـوْ بِشِـقِّ تَمْـرَةٍ؛ فَلْيَفْعَـلْ". (صحيح مسلم، رقم الحديث ٦٦- (١٠١٦)، وصحيح البخاري، رقم الحديث ١٤١٣، واللفظ لمسلم).

61- Si Adiy ibn Hatim (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Narinig ko sa Propeta (ﷺ) na kanyang sinasabi: “Ang sinuman sa inyo ang may kayang gumawa ng pananggalang laban sa Apoy (ng Impiyerno) na kahit isang hiwa lamang ng datiles ay gawin niya ito”.

Muslim [Hadith Bilang: 66 – (1016)] Al-Bukhari [Hadith Bilang: (1413)].

### Ang taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abu Tareef at Abu Wahb, Adiy ibn Hatim ibn Abdullah At-Taaie, isang pinunong Sahabi mula sa mga matatalinong tao na bukas-palad, siya ay pinuno ng kanyang tribu, mula sa tribung Taaie sa panahon ng kamangmangan at sa Islam, siya ay isang marangal, mahabagin, at mananalumpati na may pambihirang pag-iisip.

Lagi nang inaasam-asam ng Sugo (ﷺ) ang pagyakap niya sa Islam upang kanyang maging katuwang, at sa katunayan siya ay nagsadya sa Sugo (ﷺ) noong taong ika-(7) sa Hijri, at ang sadya niya rito ay upang tuklasin ang kalagayan ng Sugong ito, at wala siyang layunin na yumakap sa Islam, subali't nang siya ay dumating sa Madinah, kanyang nakaharap ang Sugo (ﷺ) sa Masjid nito, at kanyang napuna na ito'y hindi nag-aangkin ng pagkahari o pagkapinuno, kaya napagtanto niya na ang Sugo (ﷺ) ay hindi naghahangad ng kaharian o pagkapinuno, at pagkaraan ay dinala siya ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa kanyang bahay, inaliw at inasikaso at hinikayat sa Islam at agad naman nitong niyakap ang Islam at naging maayos ang pagiging muslim nito, sa katunayan mayroon siyang isang kahanga-hangang katayuan at dakilang gawain sa panahon ng pagtalikod sa Islam; na kung saan siya ay nanatili sa Islam at pinagbawalan ang kanyang mga tao sa pagtalikod sa Islam, at gayundin naman na siya ay may malaking pakikibaka sa mga tagumpay ng Islam, siya ay kasamang lumahok sa pagpasok sa Iraq, sa Mada-in, sa Qadisiyyah at sa iba pang mga digmaan, kung kaya't pinuri siya ni Umar ibn Al-Khattab ayon sa isang salaysay:

Si Adiy ibn Hatim ay nag-ulat, kanyang sinabi: “Dumating ako kay Umar (ibn Al-Khattab) sa isang delegasyon, at nang siya ay magsimulang tumawag ng isa-isa sa mga kalalakihan at sinasabi ang kanilang mga pangalan; aking nasabi: Hindi mo ba ako nakikilala o Ameerul Mu’mineen (Pinuno ng mga Muslim)? Siya ay nagsabi: Oo, kilala kita; ikaw yaong nanatili sa Islam habang sila nama’y tumiwalag sa Islam, ikaw yaong humarap habang sila nama’y tumalikod, ikaw yaong nagbibigay (ng kawanggawa) habang sila’y nagtatakwil nito, at ikaw yaong tumanggap habang sila’y nagkaila; kaya ang kanyang nasabi: Hindi bale na kung gayon”.

Al-Bukhari [Hadith Bilang: (4394)].

Sa isang salaysay, si Adiy ibn Hatim ay nag-ulat, kanyang sinabi: “Dumating ako kay Umar ibn Al-Khattab at kanyang sinabi sa akin: Katotohanan, ang pinakaunang kawanggawa na nagbigay ng liwanag sa mukha ng Sugo ng Allah (ﷺ) at sa mukha ng kanyang mga kasamahan ay ang kawanggawa ni Taaie na iyong dinala sa Sugo ng Allah (ﷺ). Muslim [Hadith Bilang: 196 – (2523)].

At pagkaraan ay tumuloy si Adiy ibn Hatim At-Taaie sa Kufa, at naging tagatulong ni Ali ibn Abu Thalib, siya ay nakapag-ulat ng (66) Hadith sa mga aklat ng Sunnah.

At namuhay si Adiy ibn Hatim At-Taaie ng mahabang panahon hanggang sa binawian siya ng buhay sa Kufa taong ika-(67) sa Hijri, sa edad niyang (120) taon, datapuwa't may nagsasabi na mas higit pa roon.

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Saklaw ng Hadith na ito ang paghihikayat sa kawanggawa, at hindi makakahadlang dito ang kakuntihan nito, sapagka't maaaring ang kaunti nito ay makapagliligtas mula sa Apoy (ng Impiyerno).

2. Ang kahulugan ng Hadith na ito: Kayo'y gumawa ng pananggalang at halang sa pagitan ninyo sa Apoy mula sa kawanggawa, kahit na ito'y napakaliit na bagay, tulad ng isang hiwa ng datiles o kalahati nito o bahagi lamang nito; sapagka't ito'y may pakinabang, maaaring ito'y sasapat sa pagkain ng isang bata, kaya huwag magkait nito, at ang

paggawa ng pananggalang ay isang talinghaga sa kapatawaran ng mga kasalanan.

3. Sa Hadith na ito’y binanggit lamang ang datiles bukod sa ibang bagay gaya ng sansubo ng pagkain, sapagka’t ang datiles ang siyang pangunahing pagkain ng mga taga-Makkah at Madinah.

4. Ang mga kadahilan sa pagpasok ng Paraiso at kaligtasan mula sa Apoy ay sadyang napakarami, kabilang na rito: Ang pagpuno sa mga pangangailangan ng mga tao, at ang pagbigay ng kawanggawa sa kanila kahit na ito’y napakaliit na bagay, at ito ay kabilang sa kabutihang loob ng Allah sa sangkatauhan, datapuwa’t ang karamihan sa mga tao ay hindi marunong tumanaw ng utang na loob.

# ANG MGA KABUTIHAN NG HAJJ AT UMRAH

٦٢–عَـنْ أَبِـيْ هُرَيْـرَةَ ﷺ أَنَّ رَسُـوْلَ اللهِ ﷺ قَـالَ: "الْعُمْـرَةُ إِلَـى الْعُمْـرَةِ كَفَّـارَةٌ لِمَـا بَيْنَهُمَـا، وَالْحَـجُّ الْمَبْـرُوْرُ لَـيْسَ لَـهُ جَـزَاءٌ إِلاَّ الْجَنَّـةُ". (صحيح البخـاري، رقـم الحديث ١٧٧٣، وأيضاً صحيح مسلم، رقم الحديث ٤٣٧– (١٣٤٩)، واللفظ للبخاري).

62- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Katotohanan, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Ang Umrah sa isang Umrah ay kapatawaran sa pagitan nito, at ang tanggap na Hajj ay walang gantimpala maliban sa Paraiso". Al-Bukhari [Hadith Bilang: (1773)] Muslim [Hadith Bilang: 437 – (1349)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(13):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ang Hadith na ito ay nagtuturo tungkol sa kabutihan ng maraming beses na pagsasagawa ng Umrah, sapagka't ito ay nagpapawalang sala sa mga kasalanan na naganap sa pagitan ng dalawang Umrah, at ang tinutukoy na mga kasalanan dito ay ang mga maliliit at hindi ang mga malalaki;

sapagka't ang mga malalaking kasalanan ay napapawalang sala lamang sa pamamagitan ng wagas na pagbabalik-loob ayon sa mga alituntunin at mga kahilingan nito.

2. Ang Hadith na ito ay nagtuturo tungkol sa kadakilaan ng Hajj at Umrah, at ang Umrah sa isang Umrah ay kapatawaran sa pagitan nito, samantalang ang tanggap na Hajj ay walang gantimpala maliban sa Paraiso.

3. Ang tanggap na Hajj ay yaong Hajj na isinaalang-alang ang mga alituntunin nito, at naipatupad batay sa kung anong ipinag-utos sa nagsasagawa nito sa ganap na pamamaraan.

# ANG MGA KABUTIHAN NG RAMADAN

٦٣- عَـنْ أَبِـي هُرَيْـرَةَ ﷺ يَقُـوْلُ: قَـالَ رَسُـولُ اللَّـهِ ﷺ: "إِذَا دَخَـلَ رَمَضَـانُ فُتِّحَـتْ أَبْـوَابُ الْجَنَّـةِ، وَغُلِّقَـتْ أَبْـوَابُ جَهَـنَّمَ، وَسُلْسِـلَتِ الشَّـيَاطِيْنُ". (صحيح البخاري، رقم الحديث ٣٢٧٧، وصحيح مسلم، رقم الحديث ١ - (١٠٧٩)، واللفظ للبخاري).

63- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinasabi: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Kapag sumapit na ang Ramadan ay binubuksan ang mga pintuan ng Paraiso, isinasara ang mga pintuan ng Impiyerno at ikinakadena ang mga demunyo".

Al-Bukhari [Hadith Bilang: (3277)] Muslim [Hadith Bilang: 1 – (1079)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(13):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Kabilang sa kadakilaan ng buwan ng Ramadan ay ang pagbubukas sa mga pintuan ng Paraiso at pagsasara sa mga pintuan ng Impiyerno, kaya dapat lamang sa nais makapasok sa Paraiso at makaligtas sa pagpasok sa Impiyerno na salubungin ito ng

mabuting gawain ng buong kasiglahan, kaliksihan at katapatan.

2. Ang pagkakakadena sa mga demunyo ay totoo, at hindi ibig sabihin na ang pagkakakadena sa lahat ng mga demunyo ay wala nang magaganap na masama at kasuwailan, sapagka’t ito’y may mga kadahilanan maliban sa mga demunyo, gaya ng likas na kasamaan ng sarili, ng mga di-magagandang kaugalian at mga demunyong tao.

3. Ang pagbubukas sa mga pintuan ng Paraiso, pagsasara sa mga pintuan ng Impiyerno at ang pagkakadena sa mga demunyo ay isang tanda upang dakilain ang kabanalan ng pinagpalang buwan ng Ramadan, at ang pagkakadena sa mga demunyo ay tunay na nagaganap upang pigilin sila sa pamiminsala sa mga mananampalataya at sa pagdulot ng tukso at pagkakasalungatan sa isa’t isa.

# PAGSASATUNGKULIN NG LAYUNIN SA UBLIGADONG PAG-AAYUNO

٦٤- عَـنْ حَفْصَـةَ رَضِـيَ اللهُ عَنْهَـا زَوْجِ النَّبِـيِّ ﷺ عَـنِ النَّبِـيِّ ﷺ قَـالَ: "مَـنْ لَـمْ يُجْمِـعِ الصِّيَامَ قَبْـلَ الْفَجْـرِ، فَـلاَ صِيَامَ لَـهُ". (جامع الترمذي، رقم الحديث ٧٣٠، وسنن أبي داود، رقم الحديث ٢٤٥٤، وسنن النسائي، رقم الحديث ٢٣٣٤ ، واللفظ للترمذي، قال العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث بأنه: صحيح ).

64- Si Hafsah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah), asawa ng Propeta (ﷺ) ay nag-ulat: Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: “Ang sinumang hindi niya naitakda ang layunin sa pag-aayuno bago ang pagsapit ng (Salah sa) Fajr, siya ay walang pag-aayuno”.

At-Tirmidhi [Hadith Bilang: (730)] Abu Daud [Hadith Bilang: (2454)] An-Nasai [Hadith Bilang: (2334)].

## Ang taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya ang isa sa tinaguriang Ummul Mu’mineen (ina ng mga mananampalataya) na si Hafsah, anak na babae ng Ameerul Mu’mineen na si Umar ibn Al-Khattab, siya ay ipinanganak bago ang pagkahirang ni Muhammad bilang Propeta ng limang taon, siya ay naging mabuting asawa ni Khunais ibn Huzafah

Al-Sahamie Al-Badrie na kasamang lumikas patungong Ethiopia, pagkaraan ay tumungo sa Madinah kasama si Hafsah, siya (si Khunais) ay lumahok sa pakikipaglaban sa labanan sa Badr at Uhud, datapuwa't siya ay nagtamo ng matinding sugat na siyang naging dahilan ng kanyang pagkamatay, at naiwanan niya ang kanyang asawa na si Hafsah bint Umar sa edad niyang dalawampung taon, kaya labis na nasaktan si Umar ibn Al-Khattab sa kanyang anak na babae na batang-bata, at sadyang nagpahirap sa kanya na makita ang mga tanda ng pagkabalo na papatay nang pataksil sa kanyang kabataan, at nagsimula siyang makaramdam ng pagkaliit sa kanyang sarili sa tuwing nakikita niya ang kanyang anak na batang-bata, habang nagdurusa sa pagkakabalo, samantalang siya'y lumalasap noon ng karangyaan sa piling ng kanyang asawa, kaya pagkatapos ng kanyang takdang palugit naging palaisipan kay Umar ibn Al-Khattab ang tungkol sa kanyang kalagayan, pagkaraan ay namanhikan sa kanya ang Propeta (ﷺ); at pinaasawa sa kanya ni Umar ang kanyang anak na babae na si Hafsah, kaya natamo niya ang karangalan ng pagkakaugnay sa Propeta (ﷺ) sa

taong ika-(3) sa Hijri, at mayroon siyang naiulat na (60) Hadith sa mga aklat ng Sunnah.

At ang pinakamalaki sa mga kagalingan ni Hafsah ay ang pagkapili sa kanya bilang tagapag-alaga ng unang kopya ng Qur'an na tinipon ni Abu Bakr As-Siddiq mula sa mga kamay ng mga tao pagkaraan ng pagkamatay ng maraming mambabasa, at sa kadahilang si Hafsah ay isang babaing manunulat; siya ang naitalaga na tagabantay ng Banal na Qur'an, at nanatili sa kanya ang unang kopya ng Qur'an hanggang sa pamumuno ni Uthman ibn Affan; at pagkatapos ay hiningi sa kanya ni Uthman ang Qur'an upang ipalimbag sa lahat ng sulok sa iisang paraan na pagbasa, at pagkaraan ay ibinalik din sa kanya, at nanatili ito sa kanya hanggang sa siya ay bawian ng Allah ng buhay matapos na maihabilin ito sa kanyang kapatid na isang makadiyos at banal na si Abdullah.

Nakaugalian din ng isa sa mga tinaguriang ina ng mga mananampalataya na si Hafsah na isabuhay ang kanyang gabi sa pag-aalay ng pagsamba, pagbasa ng Qur'an at paggunita sa Allah, hanggang sa siya ay binawian ng buhay sa taong ika-(41) sa Hijri, datapuwa't may nagsasabi na siya ay yumao sa

taong ika-(45) sa Hijri sa Madinah, at si Marwan, ang tagahukom ng Madinah ang siyang nakapapagsagawa sa kanya ng Salaatul Janazah (dasal sa patay).

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Kapag ang pag-aayuno ay ubligado, gaya ng pag-aayuno sa Ramadan o pagbabayad, panata at bayad sala, sa gayon kailangang itakda ng isang Muslim ang layunin sa pag-aayuno sa gabi, at ito ay isinasapuso at hindi binibigkas, sapagka't ang pagbigkas nito ay hindi lehitimo.

2. Itinuturo ng Hadith na ito na ang ubligadong pag-aayuno ay nangangailangan ng pagtatakda sa layunin sa lahat ng bahagi ng maghapon, na kung saan ay hindi masasabi na ang isang tao ay nag-aayuno ng walang layuning naitakda sa gabi bago ang kabuuan ng maghapon, samantalang sa kusang loob na pag-aayuno ay maaaring itakda ang layunin maging ito ay sa isang bahagi ng umaga sa kondisyong hindi siya makakain ng mga nakasisira nito simula sa madaling araw.

## PAGBASA NG QUR'AN SA SALAH SA FAJR

٦٥- عَـنْ أَبِـيْ بَـرْزَةَ ﷺ قَـالَ: كَـانَ رَسُـوْلُ اللهِ ﷺ يَقْـرَأُ فِـي الْغَـدَاةِ مَـا بَـيْنَ السِّـتِّينَ إِلَـى الْمِائَـةِ آيَـةً. (صحيح مسلم، رقم الحديث ١٧٢ – (٤٦١)، وصحيح البخاري، رقم الحديث ٥٤١، واللفظ لمسلم).

65- Si Abu Barzah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: "(Kung minsan), ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagbabasa ng mga Talata (sa Qur'an) sa madaling araw (sa Salah sa Fajr) sa pagitan ng (60) hanggang (100) na talata". Muslim [Hadith Bilang: 172 – (461)] Al-Bukhari [Hadith Bilang: (541)].

## Ang taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Abu Barzah Nadhlah ibn Ubaid Al-Aslamie ayon sa pinakatumpak na pahayag, at siya ay kasama ng Sugo ng Allah (ﷺ) na nakibaka sa pagsakop sa Makkah, siya ay nanirahan sa Basra at pagkaraan ay tumuloy sa Khorasan; pagkatapos ay nanirahan naman sa Maru, nguni't pagkaraan ay bumalik siya ulit sa Basra.

Si Abu Barzah Nadhlah ibn Ubaid Al-Aslamie ay binawian ng buhay sa Basra taong ika-(30) sa Hijri bago ang pagkamatay ni Mu`awiyah, datapuwa't may nagsasabi na siya ay namatay taong ika-(64) sa Hijri.

## Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:

1. Ang Salah sa madaling araw ay ang Salah sa Fajr, ibig sabihin ay nakaugalian ng Propeta (ﷺ) na magbasa sa madaling araw ng

talata ng Qur’an minsan sa pagitan ng (60) hanggang (100) na talata.

2. Kaaya-aya ang pagsasagawa sa sama-samang pagdarasal ng may pagsaalang-alang sa kakayahan ng pinakamahinang tao sa grupo; sapagka’t hindi nais ng Allah ang pagdulot ng kapinsalaan sa mga mahihina o pagkainip ng mga nagdarasal sanhi ng haba ng pagkatayo kung ito ay naisasagawa rin naman sa pamamagitan ng iilang talata lamang, datapuwa’t napatunayan ang kahigtan ng pagpapaikli sa sama-samang pagdarasal kaysa sa mahabang pagdarasal sanhi ng pangamba mula sa pagkakainip, pagod at kahinaan ng isang nagdarasal o higit pa.

3. Dapat sa Imam (namumuno ng Salah) sa Masjid na pangalagahan ang pagkakaisa ng mga tao at paglalapit ng kanilang mga puso at pag-akay sa kanila tungo sa katuruan (ng Propeta ﷺ) nang paunti-unti, datapuwa’t ito ang mas mainam kaysa sa paglayo ng kanilang damdamin; gayon pa man, ang mga Masjid ay magkakaiba ng kalagayan, kaya maaring ang ibang Masjid ay umaangkop dito ang pagbasa (ng Qur’an) nang mahaba, samantalang sa iba namang Masjid ay hindi umaangkop ito dahilan sa pagkakaiba ng kalagayan ng mga taong nagdarasal, kaya pangalagaan ng bawa’t Imam ang kalagayan ng mga taong nagdarasal sa kanyang Masjid; huwag niyang pahabain ang pagbasa sa paraang nakakainip, datapuwa’t hindi naman kalabisang maiksi.

# MGA KABUTIHAN NG PAGPAPATIRAPA SA ALLAH

٦٦–عَـنْ أَبِـيْ هُرَيْـرَةَ ﷺ عَـنِ النَّبِـيِّ ﷺ قَـالَ: "تأكُـلُ النَّـارُ ابْـنَ آدَمَ إِلاَّ أَثَـرَ السُّـجُوْدِ، حَـرَّمَ اللَّـهُ عَلَـى النَّـارِ أَنْ تَأْكُـلَ أَثَـرَ السُّـجُوْدِ". (سـنن ابـن ماجـه، رقـم الحـديث ٤٣٢٦، وصـحيح البخـاري، جـزء مـن رقـم الحـديث ٧٤٣٧، وصـحيح مسـلم، جـزء مـن رقـم الحـديث ٢٩٩ – (١٨٢)، واللفـظ لابـن ماجـه قـال العلامـة محمـد ناصـر الـدين الألبـاني عـن هـذا الحـديث بأنه: صحيح).

66- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: “Kinakain ng Apoy (ng Impiyerno) ang anak ni Adam (ng buo) maliban sa bahaging may bakas ng pagpapatirapa, sapagka’t ipinagbawal ng Allah sa Apoy na kainin ang bahaging may bakas ng pagpapatirapa”.

Ibnu Majah [Hadith Bilang: (4326)] Al-Bukhari [Hadith Bilang: (7437)] Muslim [Hadith Bilang: 299 – (182)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito’y nabanggit na sa Hadith na ika-(13):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Napaloloob sa Hadith na ito ang kadakilaan ng pagpapatirapa sa Allah sa kadahilanang kinakain ng Apoy ang katawan ng isang Muslim maliban sa mga bahaging ito ng kanyang katawan: Ang nuo kasama ang ilong, ang dalawang kamay, ang dalawang tuhod at ang dalawang paa, sapagka't ipinagbawal ng Allah na kainin ito ng Apoy, kaya hindi kinakain ng apoy ang alinmang bahagi nito maliban sa kung ano ang ipinag-uutos ng Allah sa kanya na kainin.

2. Itinuturo ng Hadith na ito na ang Allah ay nagbigay ng parangal sa Kanyang mga alipin na nananampalataya, at binibigyan sila ng biyaya sa pamamagitan ng pagsamba at pagsunod sa Kanya, at ginawa Niya itong isang daan upang maabot nila ang Tahanan ng karangalan sa Paraiso, at tunay ngang itinangi Niya sila sa iba sa kanila sa pamamagitan ng kanilang kaliwanagan at kaaliwasan ng pagmumukha, at kagandahan ng pagkakalikha, sapagka't mananatili ang kaliwanagan na ito sa mga bahaging kanilang ipinatirapa hanggang sa Huling Araw, at ito ay kabilang sa mga kadakilaan ng pagpapatirapa sa Allah.

## KADAHILANAN NG PAGSALUNGAT SA DAAN SA SALAATUL EID

٦٧- عَـنْ جَـابِرٍ ﷺ قَـالَ: كَـانَ النَّبِـيُّ ﷺ، إِذَا كَـانَ يَـوْمُ عِيْـدٍ، خَـالَفَ الطَّرِيْقَ. (صحيح البخاري، رقم الحديث ٩٨٦).

67- Si Jabir (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: "Nakaugalian ng Propeta (ﷺ), na kapag sa araw ng Eid ay sinasalungat niya ang daan (sa pagbalik)". Al-Bukhari [Hadith Bilang: (986)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(38):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Maaaring ang wastong dahilan ng pagsalungat sa daan ay upang sumaksi sa kanya ang magkabilang daanan sa araw ng Pagkabuhay Muli sa harapan ng Allah, sapagka't ang lupa ay magsasalita sa araw ng Pagkabuhay Muli tungkol sa anumang ginawa sa ibabaw nito; maging ito man ay mabuti o masama.

2. Nararapat sa isang Muslim ang pagsunod sa Propeta (ﷺ) bilang huwaran ayon sa abot kaya niya, na kahit hindi niya batid ang kadahilanan ng kanyang ginagawa.

# ANG SUSI NG SALAH AY ANG KALINISAN

٦٨- عَـنْ عَلِـيٍّ ﷺ قَـالَ: قَـالَ رَسُـولُ اللَّـهِ ﷺ: "مِفْتَـاحُ الصَّـلَاةِ الطُّهُـوْرُ، وَتَحْرِيْمُهَـا التَّكْـبِيرُ، وَتَحْلِيلُهَـا التَّسْـلِيْمُ". (سـنن أبـي داود، رقـم الحـديث ٦١، وجـامع الترمـذي، رقـم الحـديث ٣، وسـنن ابـن ماجـه، رقـم الحـديث ٢٧٥، قَـالَ الإمـام الترمـذي: هـذا حـديث بأنـه: أصح شـيءٍ في هـذا البـاب أحسـن، وقـال العلامـة محمـد ناصـر الـدين الألبـاني عـن هـذا الحـديث بأنه: حسن صحيح ).

68- Si Ali (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Ang susi ng Salah ay ang paglilinis, at ang simula nito ay ang Takbeer (o ang pagsabi ng *Allaahu Akbar*), at ang katapusan nito ay ang Tasleem (o ang pagsabi ng *Assalaamu alaykum wa rahmatullaah*)".

Abu Daud [Hadith Bilang: (61)] At-Tirmidhi [Hadith Bilang: (3)] Ibnu Majah [Hadith Bilang: (275)]

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito:**

Siya si Abul Hasan, Ali ibn Abu Thalib ibn Abdul Muttalib Al-Hashimie mula sa Angkan ng Quraish. Siya ay isinilang sa petsa na ika-(13) sa buwan ng Rajab taong ika-(23) sa Hijri. Siya ay pinsang buo ng Sugo (ﷺ) at mamanugang sa kanya, at siya ang pinakaunang yumakap sa Islam sa mga kabataan, at nang ipahintulot ng Allah sa Kanyang Sugo (ﷺ) ang paglikas patungong Madinah, kanyang inialay ang sarili niya; sa pamamagitan ng pagtulog niya sa higaan ng

Sugo ng Allah (ﷺ) na isinasakripisyo ang kanyang sarili at buhay; kaya't inakala ng mga Quraish na siya ang Sugo ng Allah (ﷺ); subali't nang malaman ng mga Quraish na ito ay isang panlilinlang; sinaktan nila siya, nguni't hindi rin niya pinansin sa kanila iyon, bagkus nagsimula siyang ipamigay at ibalik ang mga bagay na ipinagkatiwala sa kanya ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa mga may ari nito nang malapit na siyang lumikas. Siya ay nakapagsalaysay sa mga aklat ng Sunnah ng (536) Hadith.

Siya ay may kagandahang mukha, ang kanyang mukha ay parang tulad ng sa kabilugan ng buwan sa ganda. Siya ay tumanyag sa kanyang kagalingan sa paghatol at pagbigay ng sariling opinyon sa pagpapasiya, sa kaalaman sa Aklat ng Allah, at sa pag-unawa sa mga kahulugan at pahiwatig nito, gayundin naman na siya ay naging tanyag sa katapangan, katalinuhan, kagandahan ng pagtalumpati at kahusayan sa pagsasalita, at kanyang nasalihan ang lahat ng labanan kasama ang Sugo ng Allah (ﷺ), maliban sa labanan sa Tabuk; nang siya ay hinayaan ng Sugo (ﷺ) na magpaiwan sa kanyang pamilya.

Isa siya sa sampung binalitaan ng Propeta (ﷺ) na makakapasok sa Paraiso, at isa sa mga tinaguriang Ameerul Mu'mineen (Pinuno ng mga mananampalataya), at isa sa apat na binansagang Al-Khulafa Ar-Rashidoon (mga napatnubayang Tagapaghalili), na kung saan ay

hinirang siya bilang tagapaghalili sa taong ika-(35) sa Hijri sa Madinah, pagkatapos ng pagkapaslang kay Uthman ibn Affan, at itinakda niya ang Kufa bilang kabisera nito, at siya ay nanatili sa kanyang katungkulan bilang tagapaghatol sa loob ng limang taon at tatlong buwan, datapuwa't inilarawan ang kapanahunan ng kanyang pamumuno ng kawalang-tatag na pulitika.
Pagkaraan ay sinaksak siya ng isa sa lipon ng mga Khawarij (nagbaklas sa kanyang pamumuno), habang siya ay nagdarasal ng Salah sa madaling araw sa Masjid sa Kufa; at siya ay binawian ng buhay bilang martir sa buwan ng Ramadan taong ika-(40) sa Hijri.

**Ang mga kapakinabangan ng Hadith na ito:**

1. Itinuturo ng Hadith na ito ang kabawalan ng pagdarasal nang hindi nakapagsagawa ng Wudu’ sa pamamagitan ng tubig o lupa (Tayammum), at walang pagkakaiba dito ang ubligado at kusang loob na pagdarasal, pagpapatirapa dahilan sa pagbasa ng isang Talata (Sujud Tilawah), at pagpapatirapa dahilan sa pasasalamat at pagdarasal para sa patay (Salaatul Janazah).

2. Matatagpuan sa Hadith na ito ang katagang Tahreem (pagbabawal) at katagang Tahleel (pagpapahintulot) sa Salah dahilan sa pagkakaroon ng kalituhan dito, sapagka't ang Takbeer (*Allaahu Akbar*) ay simula ng pagbabawal sa mga dating ipinapahintulot sa labas nito at ang Tasleem (*Assalamu alaykum warah matullaahi wa barakatuhu*) ay simula ng pagpapahintulot sa mga ipinagbabawal habang isinasagawa ito.

3. Tinatawag ang pagpasok sa Salah na Tahreem dahilan sa ipinagbabawal nito ang pagkain, pag-inom at iba pang bagay na nakakabahala sa isang nagdarasal, kaya hindi maaring magsimulang magdasal maliban sa pamamagitan ng Takbeer, at ito ay ang: "*Allaahu Akbar*" na may kasamang layunin.

4. Ang Tasleem ang siyang nagpapalabas sa taong nagdarasal mula sa Salah at nagpapatapos dito, bagkus nagpapahintulot sa mga ipinagbabawal habang isinasagawa ito, ang ibig sabihin ng Tasleem dito ay ang pagsabi ng nagdarasal ng: "*Assalaamu Alaykum wa rahmatullaahi*" isang beses sa kanan at isang beses sa kaliwa.

# KABUTIHAN NG PAG-AAYUNO SA ARAW NG ASHURA

٦٩- عَـنْ أَبِـيْ قَتَـادَةَ ﷺ، أَنَّ النَّبِـيَّ ﷺ قَـالَ: "صِـيَامُ يَـوْمِ عَاشُـوْرَاءَ، إِنِّـيْ أَحْتَسِـبُ عَلَـى اللَّـهِ أَنْ يُكَفِّـرَ السَّـنَةَ الَّتِـيْ قَبْلَـهُ". (جامع الترمذي، رقم الحديث ٧٥٢، وصحيح مسلم، جزء من رقم الحديث ١٩٦- (١١٦٢)، وسنن أبي داود، جزء من رقم الحديث ٢٤٢٥ ، واللفظ للترمذي، ولم يحكم الإمام الترمذي هذا الحديث بشيءٍ، وقال العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث بأنه: صحيح ).

69- Si Abu Qatadah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Katotohanan, ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: "Ang pag-aayuno sa araw ng Ashura' (ika-10 araw sa buwan ng Muharram) ay tunay na aking inaasahan sa Allah na Kanyang patawarin ang taong nasa unahan nito".

At-Tirmidhi [Hadith Bilang: (752)] Muslim [Hadith Bilang: 196 – (1162)] Abu Daud [Hadith Bilang: (2425)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(15):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ang Hadith na ito ay ipinag-aanyaya ang pag-aayuno sa araw ng Ashura' (o ang ika-10 araw sa buwan ng Muharram), sapagka't naipagkakaloob sa atin ng Allah sa

pamamagitan ng pag-ayuno sa isang araw na ito ang kapatawaran ng mga kasalanan sa (naunang) taon; ang tinutukoy na mga kasalanan (sa Hadith na ito) ay ang mga magagaan na kasalanan at hindi ang mabibigat nito.

2. Kaaya-ayang pag-ayunuhan ang ika-(9) kasama ang ika-(10) araw ng Muharram, sapagka't pinag-ayunuhan ng Propeta (ﷺ) ang ika-(10) araw at binalak na pag-ayunuhan ang ika-(9), gayon pa man, hindi masamang pag-ayunuhan ang isang araw lamang; at ito ay ang araw ng Ashura' (ika-(10) araw sa Muharram).

3. May mga kalagayan ang pag-aayuno sa Ashura'; ang pinakamagagaan nito ay ang pag-aayuno ng isang araw lamang (ang ika-10) at ang pinakamainam ay kasama nito ang ika-(9); datapuwa't ang maraming pag-aayuno sa buwan ng Muharram ang siyang mas higit at mainam.

# KALIWANAGAN NG MUKHA SA PAKIKIPAGTAGPO

٧٠- عَـنْ أَبِـيْ ذَرٍّ ﷺ قَـالَ: قَـالَ لِـيَ الـنبيُّ ﷺ: "لاَ تَحْقِـرَنَّ مِـنْ الْمَعْـرُوفِ شَـيْئًا، وَلَـوْ أَنْ تَلْقَـى أَخَـاكَ بِوَجْـهٍ طَلْـقٍ". (صحيح مسلم، رقـم الحـديث ١٤٤ – (٢٦٢٦)).

70- Si Abu Dhar (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Sinabi sa akin ng Propeta (ﷺ): “Huwag na huwag kang magkait ng anuman sa kabutihan, kahit man lang ang pagharap mo sa iyong kapatid ng maaliwalas na pagmumukha”. Muslim [Hadith Bilang: 144 – (2626)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito’y nabanggit na sa Hadith na ika-(10):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Itinuturo ng Hadith na ito sa isang Muslim na sa sandaling siya ay makipagtagpo sa kanyang kapatid na Muslim ay marapat na maging maginhawa, maaliwalas, magandang bikas sa kasiyahan at kaligayahan.

2. Kapag ang isang Muslim ay may asawa, mga anak na lalaki't babae, mga mag-aaral na lalaki't babae, o may mga empleyado o trabahador; kailangan niyang pakitunguhan sila nang maaliwalas na mukha at buong puso, bilang pagpapatupad sa dakilang Hadith na ito, sapagka't sila ay mga tao na may pakiramdam, pandamdam at mga ambisyon, kaya dapat silang binabati ng Salam ng buong kasiyahan, at sasabihin: *Assalaamu alaykum* (Sumainyo nawa ang kapayapaan)! Kumusta kayo? Sumainyo nawa ang kaginhawaan Insha Allah! Maayos ba ang lahat ng bagay? May kailangan ba kayo? Kapag nagawa ito, katiyakang mapupuno ang kanilang puso ng kasiyahan, kaligayahan at pagmamahal.

3. Ipinapaliwanag ng Hadith na ito na ang kaaliwalasan ng mukha at pagngiti sa sandali ng pakikipagtagpo ay isang kawanggawa.

# KAINAMAN NG PAGSASAGAWA SA KUSANG-LOOB NA SALAH SA BAHAY

٧١– عَـنْ زَيْـدِ بْـنِ ثَابِـتٍ ﷺ، أَنَّ النَّبِـيَّ ﷺ، قَـالَ: "صَـلاةُ الْمَـرْءِ فِـيْ بَيْتِـهِ أَفْضَـلُ مِـنْ صَـلاتِهِ فِـيْ مَسْـجِدِيْ هَـذَا إِلاَّ الْمَكْتُوبَـةَ". (سنن أبـي داود، رقم الحـديث ١٠٤٤، وصحيح البخـاري، جـزء مـن رقـم الحـديث ٧٣١، واللفـظ لأبـي داود، قَـالَ العلامـة محمـد ناصـر الدين الألباني عن هذا الحديث بأنه: صحيح).

71- Si Zaid ibn Thabit (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Katotohanan, ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: "Ang Salah ng tao sa kanyang tahanan ay mas mainam kaysa sa Salah niya sa Masjid kong ito, maliban sa ubligadong Salah". Abu Daud [Hadith Bilang: (1044)] Al-Bukhari [Hadith Bilang: (731)].

## Ang taga-ulat ng Hadith na ito:

Siya si Zaid ibn Thabit Ad-Dhahhak Al-Ansarie, isang dakilang Sahabi at tagasulat ng Wahi (Kapahayagan).

Nang dumating ang Sugo ng Allah (ﷺ) sa Madinah, si Zaid ay isang ulila na di humigit kumulang ang edad ng (11) taon, siya ay yumakap sa Islam kasama ng kanyang pamilya.

Nang Makita ng Sugo ng Allah (ﷺ) ang kanyang talino at kahusayan sa pag-aaral at pagsasaulo, pagiging mapagkatiwalaan at kawastuhan sa paghahatid ng mensahe ng may kasamang malawak na pag-unawa sa mga nababasa niya; siya ang pinagkatiwalaan niya sa

pagsulat ng Wahi na ipinapahayag sa kanya mula sa Allah na isang napakalaki at napakadakilang tungkulin.

At nang ang Sugo (ﷺ) ay magnais na ipaabot ang kanyang pag-aanyaya sa mga hari at prinsipe, at pagpapadala ng mga kasulatan sa mga hari sa kalupaan, siya ay inutusan niya na pag-aralan ang ilan sa kanilang mga wika at kanyang natutunan ito sa maikling panahon lamang, kaya naging dalubhasa siya sa maraming wika, kabilang na rito ang wikang arabik, syriac at persyano.

Ang mga kagalingan ni Zaid ay sadyang dakila, kaya napakinabangan sa Madinah ang kanyang kaalaman at karunungan, at nagkaroon siya ng matayog na katayuan dito, kaya siya ay naging respetado at kagalang-galang sa mga Muslim.

Siya ay dalubhasa sa pagsasaulo, matalino, maalam at matalas ang pag-iisip, at siya'y nakapag-ulat din tungkol sa Propeta (ﷺ), at nakapagbasa sa kanya ng Qur'an.

Siya ang pinapahalili ni Umar ibn Al-Khattab sa Madinah kapag siya ay nagsasagawa ng Hajj, at siya'y isinalang din niya sa paghahatol at naglaan sa kanya ng kabuhayan.

Si Zaid ay nakapagserbesyo ng malaking katungkulan sa kanyang mga kasamahan sa pagtipon ng banal na Qur'an sa kapanahunan ng unang Khalifah na si Abu Bakr As-Siddiq, at gayundin sa kapanahunan ng ikatlong Khalifah na si Uthman ibn Affan.

Siya ay nakapagsalaysay ng (92) na Hadith sa mga aklat ng Sunnah.

Si Zaid ay namatay taong ika-(45) sa Hijri, sa edad niyang (56) taon, datapuwa't may nagsasabi na taliwas dito.

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Itinuturo ng Hadith na ito na ang pagsasagawa sa kusang-loob na Salah sa bahay ay mas mainam, sapagka't mas malapit sa pagiging ganap ng kataimtiman at katapatan, at malayo sa pagpapakitang-tao, maliban na lamang kapag ang Salah na kusang-loob ay isinasagawa nang sama-sama tulad ng Salah sa Eclipse, Salah para sa ulan o iba pang mga Salah bukod dito; sapagka't mas mainam para sa isang Muslim na isagawa niya ito sa Masjid nang sama-sama.
2. Isinasatungkulin sa isang Muslim na magsagawa ng Salah nang sama-sama sa Masjid ng Propeta, at gayundin ang lahat ng Salah na kailangang isagawa nang sama-sama tulad ng Salah sa Eid, Salah para sa ulan, Salah sa Eclipse at Salah sa Tarawih, samantalang ang mga Salah na kusang-loob ay mas mainam na isinasagawa ito sa bahay.

## ANG KAHALAGAHAN NG APAT NA SALITA

٧٢- عَـــنْ أَبِـــيْ هُرَيْـــرَةَ ﷺ، قَـــالَ: قَـــالَ رَسُـــوْلُ اللّهِ ﷺ: "لأَنْ أَقُـــوْلَ: سُـــبْحَانَ اللّهِ، وَالْحَمْـــدُ للّهِ، وَلاَ إِلَـــهَ إِلاَّ اللّهُ، وَاللّهُ أَكْبَـــرُ، أَحَـــبُّ إِلَـــيَّ مِمَّـــا طَلَعَتْ عَلَيْهِ الشَّمْسُ". (صحيح مسلم، رقم الحديث ٣٢ – (٢٦٩٥)، ).

72- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Sinabi ng Sugo ng Allah (ﷺ): "Ang pagsasabi ko ng: *Subhaanallah, wal hamdulillaah, wa laa ilaaha illallaah, wallaahu akbar* (Kaluwalhatian sa Allah, at lahat ng pagpupuri ay sa Allah, at walang diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah, at ang Allah ay Dakila) ay higit na kaaya-aya sa akin kaysa sa lahat ng sinikitan ng araw". Muslim [Hadith Bilang: 32 – (2695)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(13):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Itinuturo ng Hadith na ito na ang apat na salitang ito ay binigyan ng Allah na partikular na dakilang pagtatangi, ipinapahiwatig nito ang kataasan ng katayuan nito, at nagtatampok ng kakaibang katangian kaysa sa ibang salita, at ang apat na salitang ito ay ang: "*Subhaanallah, wal hamdulillaah, wa laa ilaaha illallaah, wallaahu akbar*".

2. Ipinag-uutos ng Hadith na ito na dalasan ang paggunita sa Allah sa pamamagitan ng apat na salitang ito; na kung saan ay naglaan ang Allah ng malaki at dakilang gantimpala nito.

# ANG ORAS (NG PAGGUNAW SA MUNDO) AY DARATING SA MGA MASASAMANG TAO LAMANG

٧٣- عَـنْ عَبْـدِ اللّهِ ﷺ عَـنِ الـنَّبيِّ ﷺ قَـالَ: "لاَ تَقُـوْمُ السَّـاعَةُ إِلاَّ عَلَـى شِـرَارِ النَّاسِ". (صحيح مسلم، رقم الحديث ١٣١ - (٢٩٤٩)، ).

73- Si Abdullah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: “Hindi darating ang Oras (ng paggunaw sa mundo) kundi sa mga masasamang tao lamang”.

Muslim [Hadith Bilang: 131 – (2949)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito’y nabanggit na sa Hadith na ika-(3):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Itinuturo ng Hadith na ito na ang Oras ay darating sa mga masasamang tao na walang bahid na kabutihan, walang pananampalataya sa Allah at laganap sa kanila ang pakikiapid.

2. Samantalang ang mga mananampalatayang muslim ay hindi daratnan ng Oras, bagkus sila ay mamamatay bago ang pagdating ng Oras, na kung saan ay magpapadala ang Allah ng malamig at magandang hangin na huhugot sa mga kaluluwa ng mga mananampalataya, hanggang sa walang ng matagpuan na mabuting tao sa kalupaan, kaya wala ng matira dito kundi ang mga masasamang tao, at doon ay darating sa kanila ang Oras nang biglaan.

3. Ang matagumpay na grupo ng mananampalatayang lagi ng nangingibabaw sa katotohanan, sila'y mananatili sa kalupaan hanggang sa umihip ang magandang unos ng hangin na huhugot sa kanilang mga kaluluwa sa nalalapit na pagsapit ng Oras.

# KABAWALAN NG PANG-AAPI NG ISANG MUSLIM SA KAPWA MUSLIM

٧٤- عَـنْ عَبْـدِ اللهِ بْـنِ عُمَـرَ رَضِـيَ اللَّـهُ عَنْهُمَـا، أَنَّ رَسُـوْلَ اللهِ ﷺ قَـالَ: "الْمُسْـلِمُ أَخُـو الْمُسْـلِمِ لاَ يَظْلِمُـهُ وَلاَ يُسْـلِمُهُ، وَمَـنْ كَـانَ فِـيْ حَاجَـةِ أَخِيْـهِ، كَـانَ اللهُ فِـيْ حَاجَتِـهِ". (صحيح البخاري، رقم الحديث ٦٩٥١، وصحيح مسلم، رقم الحديث ٥٨- (٢٥٨٠)، واللفظ للبخاري).

74- Si Abdullah ibn Umar (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Katotohanan, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: “Ang isang Muslim ay kapatid ng isang Muslim, hindi niya ito inaapi at hindi niya rin ito pinababayaan, kaya ang sinumang nagpahalaga sa pangangailangan ng kanyang kapatid, ang Allah ay magpapahalaga rin sa kanyang pangangailangan”.

Al-Bukhari [Hadith Bilang: (6951)] Muslim [Hadith Bilang: 58 – (2580)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito’y nabanggit na sa Hadith na ika-(22):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Itinuturo ng Hadith na ito na ang pang-aapi ng isang Muslim sa kapwa niyang Muslim ay ipinagbabawal, at gayundin na ipinagbabawal sa isang Muslim ang pagtalikod niya sa kapatid niyang Muslim habang inaalipusta ito ng ibang tao o napipinsala ng anuman, bagkus kailangan niyang ipagtanggol ito at tulungan sa lahat ng nakakapinsala sa kanya.

2. Isinasalaysay ng Hadith na ito kung paano punuan ang pangangailangan ng mga tao sa abot kaya; kaya kapag ang isang tao ay nangangailangan ng makakapagpawi sa kanyang dinadalang suliranin o makakapuno sa kanyang pangunahing pangangailangan; sa gayon tungkulin ng mga Muslim na tulungan siya upang mapunuan ang kanyang pangunahing pangangailangan.

3. Nauunawaan sa Hadith na ito na ang pagbibigay kasiyahan sa puso ng mga Muslim ay naiibigan ng Allah, at Kanyang kinasusuklaman ang pagbibigay ng kalungkutan sa kanila, kaya ang dapat sa mga Muslim ay maging masigasig sa pagbibigay kasiyahan sa kanila at umiwas sa pagbigay sa kanila ng anumang nakalulungkot sa kanila.

# ANG MAGAGANDANG ASAL SA PAGTITIPON

٧٥-عَـنْ أَبِـيْ سَـعِيْدٍ الْخُـدْرِيِّ ﷺ قَـالَ سَـمِعْتُ رَسُـوْلَ اللَّـهِ يَقُـوْلُ: "خَيْـرُ الْمَجَـالِسِ أَوْسَـعُهَا". (سـنن أبـي داود، رقـم الحـديث ٤٨٢٠، قَـالَ العلامـة محمـد ناصـر الـدين الألباني عن هذا الحديث بأنه: صحيح).

75- Si Abu Saed Al-Khudrie (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, siya ay nagsabi: Narinig ko sa Sugo ng Allah (ﷺ) na kanyang sinasabi: "Ang pinakamainam sa mga pagpupulong ay ang pinakamalawak nito". Abu Daud [Hadith Bilang: (4820)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito:**

Siya si Abu Saed Al-Khudrie, Saad ibn Malik ibn Sanan Al-Ansarie Al-Khazrajie, isa sa mga kilalang Sahabah at pantas nila, ang una niyang nasalihan na pakikipaglaban ay ang labanan sa Al-Khandaq, at nakasama niya ang Sugo ng Allah (ﷺ) sa (12) labanan, at siya ay nakapag-ulat mula sa Sugo ng Allah (ﷺ) sa mga aklat ng Sunnah ng (1170) Hadith.

Si Abu Saed Al-Khudrie ay namatay taong ika-(74) sa Hijri, sa edad niyang (86) taon, datapuwa't may nagsasabing taliwas dito, at siya ay nailibing sa Baqi`.

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Dapat sa mga pinagtitipunan ay malaki at malawak na kakasya sa maraming tao nang hindi nagsisiksikan at walang kasamang pangamba at takot, upang magkaroon ng katahimikan, kapanatagan at kaliwanagan, kung kaya't ang mga malalaki at malalawak na pinagtitipunan ay mas mainam.

2. Ang ilan sa mga magagandal asal sa pagtitipon ay ang pagpili ng wastong lugar para sa pinagtitipunan, kaya hindi dapat umuupo sa mga daan, eskinita at sa mga partikular na daanan.

## MGA DIK’R SA RUKU` AT SUJOOD

٧٦- عَـنْ عَائِشَـةَ رَضِـيَ اللَّـهُ عَنْهَـا أَنَّ رَسُـوْلَ اللهِ ﷺ كَـانَ يَقُـولُ فِـيْ رُكُوْعِـهِ و سُـجُوْدِهِ: "سُـبُّوْحٌ قُـدُّوْسٌ، رَبُّ الْمَلَائِكَـةِ وَالـرُّوحِ". (صـحيح مسـلم، رقـم الحـديث ٢٢٣ – (٤٨٧)، ).

76- Si Aishah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Katotohanan, lagi nang sinasabi ng Sugo ng Allah (ﷺ) sa kanyang pagyuko at pagpapatirapa ang: “*Subboohun Quddoosun, rabbul malaa-ikati war rooh* [Kaluwalhatian sa Iyo (O Allah!), na Pinakabanal, ang Panginoon ng mga Anghel at Espiritu (Gabriel)]”. Muslim [Hadith Bilang: 223 – (487)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito’y nabanggit na sa Hadith na ika-(5):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Dapat sa isang Muslim ay magsabi paminsan-minsan sa kanyang Ruku` at Sujood ng: “*Suboohun quddoosun, rabbul malaa-ikati war rooh*” bilang pagsunod sa Sugo ng Allah (ﷺ).
2. Ang kahulugan ng As-Subbooh: ito ay hango sa salitang At-Tasbeeh na nangangahulugan ng pagdakila at pagluwalhati sa Allah sa lahat ng bagay na di-angkop sa Kanya, samantalang ang Quddoos naman ay

nangangahulugan ng kadalisayan na nagtatakwil ng lahat ng kapintasan at kakulangan, datapuwa’t ang pinapatukuyan dito na Rooh ayon sa ibang salaysay ay si Anghel Jibreel (Sumakanya nawa ang kapayapaan), siya lang ang binanggit bilang natatanging parangal para sa kanya kaysa sa ibang mga anghel, at maari din na ang ibig sabihin dito na Rooh ay tagapagtaguyod ng bawa’t buhay; na ang ibig sabihin ay: Ang Panginoon ng lahat ng mga Anghel at Panginoon ng tagapagtaguyod ng bawa’t buhay – ang Allah ang higit na Nakaaalam.

3. Sa panlabas ng Hadith na ito ay itinuturo niya na ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay lagi niyang sinasabi ang lahat ng Dikr na ito sa Ruku` at sa Sujood sa ilang pagkakataon.

4. Itinuturo ng Hadith na ito na maaring pagsamahin ang Dikr at ang Du`a sa Ruku` at gayundin sa Sujood, datapuwa’t sa sinabi ng Propeta (ﷺ) na: “Dakilain ninyo sa Ruku` ang Panginoon, ang Kataas-taasan at Kapita-pitagan at magmalabis kayo sa Sujood ng panalangin; sapagka’t malapit na matugunan sa inyo”. Muslim [Hadith bilang: 207– (479)]; samakatuwid iginigiit lang nito na ang kadalasan sa Sujood ay ang panalangin, samantalang ang kadalasan naman sa Ruku` ay ang mga Dikr, pagdakila at pagpupuri sa Allah; kaya hindi masama ang pag-du`a sa Ruku` at hindi rin masama ang pagdakila sa Sujood.

## ANG PANINIWALA SA ALLAH AT SA KABILANG BUHAY ANG SIYANG SALIGAN NG LAHAT NG KABUTIHAN

٧٧- عَنْ أَبِي هُرَيْرَةَ ﷺ أَنَّ رَسُوْلَ اللهِ ﷺ قَالَ: "مَنْ كَانَ يُؤْمِنُ بِاللّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ؛ فَلْيَقُلْ: خَيْرًا أَوْ لِيَصْمُتْ، وَمَنْ كَانَ يُؤْمِنُ بِاللّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ؛ فَلاَ يُؤْذِ جَارَهُ، وَمَنْ كَانَ يُؤْمِنُ بِاللَّهِ وَالْيَوْمِ الْآخِرِ؛ فَلْيُكْرِمْ ضَيْفَهُ". (صحيح البخاري، رقم الحديث ٦٤٧٥، وصحيح مسلم، رقم الحديث ٧٤- (٤٧)، واللفظ للبخاري).

77- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Katotohanan, ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: “Ang sinumang naniniwala sa Allah at sa Huling Araw ay marapat na magsabi ng mabuti o manahimik na lamang, at ang sinumang naniniwala sa Allah at sa Huling Araw ay huwag maminsala ng kanyang kapitbahay, at ang sinumang naniniwala sa Allah at sa Huling Araw ay dapat mag-aliw ng kanyang bisita”.

Al-Bukhari [Hadith Bilang: (6475)] Muslim [Hadith Bilang: 74 – (47)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito’y nabanggit na sa Hadith na ika-(13):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ang Hadith na ito ang pinakamalaking pamantayan sa mga pamantayan ng pangangalaga sa dila at sa pagkabukas-palad, kagandahang-loob at pagkakawanggawa.
2. Ang paniniwala sa Allah at sa Kabilang Buhay ang siyang saligan ng lahat ng Kabutihan, at ito rin ang nagbubunsod sa isang Muslim upang mapanatili ang takot at pagdakila sa Allah.
3. Itinuturo ng Hadith na ito ang pagsasabi ng mabuti, at ito'y ang lahat na ipinag-uutos ng Allah at ng Kanyang Sugo, maging ito ay kanais-nais o kaaya-aya.
4. Sadyang ang Islam ay pinapahalagahan ang mga karapatan ng kapitbahay at dinadakila ang katayuan nito, kaya inubliga nito ang isang Muslim na asikasuhin siya at pakitunguhan ng mahusay, at huwag pinsalain, maging ang kapitbahay ay Muslim o hindi.
5. Ang pag-aliw at pagharap sa bisita ay kabilang sa mga tanda ng kaganapan ng pananampalataya, at ito rin ay nagbibigay ng magandang halimbawa sa maliwanag na katangian sa mga kagandahang asal na siyang itinuturo at ipinanghihikayat ng Islam.

# ANG BABALA SA KAWALANG-BAHALA

٧٨- عَـنْ أَبِـيْ هُرَيْـرَةَ ﷺ عَـنِ الـنَّبيِّ ﷺ أَنَّـهُ قَـالَ: "لاَ يُلْـدَغُ الْمُـؤْمِنُ مِـنْ جُحْـرٍ وَاحِـدٍ مَـرَّتَيْنِ". (صحيح البخـاري، رقـم الحـديث ٦١٣٣، وصـحيح مسـلم، رقـم الحـديث ٦٣- (٢٩٩٨)، واللفظ للبخاري).

78- Si Abu Hurairah (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat: Katotohanan, ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: "Ang isang mananampalataya ay hindi natutuklaw sa iisang butas ng dalawang beses". Al-Bukhari [Hadith Bilang: (6133)] Muslim [Hadith Bilang: 63 – (2998)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(13):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ipinag-uutos ng Hadith na ito sa isang Muslim na maging maingat, masinop at mapaghanda sa lahat ng panahon, hindi dapat nalilinlang nang dalawang beses sa iisang pangyayari at umiwas sa pagiging pabaya at paulit-ulit na pagkakamali.
2. Itinuturo ng Hadith na ito na ang likas sa tao ay ang gamitin niya ang kanyang isip at kunin ang mga kadahilanan na mag-uugnay dito sa mga pagdadahilanan at resulta; na kung saan ang Propeta (ﷺ) ay tumatanggap ng Kapahayagan, datapuwa't sa kabila nito siya ay gumagawa pa rin ng mga kadahilanan; kaya siya ay nag-iisip at nagpaplano at nakikipag-tunggali sa kaaway sa kung anong mayroon siyang mga posibilidad.

# ANG PINAKAMAINAM NA DU`A PARA SA TAONG GUMAWA NG KABUTIHAN

٧٩- عَـنْ أُسَـامَةَ بْـنِ زَيْـدٍ رَضِـيَ اللهُ عَنْهُمَـا قَـالَ: قَـالَ رَسُـوْلُ اللهِ ﷺ: "مَـنْ صُنِعَ إِلَيْـهِ مَعْـرُوْفٌ، فَقَـالَ لِفَاعِلِـهِ: جَـزَاكَ اللهُ خَيْـرًا، فَقَـدْ أَبْلَـغَ فِـي الثَّنَـاءِ".

(جـامع الترمـذي، رقـم الحـديث ٢٠٣٥، قـال الإمـام الترمـذي عـن هـذا الحـديث بأنـه: حسـن جيـد غريب، وقال العلامة محمد ناصر الدين الألباني عن هذا الحديث بأنه: صحيح).

79- Si Usama ibn Zaid (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "Ang sinumang ginawan ng kabutihan, at kanyang sinabi sa gumawa nito: *Jazaakallaahu khayran* (Gantimpalaan ka nawa ng Allah ng mabuti), katotohanang siya ay nagmalabis sa pagpupuri". At-Tirmidhi [Hadith Bilang: (2035)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(36):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ang sinumang walang kakayahan sa pagbigay ng gantimpala sa sinumang gumawa sa kanya ng kabutihan at tinanggap ang pagkukulang, dapat niyang ipagkatiwala ang tungkol sa gantimpala nito sa Allah; upang siya ay magantimpalaan ng sapat na gantimpala dito sa mundo at sa kabilang buhay, at

sasabihin niya sa kanya: “*Jazaakallaahu Khayran* (Gantimpalaan ka nawa ng Allah ng mabuti)”, kapag nasabi niya ito sa kanya; tunay na siya ay nagmalabis sa pasasalamat sa kanya at naipatupad niya ang katungkulang nakapataw sa kanya.

2. Ang pagbigay ng gantimpala ay naaayon sa mga kalagayan ng mga tao, samakatwid mayroon sa kanila na ang dapat na maging gantimpala niya ay katumbas ng kanyang ginawa o higit pa, samantalang mayroon sa kanila na ang kanilang dapat na maging gantimpala ay sa pamamagitan ng panalangin sa kabutihan at biyaya, sapagka’t yaong taong may kakayahan na nagmamay-ari ng maraming kayaman at may karangalan sa kanyang mga tao; ang dapat na maging gantimpala niya ay panalangin at hindi kayamanan. Datapuwa’t ang pinakamainam na salitaan ng Du`a sa sinumang gumawa sa iyo ng mabuti ay yaong nakasaad sa Sunnah tulad ng: “*Jazaakallaahu khayran*” na ang ibig sabihin nito: Gantimpalaan ka nawa ng Allah ng mabuting gantimpala o pagkalooban ka nawa ng Allah ng kabutihan ng mundo at kabilang buhay.

## ANG PANGANGAILANGAN NG PAGSISISI

٨٠- عَـنْ عَبْـدِ اللهِ بْـنِ عُمَـرَ رَضِـيَ اللهُ عَنْهُمَـا، قَـالَ: قَـالَ رَسُـولُ اللهِ ﷺ: "يَـا أَيُّهَـا النَّـاسُ تُوْبُـوْا إِلَـى اللهِ، فَـإِنِّيْ أَتُـوْبُ فِـي الْيَـوْمِ إِلَيْـهِ مِائَـةَ مَـرَّةٍ".

(صحيح مسلم، رقم الحديث ٤٢ – (٢٧٠٢)).

80- Si Abdullah ibn Umar (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) ay nag-ulat, kanyang sinabi: Ang Sugo ng Allah (ﷺ) ay nagsabi: "O Sangkatauhan! Magbalik loob kayo sa Allah; sapagka't katotohanang ako ay nagbabalik-loob sa Kanya ng isang daang beses sa isang araw". Muslim [Hadith Bilang: 42 – (2702)].

**Ang taga-ulat ng Hadith na ito'y nabanggit na sa Hadith na ika-(22):**

**Ang mga kapakinabangan sa Hadith na ito:**

1. Ang pagsisisi ang siyang pinakamahalaga sa mga panuntunan ng Islam, at ito rin ang pinakamainam sa lahat ng Ibadah (gawang pagsamba) na naiibigan ng Allah, at dahil dito ang agad-agad na pagsisisi ay ipinag-uutos sa isang Muslim sa lahat ng pagkakasala.
2. Ang pagsisisi ay nagpapawalang sala sa mga kasalanan, at nagpapadalisay ng mga puso, at pinapalitan ang mga masasama ng mga mabubuti,

at nagpapamana sa pagmamahal ng Allah, at nagtataboy ng kasamaan tungo sa kaligayahan.

3. Dapat sa isang Muslim ay hindi nawawalan ng pag-asa sa habag ng Allah, mananatili siyang may mabuting pagtingin at pag-unawa sa Allah; sapagka’t ang tinatanggap ng Allah na pagsisisi ng tao ay yaong nagsisisi nang wagas.

4. Ipinag-uutos ng Hadith na ito ang pagbabalik-loob sa Allah, gaano man kalaki ang naging mga pagkakasala nito at pagsuway. Datapuwa’t hindi matatanggap ito sa Allah maliban kung maisaalang-alang ang mga sumusunod na kahilingan:

1- Dapat na ang pagsisisi ay maging wagas sa Allah, at huwag maghangad ng anuman sa mundo o pagpupuri ng tao.

2- Ang pagkalas sa kasalanan.

3- Ang paghihinayang sa paggawa nito.

4- Ang matibay na pagpapasiya na huwag ng balikan ito.

5- Ang pagsauli sa mga karapatan ng may ari nito, kung ang pagkakasala ay nasa mga karapatan ng ibang tao.

6- Na ito’y bago ang pagsikat ng araw mula sa kanluran, at bago lumantad ang tanda ng kamatayan.